

See discussions, stats, and author profiles for this publication at: <https://www.researchgate.net/publication/348870739>

Mga Elementong Katutubo at Pakahulugan sa mga Pananagisag sa Nagcarlan Underground Cemetery, Nagcarlan, Laguna

Article · December 2020

CITATIONS

0

READS

2,383

1 author:



[Axle Christien Tugano](#)

University of the Philippines Los Baños

35 PUBLICATIONS 16 CITATIONS

SEE PROFILE

Mga Elementong Katutubo at Pakahulugan sa mga Pananagisag sa *Nagcarlan Underground Cemetery*, Nagcarlan, Laguna¹

Axle Christien TUGANO

Asian Center, University of the Philippines - Diliman

axle.tugano@upd.edu.ph

<https://orcid.org/0000-0002-4849-4965>

ABSTRAK

Marami sa mga simbahan (*iglesia*) at libingan (*cementerio*) ang itinayo noong panahon ng mga Español sa dati nang sinasambahan at nililibingan ng mga katutubo, kung kaya bahagi pa rin ng pagtatawid sa sinaunang pananampalataya patungo sa tinatawag na Kristiyanismong Bayan (tinatawag ng ilan bilang *Folk Catholicism* o *Folk Christianity*). Dahil hindi pasibong tinanggap ng mga katutubo ang ipinakikilalang *dogma*, inangkop nila sa kanilang kinab7ihasnang kultura ang pagtanggap sa Kristiyanismo. Makikita ang ganitong pag-angkop sa sistema ng paniniwala; iba't ibang tradisyon; at konsepto ng mga bagay-bagay. Ipinamalas din nila ang bersiyon ng pagsasama o sinkretismo sa sining ng arkitektura na makikita sa mga imprastruktura katulad ng *cementerio*.

Isa ang *Nagcarlan Underground Cemetery* (NUC) ng Nagcarlan, Laguna sa mga tinitingnan bilang halimbawa ng isang magandang *cementerio* sa Pilipinas na tumutugon sa pamantayang binanggit sa itaas. Sa kabila ng imprastruktura at arkitekturang banyaga nito, mababakas pa rin ang patuloy na pagdaloy ng mga elementong pangkalinangan ng mga katutubo sa pamamagitan ng mga simbolong nakamarka at makikita sa kabuuan ng libingan. Dahil sa kulang at walang sapat na dokumentong naglalahad sa kasaysayan, ang dahilan kung bakit ilalatag at tatangkain sa pag-aaral na ito ang posibleng pagbubuo sa mga esensiyang bumabalot sa kabuuan ng sementeryo – mula sa kung sino ang gumawa, hanggang sa pagtukoy ng mga motibasyon at posibleng pagpapakahulugan sa lahat ng ito. Kung kaya't itinatampok sa papel na ito ang paraan ng pagtukoy sa mga simbolo at interpretasyon bilang metodolohiya. Tatlong bagay ang tinitingnan sa pag-aaral: (1) posibleng katutubo ang mga simbolo na makikita sa libingan na nailalarawan ng mga

¹ Isang pamanahong papel para sa kursong PS 219 (*Philippine Society and Culture*) sa ilalim ng pamamatnubay ni Prop. Mathew Constancio Santamaria, *Doctor of Law* sa Sentrong Asyano, Unibersidad ng Pilipinas, Diliman.

kosmolohiya at penomenong bumabalot dito; (2) ang posibleng impluwensiya ng ibang kultura sa pagbubuo ng libingan; at (3) posibleng talaban ng dalawang magkaibang kultura sa pagbubuo ng sementeryo.

Mga Susing Salita: Kristiyanismong Bayan, Katutubo, Simbolismo, Cementerio

INTRODUKSIYON

Malinaw sa mga pag-aaral ng mga naunang historyador at arkeologo ang pagtatala nila sa mga sinaunang paglilibing ng mga Proto-Pilipino sa iba't ibang bahagi ng kapuluan sapul pa noong 1,000 B.K. hanggang sa pagpasok ng ika-16 na dantaon. Kalakip ng mga nasabing pag-aaral ang samu't saring paraan, konsepto, at maging ang lulan ng paglilibing. Mula sa mga yungib bilang lagakan ng mga labi, dumaan ito sa pagbabago at hanggang sa pagbubuo ng mga *cementerio*. Kahit sabihin pang dumaan ang mga katutubo sa pagbubuo ng mga *pueblo* bilang konsepto ng bayan, kristiyano, at vis-à-vis sibilisasyon ng mga kolonyalistang Español, mukhang malayo sa itinadhana ng *reduccion* ni Fray Juan de Plasencia ang kasalukuyang anyo at kinaroroonan ng mga *cementerio* sa Pilipinas. Napagtagumpayan nila itong itayo bilang bagong libingan ng mga katutubo, ngunit posibleng naging sangkap din ito kinalaunan sa paggigiit ng kanilang katutubong pagpapahalaga at pagpapakahulugan sa mga bagay na pilit na binago ng mga Español sa kanilang kamalayan.

Katulad ng nabanggit, simbolo at pangangahulugan sa mga elementong matatagpuan sa kabuuan ng sementeryo ang tinatangkang tugaygayin ng pag-aaral na ito. Tinitingnan ng mananaliksik na ang mga disenyong makikita rito ay dulot ng kinamulang paniniwala ng mga Tagalog sa kosmolohiya ng kalangitan at mga penomenong nangyayari rito. Mahalagang isalang-alang ang kaalaman na mayroong tatlong salansanan ang sansinukob ng mga katutubong Pilipino ayon sa kanyang kosmolohiya – langit, mundong ibabaw, at mundong ilalim. Kadalasan, ang mundong ilalim at mundong ibabaw ay nakaugnay sa kamatayan. Ang langit at mundong ilalim bilang mga destinasyon ng mga yumao ay nakasalig din sa mga simbolo na katulad ng bolo ng igat, ahas, bakunawa, naga, laho, serpente, ibon, araw (sagisag ni Bathala), buwan (sagisag ng babaylan o katalonan), at bituin. Sa madaling salita, ang ilan sa mga simbolismong nabanggit ay maaaring ginawang disenyo ng mga katutubong manggagawa (tinitingnan bilang potensyal na ang mga Pilipino ang gumawa at nagbigay ng kahulugan sa sementeryo).

Sa kabilang banda, hindi rin ipagkakait ang posibilidad na ibang grupo ng mga tao ang gumawa at nagbigay ng kahulugan sa sementeryo. Lalo pa't ang Nagcarlan ay naging bukas sa pagpasok ng mga dayuhan, lalo na sa mga Tsino sa mahabang panahon. Panghuli, mas lalo pang dapat tingnan ang posibilidad na magkasamang nilinang ng mga katutubo at sinumang dayuhan ang kabuuan ng sementeryo.

Sumesentro ang pag-aaral sa impluwensiya ng *Kristiyanismong Bayan* sa pagbibigay ng pagpapahalaga at pagpapakahulugan ng mga katutubo/ninuman sa pananagisag na makikita sa loob at labas ng libingan. Bilang panimula, ipaliliwanag muna sa bahagi ng introduksiyon ang metodolohiya, pagtatatwa ng pag-aaral at lalo na kung paano ginamit bilang balangkas ang esensiya ng kahulugan (*meanings*). Pagkatapos nito, sisipatin ang panahon at espasyong nananalaytay sa Nagcarlan bilang piping saksi sa pagbubuo ng kanyang sementeryo. Panghuli, bilang paglalapat ng proseso ng pagpapakahulugan, hihimayin ng mananaliksik kung ano ang mga posibleng nanatiling katutubong elemento sa sementeryo na maaaring tingnan bilang sangkap ng pagtugon alinsunod sa *Kristiyanismong Bayan*. Gayundin, ilalahad ang mga naglahong elemento na noo'y ikinapamumuhay kasama ng mga katutubo, ngunit napagtagumpayan ng mga Español na iwaksi sa kanilang kamalayan na nagdala sa panibagong pagbibigay ng kahulugan na mababakas hanggang sa kasalukuyang panahon.

Metodolohiya at Pagtatatwa ng Pag-aaral

Ilalatag sa bahaging ito ang kabuuang metodolohiya ng pag-aaral. Nabuo ang paksa dulot ng pinagsamang interes ng mananaliksik hinggil sa sistema ng paglilibing, lokal na kasaysayan, at mga piling kaganapan sa panahong kolonyal. Isa sa mga suliraning kinahaharap ngayon ng mananaliksik kung ang kanilang paksang pinag-aaralan ay halos walang naisusulat na datos, kung kaya sasaligan nito ang pagbubuo ng mga historikal na hipotesis at teorya na kung saan sisikaping pag-ugnayin ang mga sala-salabat na datos tungo sa posibleng katotohanan. Sa preliminaryong pagbabalangkas ng pag-aaral na ito, gumamit ang mananaliksik ng iba't ibang metodolohiya katulad ng mga panayam/interbyu, potograpiya, at iba pang dokumento. Lalo pa't ginagamit ang mga nabanggit na metodo kung kwalitatibo ang uri ng pananaliksik.²

² William Lawrence Neuman, *Basics of Social Research: Qualitative and Quantitative Approaches* (Pearson Education, Inc., 2004), 116.

Pinahalagahan sa bahaging ito ang dalawang pangunahing metodolohiya. Una, ang pagyakap ng mananaliksik sa panimulang hakbangin ng *participant observation*. Malaki ang naitulong ng pagmamapa (*mapping*) at panimulang obserbasyon sa kapaligiran ng NUC. Sa pamamagitan ng pagmamasid mula sa kabuuan hanggang sa mga partikular na disenyo nito, nakabuo ang mananaliksik ng pagtataya [na dulot ng nagtatalabang paniniwala] hinggil sa mga disenyong nakaukit sa sementeryo. Sa tulong ng pamunuan ng Pambansang Komisyon Pangkasaysayan ng Pilipinas, naging posible na simulan ang pag-aaral na ito.³

Higit ding nakatulong ang pagsangguni sa mga primaryang batis katulad ng mga diksyunaryo (partikular ang *Vocabulario de la Lengua Tagala*) at mga talang dokumento na nasisipi sa *The Philippine Islands (1493-1898)* upang siyasatin ang nakukubling kasaysayan sa bayan ng Nagcarlan noong panahon ng mga Español. Ginamit ang mga diksyunaryo upang saliksikin ang mga terminolohiyang hindi madalas nauunawaan, naglaho na, o di kaya’y nagbabago. Naniniwala ang mananaliksik na magiging tulay ang mga ito upang suportahan at magsilbi bilang panimulang pagbuo sa mga hipotesis na pangkasaysayan. Upang susugan ang mga nakalap na datos, gumamit din ng mga panayam o interbyu ang mananaliksik mula sa iba’t ibang paham, iskolar, at eksperto sa larang at disiplinang pangkasaysayan o may kaugnayan.⁴

Sensitibo rin ang pag-aaral na ito pagdating sa usapin ng lahi o etniko. Mababakas sa halos kabuuan ng pag-aaral ang pagbanggit sa mga salitang “katutubo” at “Español”, mapapasadahan ang maikling pagtalakay sa mga “Tsino”/ “Chino”. Sa usapin ng katutubo, ginamit ito sa pag-aaral hindi bilang katumbas ng indiheniasyon⁵ bagkus ay nakabatay ito sa salitang-ugat na

³ Malaki ang naitulong ni Sarah Jane Estubo, dating kamag-aral ng mananaliksik sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas noong 2011-2015 na nagsisilbing *tour guide* ngayon sa Museo ng Libingan sa Ilalim ng Lupa. Ipinagkaloob at ipinagkatiwala niya ang mga mahahalagang dokumento na tumatalakay tungkol sa Nagcarlan. Pinahintulutan din niya ang mananaliksik na magsagawa ng ilang serye ng mga panayam noong Marso 17, 2019. Pasasalamat din kay Ginoong Ernesto Mendoza, *utility* ng nasabing museo at isang natatanging residente ng Nagcarlan, Laguna.

⁴ Kinapanayam sina Dr. Vicente Villan ng Departamento ng Kasaysayan, Unibersidad ng Pilipinas Diliman; Dr. Grace Barretto-Tesoro ng U.P. *Archaeological Studies Program* (Marso 16, 2019); Prop. Atoy Navarro ng Thammasat University, Thailand; Ryan Palad ng *Center for Tayabas Studies*; Dr. Zeus Salazar, Lorenz Lasco, Sarah Jane Estubo ng Museo ng Libingan sa Ilalim ng Lupa, Nagcarlan, Laguna; at marami pang iba.

⁵ Nagiging problematiko ang salitang katutubo kung ginagamit ang “pagsasakatutubo” bilang katumbas ng indiheniasyon (*indigenization*). Malinaw naman na ang pagsasakatutubo o di kaya’y indiheniasyon ay nanggagaling sa pananaw at perspektiba ng mga taga-labas. Maituturing na itong anakronismong pagkakamali kung ginamit nga bilang magkatumbas/magkatulad ang dalawang termino o konsepto. Ika nga, “Paano mo isasakatutubo ang isang bagay na katutubo na?”

direktang tumutukoy sa *kapwa* at *lahat ng tumubo* sa sangkapuluan o sa madaling salita, kadalasan ay yaong mga Pilipino.⁶ Sa kabilang banda, kasangkot din sa pag-aaral ang mga dayuhan katulad ng mga Español at Tsino. Gagamit ang pag-aaral na ito ng mas angkop at may kawastuhang politikal at kultural na kategorisasyon bilang pantukoy sa mga dayuhan. Halimbawa, bagama't talamak na ginagamit sa mga historikal na dokumento sa Pilipinas ang *Kastila*, mas angkop na gamitin ang *Español*. Lehitimo ang argumento dahil hindi lahat ng mga Español na nagpunta sa Pilipinas ay galing sa *Castilla* na pinagmulan ng terminong *Kastila*. Ginamit ang *Español* upang mabawasan ang pagkiling sa isang partikular na uri o barayti ng dayuhan. Gayundin, mas gagamitin sa pag-aaral ang katawagang *Tsino* (para sa mga nakatira/nagmula sa Tsina) at hindi bilang *Intsik* na kinakabitan ng deregatoryong pagtingin sa isang lahi. Ang ganitong pagtatatwa hinggil sa pagbabansag sa lahi ay hindi kalimitang naoobserbahan kapag sumusulat ng mga pananaliksik.

Panghuli, kinakailangang taglayin ng pag-aaral na ito ang natatanging pagtatatwa. Hindi nakabatay sa nasusulat na kronika o alinmang dokumento ang pagbibigay ng kahulugan sa mga elementong makikita sa mga disenyo ng sementeryo. Ibig sabihin, hindi ipinoproklama ng mananaliksik ang kanyang pag-aaral bilang direktang nakasalig sa katotohanan, bagkus isang itong pagtatangka o panukala na magiging gabay at hamon sa mga mananaliksik sa hinaharap na ituon sa mga ganitong paksa ang kanilang pag-aaral lalo na kung ito ay tumatalakay sa mga eksplisit at implisit na aspekto ng kulturang Pilipino. Kung kaya mapapansin sa halos kabuuan ng pagtalakay ay gumamit ang mananaliksik ng mga katagang *posible* at *maaari* bilang bahagi ng pagtatatwa. Sa disiplina ng kasaysayan, maaari o pinahihintulatang bumuo ng hipotesis, panukala, o teorya man hangga't nasususugan ito ng mga datos pangkasaysayan at umaakma sa reyalidad ng panahon (*time*) at espasyo (*space*) ng isang lipunan.

Esensiya ng mga Kahulugan

Malalim at makabuluhan ang pagpapahalaga ng mga sinaunang Pilipino sa kanyang kapaligiran sampu ng mga elemento at penomenong umiinog dito. Naging kabahagi ng iba't ibang grupong etniko ang kalikasan sa araw-araw

⁶ Cf. Andres Bonifacio, "Katungkulang Gagawin ng mga Z. Ll. B", nasa *Panitikan ng Rebolusyon(g 1896): Isang Paglingon at Katipunan ng mga Akda nina Bonifacio at Jacinto*, awt. Virgilio Almario (Quezon City: University of the Philippines Press, 1997), 140 at Emilio Jacinto, "Mga Aral ng Katipunan ng mga A.N.B." nasa *Mga Rebolusyong Dekalogo*, pat. National Historical Commission of the Philippines (Manila: National Historical Commission of the Philippines, 2014), 93-94.

nilang pamumuhay. Sa pamamagitan ng mga elemento o bagay na nababanaag nila sa kalikasan partikular na sa kalangitan (*i.e.* buwan, araw, at bituin), naidala pa nga nila ang pamamahilagang ito sa kanilang mga kabuhayan katulad ng pangangisda, pangangaso, at pagsasaka. Kung paano nila tiningnan ang kahalagahan ng mga penomeno sa kalangitan ay ganoon din nila ito isinabuhay sa kanilang kamalayan sa lupa at ang pagtatakda sa mga ito bilang gabay at kung minsang senyales ng mga kapahamakan sa kanilang lipunan.

Napansin ng mga Español na kroniko na unang dumating sa kapuluan ang pagpapahalaga ng mga katutubo sa penomeno ng kalangitan. Mula sa pagsamba ng mga katutubo sa kapangyarihan ng buwan, araw, at bituin hanggang sa madala nila ang pamamahilagang ito sa konkretong kalupaan, sa pamamagitan ng aplikasyon ng mga nasabing kapangyarihan sa kanilang mga kabuhayan. Bagama't naisalang ang ganitong pagpapahalaga sa ilalim ng pamantayan ng mga dayuhan bilang gawaing dyabolikal. Pilit na ipinabura sa mga katutubo ang kanilang maling paniniwala sa pamamagitan ng pagwasak at paghalina ng mga makabagong pagpapakahulugan. Inakala ng mga dayuhan na madaling wasakin ang paniniwalang ito ng mga katutubo ngunit kung gugunamin lang, mahirap alisin sa ating mga kamalayan ang isang paniniwala na matagal ng bahagi ng lipunan o di kaya'y nakapamihansan na.

Batid man o hindi ng isang indibidwal, markado na sa kanyang kolektibong kamalayan ang ganitong pagpapakahulugan kahit dumaan ang dominanteng impluwensiya ng mga dayuhan. Sa ganang ito, hindi rin maitatwa na ang ilang paniniwala ng mga katutubong Pilipino ay nagmula sa pinaghalong mga tradisyon na nagmula sa impluwensiya ng mga Kristiyano-Español/Katoliko, manakang Hindu-Budhismo, o di kaya'y Muslim-Arabe. Bagama't kailangan maging malinaw na ang pagtanggap ng mga katutubo sa ganitong impluwensiya ay hindi lantaran o direktang pag-*aako*, kundi luminang sila ng panibagong pagpapakahulugan na ayon sa kanilang sariling panlasa at kagamitan. Hindi kaagad nabura ang mga naunang alaala, kamalayan, at paniniwala ng mga katutubo hinggil sa mga penomeno ng kalangitan dahil ang pagpapahalaga rito ay naisasalin at naipapasa sa ibang henerasyon.⁷ Bagama't ang pagpapakahulugan ay nababawasan, nababago, o nalilimot dulot ng pasalin-salin na paglalahad ukol dito, hindi ito kaagad nawawala sa isang kultura na mayroong matibay na kabihansan.

⁷ Dante Ambrosio, *Balatik: Etnoastronomiya, Kalangitan sa Kabihansang Pilipino* (Diliman, Quezon City: The University of the Philippines Press, 2010), 8.

Kung gagamitin ang disiplina ng sikolohiya bilang lapit, tinitingnan nito ang kamalayan o alaala bilang isang kolektibong paniniwala o pananaw na maaaring manatili sa ating kabuuan hangga't nananatili pa rin ang mga batayan at kondisyon ng mga pagkabuo nito.⁸ Mawawala o mananatiling nariyan ang mga kaalaman hinggil sa mga penomeno batay sa pamamahalaga rito at kung angkop (pa) ito sa kasalukuyang kalagayan ng isang lipunan. Kinakailangan maging akma ang pamamahalaga sa umiiral na kalagayan ng kultura.⁹ Ibig sabihin, maaari nang tingnan na tuwirang nawala o naglaho ang katutubong pagpapahalaga sa isang penomeno kung hindi na niya ito nasisilayan, napakikinabangan, o nakasasama sa kanyang pamumuhay. Sa kaso halimbawa ng kalikasan partikular na nga ng kalangitan, malabong mangyaring mawawala ang pagpapahalaga ng mga katutubo rito dahil sa dalawang kadahilanan. Una, isa itong penomeno. Walang sinumang nilalang sa mundo ang makapagbabago sa takbo nito at patuloy nating makikita ang pagbabago at pagtakbong iinog dito kahit ilang taon at salinlahi pa ang dumatal. Pangalawa, bahagi na ng kasaysayang Pilipino ang penomenong makikita sa kalangitan na nasaksihan noong mga panahong bago pa dumating ang mga Español at hanggang sa kasalukuyan. Sa madaling salita, sa kultural na pagsakop ng mga Español sa ating mga kamalayan, nagkaroon ng mga pagbabago sa pangangahulugan sa iba't ibang elementong makikita sa kalikasan ng mga Proto-Pilipino.

PANAHOON AT ESPASYO NG NAGCARLAN

Sa pag-aaral ng mga lokal na kasaysayan, hindi dapat mawala ang maikling pagtalakay sa munting kasaysayan ng pinapaksang lugar. Panimulang hakbang ito upang maunawaan ang kasalukuyang kinalalagyan at kinasapitan nito pagkatapos ng mga siglo. Bago maging Nagcarlan ang *Nagcarlan*, dumaan ito sa mahabang yugto ng kasaysayan. Ang kanyang panahon at espasyo ay mauunawaan sa pagbabalik-tanaw kung paano ito nagsimula. Sa bahaging ito, tatalakayin ang kasaysayan ng Nagcarlan sa kanyang pamumukadkad noong bago dumating ang pananakop ng mga Español hanggang sa pagtugon nito.

Kinalalagyang Panahon at Espasyo ng Nagcarlan

Sa kasalukuyang panahon, kabilang ang bayan ng Nagcarlan sa Laguna, isang lalawigan na noo'y tinatawag ng mga katutubo bilang *Silangan*, sa pagdatal ng mga Español sa kanilang pamayanan ay kaagad silang pinangalanan bilang

⁸ Ambrosio, *Balatik*, 7.

⁹ James Fentress at Chris Wickham, *Social Memory* (Oxford: Backwell Publishers, 1992), 73.

Laguna o *ba-e* na kapwa mayroong direktang kinalaman sa katubigan partikular na sa lawa.¹⁰ Katulad ng mga tipikal na pamayanang Proto-Pilipino bago dumating ang mga mananakop, walang masyadong dokumento ang naisulat sa bayan na ito sa kadahilanang winasak at sinunog ng mga dayuhan ang kanilang mga natagong tala.¹¹ Sa kabilang banda, may ilan namang inskripsyon ang magpapatunay na kabilang na ang Nagcarlan sa mayabong na kasaysayan ng Katagalugan.

Unang nabanggit ang Nagcarlan bilang bahagi o may kaugnayan sa *Kasumuran* (mula sa Puliran).¹² Malaki ang pagkaka-ugat dito ng kahalagahan ng *Laguna Copperplate Inscription* na natagpuan sa Lumban, Laguna noong 1989. Sa pagbasa ni Antoon Postma, nabanggit sa nasabing inskripsyon ang mga sinaunang lugar na makikita pa rin hanggang sa ngayon – *Tundun* (Tondo), *Pailah* (Pila, Laguna), *Binwangan*, at *Puliran* na tinatayang mga sentro ng kalakalan sa buong rehiyon ng Katagalugan.¹³ Kailangang maunawaan na ang *kasumuran* ay isang lugar na pinanggagalingan ng tubig sa batis o balon.¹⁴ Sa *kasumuran* din matatagpuan ang mga ilog ng Bundok Banahaw at ang kabayanan ng Lukban, Nagcarlan, Liliw, Majayjay, Mauban, at Pila.¹⁵

Malaki ang pinagbago ng heograpiya ng Laguna nang pumasok na ang kapangyarihang Español. Ang kabayanan ng kasalukuyang Laguna ay ibang-iba noong panahon ng pananakop. Maaaring isinilang lamang ang bayan mula

¹⁰ Luis Camara Dery, “Foreword”, nasa *Nagcarlan in Perspective*, awt. Ernesto de Paz (Pasig City, Metro Manila: St. Faustina Press, 2012), xiii.

¹¹ de Paz, *Nagcarlan in Perspective*, 7.

¹² Naipaliwanag ni Jaime Tiongson na magkaiba ang Pulilan at Puliran. Ayon sa kanya, hindi ang buong timog silangang bahagi ng Laguna de Bay, ang binabanggit sa *Laguna Copperplate Inscription*, ang maituturing na Pulilan, kundi ang kabuuang bahagi mismo ng Laguna de Bay. Samantala, ang *Puliran/Puliran Kasumuran* ay isang rehiyon na pinanggagalingan ng tubig sa Laguna de Bay. Hindi rin ito isang indibidwal na pinaniniwalaang bilang si *Ka Sumuran* na nagmamay-ari at namumuno diumano sa kabuuang lawa ng Laguna. Cf. Jaime Tiongson, “Ang Saysay ng Inskripsyon sa Binatbat na Tanso ng Laguna: Bagong Pagpapakahulugan”, nasa *Ang Saysay ng Inskripsyon sa Binatbat na Tanso ng Laguna*, mga pat. Carmen Peñalosa at Zeus Salazar (Laguna: Bagong Kasaysayan at Pila Historical Society Foundation, Inc., 2010), 24, 32.

¹³ Tiongson, *Ang Saysay ng Inskripsyon sa Binatbat na Tanso ng Laguna*, 17-19.

¹⁴ Ang salitang *sumur* ay makikita rin diumano sa wikang Malay at Javanese, Indonesia na ang ibig sabihin din ay “pinagmumulan ng katubigan” (*i.e.* mga lugar ng Sumur Bandung at Sumur Upas sa Indonesia). Ibig sabihin, malinaw na ang salitang *sumur* ay bahagi na ng mga salitang Austronesyano.

¹⁵ Grace Barretto-Tesoro, “Ang Inskripsyon sa Binatbat na Tanso ng Laguna: Isang Pagpapakahulugan mula sa Perspektiba ng Arkeolohiya”, nasa *Ang Saysay ng Inskripsyon sa Binatbat na Tanso ng Laguna*, mga pat. Carmen Peñalosa at Zeus Salazar (Laguna: Bagong Kasaysayan at Pila Historical Society Foundation, Inc., 2010a), 101 at Tiongson, *Ang Saysay ng Inskripsyon sa Binatbat na Tanso ng Laguna*, 25.


sa isa pang bayan, naglaho, naghiwalay, o di kaya'y pinagsama.¹⁶ Sa kaso ng bayan ng Nagcarlan, hindi ito nabanggit ni Gomez Perez Dasmariñas sa kanyang *Account of the Encomiendas in the Philipinas Islands* noong 1591 hanggang 1593. Nabanggit lamang ang munting bayan ng Nagcarlan ni Padre Juan de Plasencia¹⁷ noong Oktubre 21, 1589 kung kailan niya marahil natapos o sinusulat ang kanyang mga pag-uulat tungkol sa mga katutubong Pilipino/Nagcarleño. Isang malaking *realengas* [Mapa 1] diumano ang bayan ng Nagcarlan o bahagi ng isang malaking lupain na nakalaan para sa hari na siya namang ipinagkakatiwala sa mga *encomiendero* o di kaya'y sa halal na gobernador-heneral ng bansa. Kailangan ding malaman na ang kasalukuyan at katabing bayan nito na Rizal (noo'y tinatawag bilang Pauli) ay isinilang mula sa bayan ng Nagcarlan. Sinusugan naman ito ni Sarah Jane Estubo (2019), *tour guide* ng museo sa bayan, gamit ang mga primaryang tala na sinulat ng mga paring Agustino. Ani niya, taong 1578 o mas maaga pa ay mayroon ng bayan ng Nagcarlan. Naunang buuin ang Nagcarlan kumpara sa mga bayan ng Liliw at Rizal. Maging ang kasalukuyang kinalalagyan ng bayan ng Majayjay ay sakop din noon ng Nagcarlan. Ibig sabihin, *visita* lamang ng Nagcarlan ang Majayjay at Liliw.¹⁸ May ilang tala na nagsasabing nauna ang Liliw bago ang Nagcarlan. Iba-iba man ang bersiyon, naging malinaw naman na ang mga bayang ito ay malaki ang naging ganap sa kasaysayan ng Katagalugan at ng Laguna.

¹⁶ Tinataya na ang mga lumang bayan sa Laguna ay ang Tabuco na ngayo'y sumasakop sa kasalukuyang mga bayan ng San Pedro/Tunasan, Cabuyao, Biñan, Sta. Rosa/Bucol/Sto. Domingo, at Calamba; Ba-i/Ba-e/Vahi na sumasakop noon sa mga bayan ng Los Baños/Mainit at Calauan; Majayjay/Mayay na sumasakop sa Magdalena/Ambling na Munti at Luisiana/Ibabang Nasunog; Pila na sumasakop noon sa mga bayan ng Victoria/Nanhaya, Jalajala, at Pililla; Lumbang na sumasakop sa mga kasalukuyang bayan ng Pangil, Paete (dating kasama o nasasakupan ng Lumban), Pakil (dating *barrio* ng Paete), Sta. Cruz, Pagsanjan, Kalayaan/Longos, at Cavinti; Siniloan na sumasakop sa Famy/Calumpang at Mabitac/Mabitag; at Morong/Moron na sumasakop sa Sta. Maria/Cabuoan. Cf. Gomez Perez Dasmariñas, "Account of the Encomiendas in the Philipinas Islands", nasa *The Philippine Islands, 1493-1898*, Vol. VIII, mga pat. at tsln. Emma Helen Blair at James Alexander Robertson (Cleveland: The Arthur H. Clark Company, 1903-1909, 1591), 115-117; Jean Mallat, *The Philippines: History, Geography, Customs, Agriculture, Industry, and Commerce of the Spanish Colonies in Oceania*, tsln. Pura Santillan-Castrence at Lina Castrence (Manila: National Historical Institute 1983, 1846), 157-158; at Grace Barretto-Tesoro, "Ano at Saan ang Lumban sa Pagdating ng mga Kastila?" nasa *Ang SAYSAY ng Inskripsyon sa Binatbat na Tanso ng Laguna*, mga pat. Carmen Peñalosa at Zeus Salazar (Laguna: Bagong Kasaysayan at Pila Historical Society Foundation, Inc., 2010b), 293-294.

¹⁷ Juan de Plasencia, "Customs of the Tagalog", nasa *The Philippine Islands, 1493-1898*, Vol. VII, mga pat. at tsln. Emma Helen Blair at James Alexander Robertson (Cleveland: The Arthur H. Clark Company, 1903-1909, 1589), 185.

¹⁸ Personal na komunikasyon kay Sarah Jane Estubo sa Nagcarlan, Laguna (2019, Marso 17).

Mapa 1
Mapa ng Kolonyal na Laguna



Mapang ipinagkaloob ni Lorenz Lasco sa mananaliksik noong Marso 17, 2019. Ang unang mapa ng Laguna na kung saan nakakasama ang Nagcarlan. Mula sa orihinal na *Mapa o plano de las tierras realengas entre Santa Cruz y Pila, y otras tierras hasta Lumbang, Mojon de Mahaihay, Mojon de Nagcarlan etc.* noong 1819 ng Archivo General de Indias, Sevilla, España. Malinaw na ang Nagcarlan ay isa sa mga bahagi ng *realengas* o mga malalaking lupa na itinuturing ng mga Español na personal na pag-aari ng hari ng España at maari itong ipagbili sa pamamagitan ng subastahan o *almoneda publica*.

Sa paggalugad ng mga Español sa iba't ibang nayon at kapuluan ng Pilipinas, liban sa pagmimisyon, pinasimulan na rin nila ang pagtatala gamit ng kanilang obhektibong obserbasyon sa kanilang mga paglalakbay. Tipikal na tema ng kanilang obserbasyon ang sinaunang paniniwala at relihiyon ng mga Pilipino. Nakasamang naobserbahan maging ang sistema ng paglilibing at kung ano ang kabuang esensiya nito sa kanilang lipunan.

ANG NAGCARLAN UNDERGROUND CEMETERY SA PANAHOON AT ESPASYO

Mahalaga ang papel na ginagampanan ng mga sementeryo sa kalinangan at kasaysayang Pilipino, maliban sa ito ang huling hantungan ng mga yumao, ito rin ang magsisilbing tagapag-ugnay at mag-uugnay sa mundo ng mga patay at buhay.¹⁹ Kinakailangang tingnan ang mga sementeryo sa lente ng panahon (time) at espasyo (space). Malinaw na nagbabago ang mga kaganapan sa kasaysayan depende kung paano ito tingnan at kilalanin ng isang indibidwal. Tunay ding obhektibo ang pagbabago ng panahon, nababanaag naman ito sa pamamagitan ng ebolusyong nagaganap sa kabuuang daloy ng lipunan. Mabagal at subhektibo ang paggalaw ng espasyo. Nananatili ang espasyo bilang isang entablado ng lahat ng kaganapan sa kasaysayan na itinadhana ng bawat panahon. Kung ilalapat ang ganitong pagbabanghay sa mga libingan ng mga katutubong Pilipino (halimbawa ng mga Tagalog), nagbago ang panahon (katutubong kabihasan tungo sa kolonyalismo) ngunit hindi ang espasyo ng mga libingan. Nanatili ang ebidensiya ng pagpapahalaga sa paglilibing ng mga Pilipino-Tagalog at makikita ito sa mga sementeryo na nasisilayan pa rin hanggang sa ngayon. Sa bahaging ito, ipaliliwanag ang sinaunang paniniwala at paglilibing ng mga katutubong nasa Laguna partikular na ng mga Nagcarleño at kung paano sila sumailalim sa pagbabago ng panahon at espasyo ng kanilang paglilibing.

Sinaunang Paniniwala at Paglilibing ng mga Nagcarleño

Tinataya na noong 1572 nang unang dumatal ang mga Español sa mga pamayanang matatagpuan sa pangpang ng Laguna de Bai lalo na sa bayan ng Lilio (Liliw). Pagkatapos kubkubin ng mga Español ang Maynila, narating nila ang Laguna sa pamumuno ni Juan de Salcedo kasama sina Juan Bañol at Fray Martin de Herrada (Rada). Kailangang mailahad sa kasaysayan na ayon sa tala, ang nagngangalang Juan Masulong ang unang naging Kristiyano sa Liliw.²⁰

¹⁹ Michelle Eusebio, "Colonial Period Cemeteries as Filipino Heritage", nasa *Himlayan, Pantiyon, Kampong Santo, Sementeryo: Exploring Philippine Cemeteries*, pat. Grace Barretto-Tesoro (Diliman, Quezon City: The University of the Philippines Press, 2016), 173.

²⁰ Cf. Carlos Quirino at Mauro Garcia, "Narrative of Mr. Juan Masolong, First Christian of Lilio, Laguna and the Founding Town in 1572: An 18th Century Manuscript, Translated and Annotated, with a Complete Transcription of the Original Tagalog Text" *The Bulletin of the Philippine Historical Association* (1958): 19-20 at Jean-Paul Potet, *Seventeenth-Century Events at Liliw* (Raleigh, North Carolina: Lulu Press, Inc., 2012), 41. Pasasalamat ng mananaliksik kay Lorenz Lasco na siyang nagbigay ng dokumentong ito noong Marso 15, 2019. Isang kontrobersiya ang dokumentong ito. Lihim na inilimbag nina Carlos Quirino at Mauro Garcia noong 1958 ang talang magtatalakay sa

Ngunit kinalaunan maituturing ni Masulong na siya ay nalinlang ng mga Español dahil ang inakala niyang bautismong iginawad sa kanya ay senyales ng pakikipagkaibigan ng mga dayuhan ngunit isang hudyat pala ng pagtanim ng kapangyarihang kolonyal. Nagtagumpay ang mga Español sa kanilang misyon sa Liliw at kinasangkapan nila ang mga bautismadong katutubo upang puntahan ang Nagcanlang (Nagcarlan) at planuhing sakupin at gawing Kristiyano. Hindi tinanggap ng mga katutubong Nagcarleño ang puwersa ng mga Español kung kaya't nagkaroon ng engkwentro sa pagitan ng dalawang panig. Inilarawan ito sa mga ganitong pahayag:

[Nang dumating na sa Nagkanlang ang mga Kastila, ay narinig dito sa Lilio ang pagtugtog sa Nagkanlang, at putok ng mga baril at lumaban ng pagbaka ang mga taga-Nagcanlang, at nagkuta doon sa tabi ng talahibing. Ay yaong isang maginoong ang tawag ay si Manlaguilao ay may-aring baril na ang pangala'y deCadma na ito'y binili sa Burnay ay binaril niya ang mga Kastila. Ay nang gumanti na mamaril ang mga Kastila na dinoonan ng mga bala, ay namatay si Amang Laguilao, at ang ibang mga taong kasama niya, at nagsipagtakbo nang umalis at tumakas, at naparoon sa lupang, ang ngala'y San Lucas. Nawalan ng bihag ang mga Kastila liban sa isang lalaking piohin [alipin] na dinala dito sa Lilio.²¹

Mapapansin din ang kahalagahan at naging tulong ni Juan Masulong upang ilahad at ilarawan sa mga Español ang katutubong paniniwala at relihiyon ng Nagcarlan. Malinaw na mahirap ipaunawa sa mga katutubong Nagcarleño ang Kristiyanismo kung bakit nagkaroon ng mga kaguluhan sa dalawang panig. Napansin ng mga Español lalo na ni Juan de Salcedo ang pagpapahalaga ng mga katutubong Nagcarleño sa kanilang paniniwala. Itinanong ni Juan de Salcedo kay Juan Masulong kung ano ang paniniwala ng mga katutubo. Napansin ng mga Español ang pagpapahalaga nila sa *likhang mga tatao* (likhang tao) na inaari ng mga katutubo bilang larawan [o posibleng Diyos na nga]. Nailahad ni Juan Masulong ang kabuuang larawan ng paniniwala. Ani niya: pahayag:

[...ay saka nakita yaong likhang mga tatao na inaaring larawan ng mga tao sa una, ay ipinakuha niyong Heneral at ipinabitin sa itaas ng niyog, at pinagbabaril niyong mga Kastila at bago ipinasunog. At saka tumanong sa mga tao kung anong Diyos ang kanilang

kasaysayan ni Juan Masulong at pagsisimula ng kasaysayan ng Lilio (Liliw) at Nagcanlang (Nagcarlan). Inilimbag ito sa titulong *Juan Masulong, First Christian of Lilio, Laguna, and the Founding of the Town in 1572*. Limampung (50) kopya lamang ang naimprenta (Cf. Potet, *Seventeenth-Century Events at Liliw*, 41). Ayon sa tala, nang dumating ang mga Español sa puwersa ni Juan de Salcedo (kasama sina Francisco Oroquin at iba pa) sa Laguna de Bay/-i/e, namataan nila si Masulong/Masolong kasama ang anak nito na si Kasimbag sa pangpang ng Lawa ng Pulilang. Panganay na anak ni Gat Tayaw/o, bumuo ng Lilio/w, si Juan Masulong. Nabinyagan bilang Kristiyano si Masolong.

²¹ Quirino at Garcia, *Narrative of Mr. Juan Masulong, First Christian of Lilio, Laguna*, 21-22.

sinasamba, ay ang sagot ni Don Juan Masolong, ay bagaman maraming mga Diyos ang kanilang iginagalang na tinuturang mga bathala, ay ang lalo sa lahat na kanilang sinasamba, at iginagalang ay ang Bathalang Maykapal (samakatuwid kung baga ngayon, ay ang Diyos na may-gawa sa lahat). Ay si Don Juan Masolong ay binigyan ng Heneral Don Juan de Salcedo ng isang krus na tumbaga, at ito (aniya) ang inyong ingatang magaling at siya mong sandatahin, at bago ipinagbili pang muli na tipunin ang karamihang tao, at huwag matakot at kung dumating ang mga padres magsipabinyag ang lahat.²²

Hindi naglaon, bahagyang naging mahinahon ang mga Nagcarleño sa pagdating ng mga Español. Nagpabinyag ang ilan sa kanila at isinabuhay ang pagiging Kristiyano. Ang malawakang pagwasak ng mga Español sa mga idolo (*larawan*) ng mga Nagcarleño ay naging hudyat ng pagtatapos ng kanilang pakikipaglaban o pagsuko na rin sa kamay ng mga Español. Sumuko ang pinuno noon na si Tumalad/Tumalar at kinilala ang kapangyarihan ng mga dayuhan.²³ May ilang tala na nagsasabi halimbawa, nang naging Kristiyanong bayan ang Liliw at Nagcarlan, mas nanatili ang mga prayle sa huli. Walang naitayong simbahan sa Liliw kung kaya't ang mga katutubo ay nagpupunta sa Nagcarlan upang dumalo sa misa at maglibing ng kanilang bangkay.²⁴

Isinabuhay din maging ng mga katutubong Nagcarleño ang sinaunang paglilibing ng mga yumao. Ipinamalas ng NUC ang tala ukol dito. Makikita na ang paglilibing ng mga sinaunang Tagalog ay ganito: pahayag:

...noong sinaunang panahon, unang inilibing ang mga pumanaw sa tabi ng bahay. Nakabatay ang mga sumunod na paglilibing sa estado ng namatay. Ang larawan ng kamatayan bilang paglalakbay ay ipinakita ng kabaong bangka lalo sa Timog Luzon [nilalagyan ng mga pabaon]. Bahagi ng ritwal ang inuman at kainan, gawaing itinuring ng mga Español na pagano.²⁵

Naglilibing ang mga sinaunang Pilipino malapit sa kanilang bahay samantala ang iba ay inilalagak ang mga buto sa itaas ng kanilang bahay. Mapapansin sa kabahayan ng mga katutubo ay mayroong itaas; ibaba kung saan natutulog ang mga tao; at ilalim na nilalagyan ng mga hayop. Ang tulugan ay hindi nakadikit

²² Quirino at Garcia, *Narrative of Mr. Juan Masolong, First Christian of Lilio, Laguna*, 23–24.

²³ Potet, *Seventeenth-Century Events at Liliw*, 43.

²⁴ Potet, *Seventeenth-Century Events at Liliw*, 44–45.

²⁵ Grace Barretto-Tesoro, “A Survey of Literature on Indigenous Burial Practices and their Archaeological Implications”, *Kasarinlan: Philippine Journal of Third World Studies* 15, blg. 2 (2000): 101 at *Exhibit Text* ng Libingan sa Ilalim ng Lupa ng Nagcarlan (ET-MLILN), Samu’t saring *exhibit text* tungkol sa kasaysayan ng Nagcarlan at Sementeryo (2019, Marso 17).

sa ibaba/sahig bagkus ito ay sinusuportahan ng apat na paa bilang mga haligi. Kung papansinin ang disenyo ng mga unang bahay, sumasalamin din ito sa tatlong salansanan ng daigdig ng mga Austronesyano – kaitaasan, kalupaan, at kailaliman. Ninanais ng mga katutubo na makausap ang kanilang mga yumaong kaanak kung bakit ito inilalagak malapit sa kanilang tahanan. Napansin ito ng mga misyonerong Español. Mahirap sa kaparian na ipaliwanag sa mga katutubo ang kaibahan ng buhay at kamatayan [ikalawang buhay din para sa mga katutubo]. Nananalaysay pa rin sa kanila ang paniniwala na babalik sa tahanan ang *kalag* o kaluluwa ng kanilang mga patay. Sa kabila ng pagtuturo ng mga Español na ipagdasal ang kanilang yumao sa simbahan at idaan sa rosaryo, hindi ito lubusang nauunawaan ng mga katutubo kung kaya't nagpapatuloy pa rin sila sa ganoong tradisyon.²⁶

Malinaw ang ganitong paniniwala sa mga Nagcarleño. Isa sa mga pinaniniwalaang bersiyon ng etimolohiya ng Nagcarlan ay ang *kanlang* o isang instrumentong tila isang tambol na pinapatugtog ng mga katutubong Nagcarleño sa tuwing tinatawag nila ang kaluluwa ng kanilang mga yumaong ninuno o nag-aalay sa mga ito.²⁷ Sinasabayan nila ito ng seremonya katulad ng pagsasayaw, pagkakanta, at paghahanda ng iba't ibang uri ng inumin at pagkain.

Naobserbahan din ng mga Español ang mga sinaunang ritwal ng mga katutubo hinggil sa pag-aalay o pagpapahalaga sa mga namayapang ninuno. May ilang tala mula sa arkeolohiya na ang mga katutubong naninirahan sa Laguna de Ba-i/y ay nagsasagawa na ng pagsusunog sa patay (*cremation*) na maaari nilang namana o nakuha mula sa tradisyong Hindu-Budhismo.²⁸ Inilalagak nila ang mga abo sa butas o di kaya'y isinisilid sa mga seramiko. Madalas nakikita ng mga arkeologo ang ganitong mga ebidensiya sa Pila, Ba-i/y, at Lumban. Liban sa mga pagsusunog, may pag-aalay ding isinasagawa ang mga katutubo ng Laguna. Sa isang hukay sa baybayin ng Laguna de Ba-i/y ay mayroong natagpuang kalansay ng isang buwaya na tila бага mayroong isinagawang ritwal sa paraan ng paglilibing. Ang buwaya ay inililibing ng mga Tagalog parang isang ninuno (o alay para sa mga ninuno) dahil sa paniniwala na ang buwaya [o butiki, tuko, o geeko] ay nagsisilbing representasyon ng mga

²⁶ Manolo Vaño, *Christianity, Folk Religion, and Revolution: An Oppressed Nation's Struggle for Liberation* (Quezon City: Giraffe Books, 2002), 50.

²⁷ *Audio-Visual Presentation* ng Museo ng Libingan sa Ilalim ng Lupa Nagcarlan (AVP-MLILN), 2016. Pinanood ng mananaliksik (2019, Marso 17).

²⁸ Timothy James Vitales, "Archaeological Research in the Laguna de Bay Area, Philippines", *Hukay: Journal for Archaeological Research in Asia and the Pacific* 18 (2013): 72.

ninuno.²⁹ Ang tinutumbok ng argumentong ito ay payak. Nananatili pa rin ang ganitong ritwal ng paglilibing kahit Kristiyano na halos ang paniniwala ng mga katutubo at bautismado na. Noong mga taong 1600 o *Panahon ng Kalakalan* hanggang sa huling bahagi ng mga taong 1700, malinaw na nakikita ng mga Español na hindi mabura-bura ang mga orihinal na paniniwala ng mga Tagalog sa paglilibing. Anupaman, kahit sa sistema ng paglilibing, binago ng mga Español ang paniniwala rito ng mga katutubong Tagalog halimbawa ng nangyari sa Nagcarlan, Laguna.

Kolonyal na Paniniwala at Paglilibing ng mga Nagcarleño at Pagbubuo ng *Cementerio*

Katulad ng ibang kabayanan/banwahan sa Pilipinas, nagkaroon ng pagbabago sa paniniwala at paglilibing ang mga Nagcarleño. Maliban sa niyakap nila ang mga kaugaliang Kristiyano sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga pista at pagpupugay sa kanilang mga patron o pintakasi (San Bartolome at San Diego), tinangkilik din nila ang makabagong pagtingin sa patay at sa proseso ng paglilibing.

Humigpit ang institusyon ng mga prayleng Español hinggil sa paniniwala at relihiyon ng mga katutubong Pilipino. Liban sa mga patuloy nilang ipinatutupad ang mga kautusan hinggil sa mga ipinagbabawal na gawi na kanilang iwinaksi sa kamalayan ng mga katutubo, inilapat din nila ang mga pagbabawal sa paraan ng mga kumpisalan. Ang mga bagong binyag na Kristiyanong Tagalog ay dumadaan sa mahigpit na paggabay ng mga Español mula sa pagpapaalala ng kung ano ang gawi ng isang sibilisado at ano ang para sa mga pagano. Ang pangungumpisal ay tiningnan noon bilang isang paraan ng paglilinis ng madawag na kalupaan ng kalooban.³⁰ Sa *Confessionario* (1787) halimbawa ni Gaspar de San Agustin, iniisa-isa nito ang pagmamatyag sa mga katutubong Pilipino sa kung paano nila isinasagawa ang mga katuruan ng simbahan. Kinailangan nilang maging espesipiko upang matunton ang maling pagsasabuhay ng mga katutubo sa katuruan ng simbahan. Makikita sa mga sumusunod na talata ang naging katanungan o paninigurado ng mga paring

²⁹ Personal na komunikasyon kay Lorenz Lasco sa e-mail (2019, Marso 15). Si Lasco ay isang *Autronesian Culture Specialist* na sumusulat ng mga saliksik at naglalakbay sa mga Autronesyanong bansa katulad ng French Polynesia, Rapa Nui, at iba pa.

³⁰ Francis Gealogo, "Kasalanan sa Ikaanim na Utos: Katawan at Katauhan sa Diskurso ng mga Tekstong Historikal Noong Ika-19 na Dantaon", nasa *Kababaihan sa Kalinangan at Kasaysayang Pilipino*, mga pat. Mary Dorothy Jose at Atoy Navarro (Quezon City: C & E Publishing Inc., 2010), 69.

Español kung tinalikdan na talaga ng mga katutubong Tagalog ang paganong paniniwala.

Madalas na nagiging subkhetibo ang pagtatanong ng mga prayle sa mga Pilipino:

Yniybig mo ang P. Dios na lalo sa lahat?³¹
 Sinasangpalatayanan mo, t, ynaasahan, at pinananaligan mo siya?
 May sinosonod ca anomang asal nang manga matatanda, na dating ybinabaval nang mga Padre?³²
 Cun nagbigay caya nang sandatang ycapapacasama nang yba?³³
 Nagocol ca, o nagpaocol nang sandata?
 Cun baga hindi siya sungmasangpalataya, cun tiquis nagaalangalang sa alin mang aral na pinasasangpalatayanan nang Santa Iglesia, at cun macaylan caya?
 Cun sungmasangpalataya siya sa panaguimpan, cun pagma manoc.³⁴

Lagi ring ipinapaalala ng mga prayle sa mga katutubong Pilipino (o Tagalog) ang mga tuwid na katuruan hinggil sa paniniwala at tamang pagsamba. Malinaw na pinapaulit-ulit ng mga prayle na ang pagsamba sa mga elemento ng kalangitan ay isang dyabolikal na gawain. Iwinaksi rin nang tuluyan ang paghingi ng tulong at payo ng mga katutubo sa mga intelektuwal ng bayan katulad ng mga babaylan at katalonan. Pilit na ikinintal sa ating kamalayan ang mga sumusunod na kautusan:

Ang sungmasamba sa bovan, at sa arao, at napanonono sa buaya, at namamanginoon sa yba liban sa P. Dios
 Ang nagaanito, hungmaharap caya sa pagaanito, nagnanasa cayang humarap; ang napapagamot sa catalonan
 Ang nagnanacao nang balang ari cang mangagavay, na ygagamot sa cataoan
 Ang nanhihimalad at ang napahihimalad, na sinasangpalatayanan nila
 Ang nagaari nang pamayinan, at nang anomang mantala

³¹ Makikita ito sa *Caonaonahang Caoutosan ng Dios*. Naglalaman ito ng mga mahigpit na kautusan sa mga katutubo na iisang Diyos lamang ang kanilang dapat paniwalaan at itangi.

³² Ang tinutukoy dito na *anomang asal nang manga matatanda* ay yaong mga katutubong paniniwala na patuloy na isinasagawa ng mga Pilipino. Maaaring itinatanong ito sa mga nakakabatang katutubo na pilit na tinatangalan ng kaalaman sa mga sinaunang tradisyon at paniniwala ng *manga matatanda*.

³³ Ang sandatang tinutukoy ay maaaring agimat, anting-anting, o anumang uri ng panabit sa leeg na nagtaglay ng kapangyarihan na madalas napapansin ng mga Español kung kaya't pinalitan nila ito ng rosaryo. Tinuturuan ng mga nakakatanda ang mga nakakabata sa esensiya ng mga panabit sa leeg at kung anong mga kapangyarihan ang taglay nito.

³⁴ Cf. Gaspar de San Agustin, *Confessionario Capioso en Lengua Española y Tagala, para Direccion de los Confesores, y Instruccion de los Penitentes* (Sampaloc: Convento de Nuestra Señora de Loreto, 1787).

Ang sungmasangpalataya sa panguimpan, at sa pagmamanoc
manoc

Ang sungmosonod nang anomang asal nang manga matatanda na
dating ybinabaval nang manga Padre.³⁵

Katulad ng pagbabago sa kabuuang konsepto ng paniniwala ng mga katutubo, nakaramay din sa pagbabagong ito ang pagyakap sa ipinakilalang sistema ng paglilibing ng mga Español. Isa ang mga Tagalog lalo ang Laguna (Nagcarlan) sa sumailalim sa ganitong uri ng transisyon.

Kinilala ng mga Nagcarleño ang *lamayan* na madalas makikita sa rehiyon ng Katagalugan. Sa tradisyon ng *lamayan*, naglalaan ang mga tao lalo na ang pamilya ng isang gabi upang ilagak pansamantala ang kanilang yumao sa kanilang bahay. Nagsisindi ng kandila at nagdadalamhati nang sabay ang mga kaanak at malalapit na kaibigan.³⁶ Sa pagtataya ng mananaliksik, maaaring iugnay ang *lamay* sa *damay* (lamayan + damayan) dahil kapwa ito tumutugon sa pagsasama-sama at pagdadamayan o paghuhugpong ng mga simpatiya ng bawat isa. Sa kaso ng mga Nagcarleño, ang *lamayan* o posibleng *damayan* ay maipapakita sa pamamagitan ng pagbibigay ng pera sa namatayan na tinatawag nila bilang *abuloy sa patay*.³⁷

Tulad ng itinadhana ng Kristiyanismong Bayan, hindi kaagad nawawalay ang sinaunang paniniwala ng mga Nagcarleño na idinikit nila sa relihiyong tumatakwil sa esensiya at presensiya ng mga nilalang. Kahit sabihin pang sagrado para sa mga Katoliko ang *lamayan*, naniniwala pa rin ang mga Nagcarleño na kinakailangang bantayan ang bangkay ng isang yumao dahil maaari itong kunin ng *aswang* (tinatawag sa ibang lugar na *balbal*)³⁸ o mga impakto.

Malinaw na sa panahon ng mga Español, nagkaroon na rin ng isang sentralisadong libingan na tatawagin kinalaunan bilang *cementerio*. Hindi katulad ng sinaunang paglilibing ng mga Pilipino, makikita sa mga libingang

³⁵ San Agustin, *Confessionario Capioso en Lengua Española y Tagala*.

³⁶ de Paz, *Nagcarlan in Perspective*, 52.

³⁷ de Paz, *Nagcarlan in Perspective*, 52.

³⁸ Isa itong uri ng halimaw o diyablo na kumukuha ng katawan ng patay (bangkay) sa tuwing walang nagbabantay dito. Upang linlangin ang mga kaanak, pinapalitan ng balbal ng katawan ng puno ng saging ang kinuhang bangkay. Malalaman lamang na wala na ang bangkay sa kabaong sa oras na binuksan ito. Ayon sa paniniwala ng mga Pilipino, ang balbal ay nangunguha pa ng bangkay kahit nakalibing na ito sa nitso. Kung kaya't bilang pangontra nilalagyan ang bangkay ng mga matutulis na bagay katulad ng kutsilyo na siya namang kinakatakutan ng mga balbal.

Español ang dibisyon ng kapangyarihan, kaayusang panlipunan, at pagkatao ng mga Pilipino. Mababakas sa kanilang mga sementeryo ang pagkahahati-hati ng mga tao ayon sa estado nito sa lipunang kanyang kinabibilangan. Mula sa pagsasagawa ng mga mapaghating mga seremonya katulad ng *dapit* (pagdadala ng mga pari sa bangkay mula sa tahanan hanggang simbahan) at *patong sa tumba* (pagdadala sa sementeryo) na kadalasan ay ginagawa lamang sa mga mayayaman, nagkaroon din ng pagkakahati ang lipunang Nagcarleño sa pamamagitan ng mismong istruktura ng NUC.

Sa pagkakataong ito itinayo ang NUC. Itinayo sa kasalukuyang Barangay Bambang ang sementeryo noong 1845 sa mandato at kautusan ng Pransiskanong prayle na si Vicente Velloc dahil sa labis niyang pagmamahal sa sining at tinatayang inspirado siya ng tanyag na libingan noong ika-17 dantaon na *Cimitero dei Cappuccini* sa *Santa Maria della Concezione*³⁹ sa bahagi ng Europa noong panahon ni Papa Urban XIII.⁴⁰ Tinatayang nakasunod sa sistemang *Baroque* ang disenyo ng sementeryo at mayroong apat na salansanan (*layer*) ang bawat libingan na binubuo ng 276 na mga nitso. Ang sementeryo ay maaaring pinahalagahan din ng mga katutubo. Sa isang aklat ni Paul de la Gironiere noong 1862, inilahad niya ang kanyang paglalakbay sa Majayjay at doon niya narinig ang minsang sinabi ng katutubo sa kanya hinggil sa itinayong sementeryo ng mga Español:

Ito ang aming huling himlayan; nais ng aming butihing kura paroko na magkaroon kami ng libingang walang katulad sa Pilipinas.⁴¹

Malinaw naman sa pahayag na ninais lamang ng kura paroko na magkaroon ng libingang “walang katulad” ang mga katutubong Tagalog. Kung susumpungin, tinanggap kaya ito ng mga katutubo o dili’y tumuligsa sa ganitong konsepto at plano. Malinaw din na hindi mga Español ang nagtayo ng sementeryo. Maaaring superyor sila sa pag-uutos ngunit hindi sa pagtatakda ng kabuang konsepto ng sementeryo – mula sa mga disenyo hanggang sa

³⁹ Itinayo ang *Cimiteri dei Cappuccini* sa *Santa Maria della Concezione* sa ilalim ng pamunuan ni Papa Urban XIII noong 1626. Sa kautusan ng kanyang kapatid na si Cardinal Antonio Barberini, inilipat at inilagak noong 1631 ang lahat ng labi o buto ng kaparian sa isang kripta (*ossuary*) na kanilang ipinahukay pa sa *Via dei Lucchesi*. Tila isang katakumba ang kripta dahil ang lahat ng mga buto ay iniligay sa mga dingding nito. Tinatayang nasa 4,000 ang bilang mga paring inilibing dito mula 1500 hanggang 1870. Sa mga ganitong taon pinahintulutan na ng Simbahang Katolika na maglibing sa loob at ilalim ng simbahan (*Cf. de Paz Nagcarlan in Perspective*, 62).

⁴⁰ de Paz *Nagcarlan in Perspective*, 56, 62 at *Souvenir Pamphlet* ng Museo ng Libingan sa Ilalim ng Lupa Nagcarlan (SP-MLILN), w.tn. Inakses ng mananaliksik (2019).

⁴¹ Paul dela Gironiere, *Journey to Majayjay*, tsln. Emilio Aguilar Cruz (Manila: The National Historical Institute, 1983). Nasa *ET-MLILN*.

pagpapakahulugan sa mga ito. Sa ganang ito, tatalakayin ang pagpapakahulugan sa Kristiyanismong Bayan na posibleng makikita sa arkitektura at mga arkitekto nito.

ANG ARKITEKTURA AT MGA ARKITEKTO BILANG SANGKAP NG KRISTIYANISMONG BAYAN

Kahit sumailalim ang katutubong pamayanan sa kapangyarihan at impluwensiya ng mga Español, hindi basta-basta nawawala sa ating kamalayan ang paniniwalang kinabihasan.⁴² Lalo na sa usapin ng Kristiyanismo, hindi ito direktang tinanggap ng mga katutubo. Tinanggap o isinabuhay man, ngunit inangkop pa rin ito sa sariling pamamahala at paniniwala. Ang ganitong sistema ay tinatawag bilang *Folk Christianity* o *Folk Catholicism* ng iilang iskolar. Sa ganang iba, mas angkop diumano na tawagin bilang Kristiyanismog Bayan lalo pa't naka-ugat naman talaga sa bayan ang paniniwala at mga pagbabagong umiinog dito.

Mahalagang bigyang-pakahulugan ang esensiya ng Kristiyanismong Bayan. Hindi ito simpleng katumbas lang ng *Folk Christianity* o *Folk Catholicism*. Sa pakikipag-usap ng mananaliksik kay Prop. Atoy Navarro ng Thammasat University nabanggit niya ang tunay na esensiya ng Kristiyanismong Bayan bilang:

...pagsusuma ng mga pananampalataya, paniniwala, at pananalig kay Hesukristo na may pag-uugat sa bayan. Ibig sabihin, malinaw ang mga elementong katutubo ngunit may pag-aangkin sa mga elementong Katoliko-Kristiyano. Hindi ito simpleng sinkretismo o pagsasama-sama o amalgamasyon ng mga elementong katutubo at Katoliko-Kristiyano na katulad ng sinasabi ng mga ilan. Sa halip, malinaw sa Kristiyanismong Bayan na katutubo ito sa kaibuturan ngunit nag-aangkin o naglangkap ng mga kaugnay at may saysay na elementong Katoliko-Kristiyano o iba pa.⁴³

Kristiyanismong Bayan o *Folk Catholicism* man, mayroon itong piguratibong layunin na maunawaan na naka-ugat pa rin sa katutubong kamalayan ang isinasapamuhay na Kristiyanismo ng mga Pilipino. Sinasabi na ang mga katutubong paniniwala na nasa diwa ng Kristiyanismong Bayan ay mayroong mahigpit na panuntunan sa iba't ibang pagkakataon na kung saan ang mga kinabihasang paniniwala ay ipinapasok sa organisado at sentralisadong mga

⁴² Fentress at Wickham, *Social Memory*, 7.

⁴³ Personal na komunikasyon kay Atoy Navarro sa e-mail (2019, Marso 13).

relihiyon.⁴⁴ Imposibleng mawawalay ang mga katutubo sa kanyang kinasanayang paniniwala sa mahabang panahon. Ang pag-aangkop ay kinakailangan ng mahabang panahon bago tuluyang masabi na humugpong na ang katutubong paniniwala sa ipinakilalang relihiyon.

Kadalasang itinatadhana ng mga persepsyon hinggil sa *Folk Catholicism* kung ang isang indibidwal na katutubo ay sumasamba sa kanyang diyus-diyosan o di kaya'y patuloy na naniniwala sa kapangyarihan ng mga agimat o anting-anting at madalas ginagamit din ito bilang pantukoy sa kalipunan ng repleksyon ng mga katutubo hinggil sa ipinakilalang relihiyon.⁴⁵ Kung tutuusin, higit pa rito ang pamantayan ng pagtingin sa bagay na ito. Maliban sa sinasaklaw nito ang direktang paghahalo ng mga lehitimo at dogma ng Simbahang Katolika na yaong tinatawag bilang *Official Christianity* at ng mga katutubong kaugalian, tinatahak din nito ang dalawang kaakuhan na sinasaligan ng mga katutubo.⁴⁶ Binabanggit na ang Kristiyanismong bersyon ng mga katutubo ay nakapako sa magkasamang paniniwala na tinatawag bilang *double belongingness* na kung saan naniniwala tayo sa tipikal at lohikal na paniniwala hinggil sa mundo (*world view*) [ano ang katotohanan at ano ang kayang patunayan] at kahit na ganito, mahigpit pa rin ang ating pagkakabit sa kung ano ang mga natatanaw ng mga pandama (*worldfeel*) [ano ang nararamdaman at ano ang aming kinabihasan] na madalas na idinidikit sa *Folk Catholicism* o Kristiyanismong Bayan.⁴⁷

Sa hanay ng mga naunang iskolar katulad nina Robert Fox (1959) at Horacio dela Costa (1965),⁴⁸ masusi nilang inaral ang kabuuang esensiya ng *Folk Catholicism*. Sang-ayon sa kanila, hindi pasibong tinanggap ng mga Pilipino ang paniniwala at relihiyong ipinakilala sa kanila ng mga Español. Isang matibay na ebidensiya diumano ay mababakas pa rin hanggang sa ngayon kung paano tiningnan at mamuhay ang mga Pilipino bilang isang Katoliko-Kristiyano. Sinusugan pa nga ito ni John Leddy Phelan sa kanyang *The Hispanization of the*

⁴⁴ Tokutaro Sakurai, "The Major Features and Characteristics of Japanese Folk Beliefs", *Journal of Asian and African Studies* 1-2 (1968): 15.

⁴⁵ John Leddy Phelan, *The Hispanization of the Philippines* (Madison, Wisconsin: University of Wisconsin Press, 1959), 88 at Purificacion Flores, "Comments", nasa *Filipino Religious Psychology*, pat. Leonardo Mercado (Tacloban City, Philippines: Divine World University Publications, 1977), 97.

⁴⁶ Douglas Elwood at Patricia Ling Magdamo, *Christ in Philippine Context: A College Textbook in Theology and Religious Studies* (Quezon City: New Day Publishers, 1971), 18.

⁴⁷ Antonio Sison, "Afflictive Apparitions: The Folk Catholic Imaginary in Philippine Cinema", *Material Religion* 11, blg. 4 (2015): 428.

⁴⁸ Robert Fox, "The Study of Filipino Society and its Significance to Programs of Economic and Social Development", *Philippine Sociological Review* 1, blg. 1-2 (1959) at Horacio de la Costa, *Background of Nationalism and Other Essays* (Manila: Solidaridad Press, 1965).

Philippines (1959) na kasabayan ni Robert Fox sa pag-aaral ng mga paniniwala at relihiyon sa Pilipinas. Ani niya:

Hindi pasibong tagatanggap ang mga Pilipino ng mga kultural na impluwensiya na dinala noong pananakop ng mga Español. Ang kanilang mga kalagayaan noon [katutubong paniniwala] ay maaaring nagbigay-daan sa kanila upang maging malaya sa pagtugon laban sa Hispanisasyon. Ang mga nasabing pagtugon ay malinaw na makikita sa kung paano tinanggap, pinili, o tinutulan ng mga katutubo ang Kristiyanismong Español. Pinatutunayan lamang dito ang kakayahan ng mga katutubo na umangkop sa Kristiyanismo sa pamamagitan ng pang-angkop din sa katuruan ng mga banyaga na tutugma sa kanilang katutubong kultura. Ang sinaunang kabihasan ay hindi naman talaga tuluyang naitaboy ng pamahalaang Español (akin ang salin).⁴⁹

Malinaw na binanggit sa itaas na bahagi ang kabuuang balangkas ng Kristiyanismong Bayan o *Folk Catholicism* sa diwa ng mga katutubo. Katulad ng mga nailahad na, tumugon ang mga katutubo sa Kristiyanismo sa paraang inaangkop din nila ito sa kung anong mayroon na sila bago pa man dumating ang mga Español. Isa ang mga arkitekturang kolonyal sa tinitingnan ng mananaliksik na naging sangkap o instrumento ng mga katutubo upang ipamalas ang diwa ng Kristiyanismong Bayan. Sa susunod na bahagi, tatalakayin ang naging posibleng hakbang ng mga arkitektura sampu ng mga arkitekto at manggagawa nito sa pagsusulong at pagpapanatili ng katutubong paniniwala at pakahulugan.

Ang Arkitektura Bilang Bahagi ng Kristiyanismong Bayan

Laging nakapako sa diskurso na ang mga *arkitekturang kolonyal* na itinayo sa Pilipinas noong *panahong kolonyal* ay purong kolonyal ang kabuuang konsepto. Maaaring posible ito kung titingnan natin ang kabuuang landskeyp ng bawat arkitektura. Nahumaling ang mga Pilipino sa mga kasabihan na ang mga disenyo at pagpapakahulugan sa mga ito ay galing mula sa konsepto ng Kanluran. Muli, posibleng maisakatuparan ang plano ng mga Español sa kabuuang tunguhin ng mga arkitekturang nais nila kung lagi sana itong aakma sa heograpiya at pisikal na katangian ng nais nilang pagtayaran ng imprastruktura halimbawa na lamang ng mga simbahan. Nais nilang magtayo ng mga simbahan sa kanayunan ng bansa ngunit walang materyales na tutulad sa yaong nasa Europa. Bilang solusyon, gumawa pa rin sila ng mga simbahang yari sa mga materyales na matatagpuan sa kapaligiran katulad ng *de caña y nipa*

⁴⁹ Phelan, *The Hispanization of the Philippines*, viii.

(kawayan at nipa) ngunit madalas itong nasusunog.⁵⁰ Kung kaya't dito na papasok ang malawakang pagbabago sa mga disenyo ng simbahan. Mula sa mga kawayan at nipa, nagpagawa ang mga Español ng simbahang bato na kinakailangan ng lakas-paggawa ng mga katutubong Pilipino.

Iniyon ng mga Español ang materyales sa mga mas matitibay na sangkap na matatagpuan sa kapaligiran ng mga katutubo. Ito ang dahilan kung bakit maraming kakaibang materyales ang kasalukuyang simbahan ngayon.⁵¹ Halimbawa, may mga disenyong katulad ng makukulay na bato, mga korales, o mga *shells*. Simple lamang ang kasagutan dahil ito ang matatagpuan malapit sa kanilang kapaligiran.

Hindi nagkakalayo ang disenyo ng mga simbahan sa mga sementeryo na kadalasang itinatayo malapit dito. Katulad ng mga simbahan, binuo rin ang sementeryo gamit ang mga materyales na mayroon ang isang lugar. Isang halimbawa ang NUC ng Nagcarlan, Laguna. Kung titingnan natin ang kalagayang heograpikal ng bayan, napapalibutan ito ng mga bundok at katubigan. Mahirap para sa mga katutubo o sinumang gumawa rito na magpabalik-balik sa kabundukan upang kumuha ng mga matitibay na bato o adobe. Sa NUC, tipikal lamang ang gumamit ng bato at malamang ito ay kinuha mula sa ilog na kinukuha diumano ng mga katutubo sa lugar na kung tawagin ay Tipakan; gumamit din ng baldosa o azulejos na posibleng nanggaling sa Mehiko o Tsina upang buuin ang mga sahig ng kapilya ng sementeryo; mga ladrilyong luwad na inihahalo sa tubig at ipinapatuyo na inilalagay sa hulmahan upang magkaroon ng hugis; mga kakatubong pintura na kung saan ang isang mineral ay inihahalo sa tubig at pulang itlog; mga kahoy na nagmula sa kabundukan; at mga bakal na ginawa nilang pako, bisagra, at parilya na pinaniniwalaang nagmula o inangkat pa mula sa Mambulao, Camarines Norte, Antipolo (sa kasalukuyang lalawigan ng Rizal), at Angat, Bulacan.⁵²

⁵⁰ Gerard Lico, *Arkitekturang Filipino: A History of Architecture and Urbanism in the Philippines* (Diliman, Quezon City: The University of the Philippines Press, 2008), 130.

⁵¹ Kung papansinin natin ang mga *marker* sa mga lumang simbahan sa Pilipinas, madalas natin mababasa sa kanilang kasaysayan na nasunog ang mga ito dahil sa materyales na ginamit. Katulad ng nabanggit sa itaas, nagtayo ang mga Español ng mga simbahang yari sa mga lokal na materyales o sabihin pang mga kagamitang makikita sa kapaligiran. Halimbawa, ang Simbahan ng Baclayon sa Bohol na dinisenyuhan noong 1767 ay yari sa mga korales at idinikit gamit ang puting sabaw ng itlog at ang Simbahan ng Caraga o San Salvador del Mundo sa Mindanao na itinayo noong 1884 ay yari rin sa korales. Ang mga nabanggit na simbahan ay katabi ng mga dagat kung kaya't ito ang kanilang ginawang materyales sa pagbubuo ng mga simbahan at mga disenyo nito.

⁵² *ET-MLILN*, 2016.

Inangkin ng mga katutubong materyales ang kabuuang diwa ng itinatayong NUC. Walang ibang gagawa o lilinang sa mga inprastrukturang ito kundi mga katutubong Pilipino rin. Maaaring tingnan ang posibilidad na habang ginagawa nila ang anumang gawang imprastraktura rito sa Pilipinas, naisisingit ng mga katutubo ang kanilang nais sabihin o ipahiwatig sa pamamagitan ng mga disenyo. Naging posible lamang ito dahil sa mga manggagawang katutubo o mga *polistas*.

Ang mga *Polistang* Nagcarleño: “Taga-tawid” ng Dalawang Paniniwala

Katulad ng mga nabanggit, ang mga *polistas* ay silang sapilitang pinaggagawa ng mga daanan, tulay, simbahan, at kumbento ng mga Español bilang bahagi ng kanilang polisiya upang palaganapin ang Kristiyanismo sa mga katutubo.⁵³ Naging sangkap ang mga imprastrukturang ito upang dominahin ang paniniwala at sinaunang pamumuhay ng mga katutubo na katulad ng itinatadhana sa pagbubuo ng mga *pueblo* o *reduccion*. Nagsilbi ang mga simbahan at kumbento bilang mga institusyong tutugon sa pagkumberti sa mga katutubo upang maging “sibilisado” sa ilalim ng Diyos. Samantala, ang mga daanan lalo na ang mga *puente* o tulay ay nagsilbing hangganan ng mga bayan at lalawigan. Pinag-uugnay din ng mga daanan at tulay ang mga kalupaan na siyang madalas makikita sa paligid ng mga simbahan.

Sa bahaging ito, kailangan maging malinaw na ang mga katutubong Pilipino ang silang naging mga *polistas* na naglilingkod nang sapilitan sa pamahalaang Español upang magtayo ng mga gusali at simbahan (kasama ang mga sementeryo). Marami sa kanila ang nakaranas ng labis na pang-aabuso sa ilalim ng mga dayuhan. Pinagtatrabaho sila ng walang kabayaran; pinapapunta sa mga gubat upang magputol ng puno at magmina; at kung minsang ipinapadala sila sa malalayong lugar na naging dahilan ng kagutuman sa ilang lalawigan sapagkat ang mga nirerekutang mga *polistas* ay mga magsasaka at mangingisda. Bilang pagtugon sa labis na pang-aabuso, nagsagawa ang mga *polistas* ng ilang pag-aalsa at pag-aaklas laban sa mga Español. Sa kabilang banda, kailangang gunamin ang iba pang uri ng pag-aalsa (*resistance*) laban sa ganitong uri ng karahasan. Sa tuwing pilit na pinagtatrabaho ang mga Pilipino na gumawa ng mga gusali, nakararamdam sila ng mga pisikal na magmamaltrato katulad ng

⁵³ Eden Gripaldo, Rowena Boquiren, Evelyn Miranda, et al. *Kasaysayan ng Filipinas at mga Institusyong Filipino* (Unibersidad ng Pilipinas-Diliman: Sentro ng Wikang Filipino, 2003), 69-70.

castigos corporales o paghahagupit ng yantok na kawayan⁵⁴ sa mga *polistang* sumusuway sa kautusan ng mga Español.

Malinaw na habang binubuo o itinatayo ang kripta at ang kabuuang NUC, posibleng gumamit talaga ito ng sistema ng sapilitang paggawa na kadalasang ginagawa ng mga Español sa mga katutubo. Ginamit ng mga kolonisador ang pera at lakas paggawa ng mga Nagcarleño at ang masaklap dito, nanggagaling sa bulsa ng mga Nagcarleño ang perang nilustay upang buuin ang sementeryo at simbahan.⁵⁵ Kinukuha o nirerekruta ang mga manggagawang Nagcarleño sa pamamagitan ng *padron* na inihahanda ng mga *gobernadorcillo* at *cabeza de barangay*. Sa pamamagitan ng *padron*, nalalaman ng pamahalaan ang mga potensiyal na maging kabahagi ng sapilitang paggawa. Ang *padron* ay listahan ng pangalan ng mga katutubo na obligadong magbabayad ng buwis o tributo na kadalasang pinananagutan ng *cabeza de barangay* kapag hindi nagbayad ang mga ito.⁵⁶

Malinaw din na direktang umiiral ang sapilitang paggawa sa Nagcarlan, Laguna. Pinangasiwaan diumano ang sapilitang paggawa ni Ana Kalang (mitong babae) -- na inabutan ng mga Español bilang namumunong babae sa nayon. Maituturing kaya siya bilang unang kolaborador ng nasabing bayan sa puwersang Español? Liban na siya ang nangangasiwa ng mga lakas paggawa, siya rin ang naging katuwang ng mga Español upang ipalaganap ang Kristiyanismo sa mga katutubo at namimilit sa mga ito upang tumulong sa pagtatayo ng mga simbahan. Makikita sa mga kompilasyon ni Cericson Ponteres (w.tn) ang kasaysayan ng mga paghihirap ng manggagawang Nagcarleño sa ilalim ng sapilitang paggawa. Ani niya:

...ang mga lalaki raw noon ay pinahanay mula sa kasalukuyang kinatatayuan ngayon ng simbahan hanggang sa nayon ng Tipacan na siyang pinagkunan ng mga tinitipakan ng adobe. Ang mga adobe daw [sic] na ito ay ipinapasa at ipinag-aabut-abutan hanggang sa makarating sa simbahan.⁵⁷

Hindi tinatanggap ng mga katutubong Nagcarleño ang katuruan ng mga Español at maging ang bagong relihiyon at paniniwalang ipinakikilala nito. Makikita ito sa tuwing gumagawa ng simbahan ang mga Español, sinisilaban

⁵⁴ Luis Camara Dery, *Alay sa Inang Bayan: Panibagong Pagbibigay Kahulugan sa Kasaysayan ng Himagsikan ng 1896* (Manila: National Historical Institute of the Philippines, 2008), 6.

⁵⁵ de Paz, *Nagcarlan in Perspective*, 56.

⁵⁶ Jaime Veneracion, *Agos ng Dugong Kayumanggi: Isang Kasaysayan ng Sambayanang Pilipino*, Binagong Edisyon (Abiva Publishing House Inc., 2003), 103.

⁵⁷ Cericson Ponteres, "Alamat ng Silangang Ilaya", nasa *From the Compilations of Cericson D. Ponteres*, w.tn, 2.

ng mga diumanong “hindi gaanong sibilisado” na mga Nagcarleño ang itinatayong simbahan at tumatakbo patungo sa kagubatan pagkatapos magpalaganap ng mga kaguluhan.⁵⁸

Ang mga *Chino* Bilang “Posibleng” Manggagawa

Mababakas ang mayamang ugnayan ng mga *Chino*/ Tsino at Pilipino bago sakupin/ sa pananakop ng kapangyarihang Español sa Pilipinas.⁵⁹ Sumentro ang kanilang relasyon sa usaping ekonomiko o direktang pakikipagkalakalan. Napatunayan ito sa mga naitalang ulat o *annals* noong ika-971 A.D. o sa panahon kung kailan namamayagpag ang paghahari at dominasyon ng Dinastiyang Song sa Tsina. Ito ang dahilan kung bakit tinawag ng mga Tsino ang kabuuan ng Pilipinas bilang “Mai”.⁶⁰ Malinaw na hindi lamang sa Maynila namalagi ang mga Tsino. Bumuo rin sila ng kanilang mga *parian* o *ghetto* sa labas ng Maynila ayon sa kautusan ng mga Español na hindi sila pahihintulutang makapasok kung sila ay hindi bautismadong mga Kristiyano.⁶¹ Ang mga hindi sumunod sa mandato ng Español ay kaagad na ipinapapatay o ipinatatapon⁶² samantalang ang ilan naman sa kanila ay bumabalik sa Tsina at nagtutungo sa ibang lugar sa Pilipinas.

Sa kabila ng malawakang pag-uusig sa mga Tsino sa kamaynilaan, tinanggap sila ng ibang lugar o kabayanan sa Pilipinas lalo na sa Hilaga at Timog Luzon partikular na sa Nagcarlan, Laguna. Nabatid at pinuntahan nila ang bayan ng

⁵⁸ Ponteres, *Alamat ng Silangang Ilaya*, 2.

⁵⁹ Donna Mae Arriola at Eleonor Marie Lim, “Angels and Dragons in the Manila Chinese Cemetery”, nasa *Himlayan, Pantiyon, Kampo Santo, Sementeryo: Exploring Philippine Cemeteries*, pat. Grace Barretto-Tesoro (Diliman, Quezon City: The University of the Philippines Press, 2016), 42.

⁶⁰ Cf. William Henry Scott, *Barangay: Sixteenth-Century Philippine Culture and Society* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1994) at Bon Juan Go, “Ma’i in Chinese Records - Mindoro or Bai? An Examination of a Historical Puzzle”, *Philippine Studies Journal* 53 (2005): 119-138. Nabigyang paliwanag ni Scott ang pangalang Mai ay ang kasalukuyang isla ng Mindoro kung saan naging malakas ang ugnayan ng mga Tsino at Pilipino sa kalakalan. Sa kabilang banda, tinutulan naman ito ni Go na kung saan ang Ma’i ay ang tinutukoy ng mga Tsino sa kanilang pagdating sa Laguna de Bai/e. Nagkaroon diumano ng kalituhan sa pagitan ng mga salitang Ma’i at Bai dahil hindi nabibigkas nang maayos ng mga Tsino ang titik “b” kung kaya’t nahalinhin ito ng titik “m”.

⁶¹ Salvador Escoto, “A Supplement to the Chinese Expulsion from the Philippines, 1764-1779”, *Philippine Studies* 48, blg. 2 (2000): 212.

⁶² Ayon sa tala, marami sa mga Tsino ang ipinapatay ng mga Español. Noong 1603, ipinapatay ang 23,000 mga Tsino; 1639- 22,000 na mga Tsino; at noong 1762--6,000 naman. Ang ilan sa mga ito ay pinalayas ng pamahalaang Español. Halimbawa, noong 1596, mayroong halos 12,000 na Tsino ang pinalayas ng administrasyon. Marahil ang ilan sa kanila ay nagpunta sa ibang bahagi ng kapuluan. Cf. Gregorio Zaide, *Philippine Political History, Volume 1* (Manila: Philippine Education Co., 1957), 269-286.

Nagcarlan upang magtago. Gayundin, naging positibo para sa mga Nagcarleño ang pagkakadatal ng mga Tsino sapagkat naghahirap ang mga ito sa pakikipagkalakalan gawa ng malayo sila sa bayan ng Sta. Cruz na itinuturing bilang sentro ng kalakalan sa Laguna noong mga panahong iyon.⁶³ Sa mga ganitong kaganapan, tumulong ang mga Tsino. Mas pinili nilang mamalagi sa bayan ng Nagcarlan dahil sinubukan ng mga itong manirahan sa mga karatig bayan ngunit itinataboy sila ng mga ito at binabansagan sa mga deregatoryong katawagan katulad ng *Intsik, Beho, Sualay, Suana*, at marami pang uri ng kapintasan. Upang matulungan ang mga naghahirap na Nagcarleño, pinasimulan ng mga Tsino ang pagbubuo at pagtatayo ng mga *almacenes* o tindahan upang matustusan ang pangangailangan ng bayan. Lalo pa't kilala ang mga Tsino sa sistema ng *tienda de sari-sari* o sistema ng pagpapa-utang.⁶⁴ Dahil nga sa matagal namalagi ang mga Tsino sa Nagcarlan, posibleng tingnan na naging matibay ang ugnayan nila sa mga katutubo sa nasabing bayan.

Hindi mawawala sa tinitingnang anggulo ng mananaliksik ang posibleng impluwensiya ng mga Tsino sa pagbuo ng konsepto ng NUC. Ibig sabihin, posibleng mga Tsino ang gumawa ng sementeryo, maaari rin namang mga katutubong Pilipino o di kaya'y magkasamang puwersa ng mga Tsino at Pilipino. Isa sa nakaagaw ng pansin sa mananaliksik ay ang kabuuang disenyo at istruktura ng sementeryo lalo na kung titingnan ito mula sa itaas (*aerial view*). Tila isa itong *bagua* o *pa kua* (ba= walo/waluhin at *gua/guas*= erya o lugar) [Larawan 1] na sumisimbolo sa paniniwala ng mga Daoismo hinggil sa pilosopiya at etika ng dualismo (*yin* at *yang*). Ang disenyo ng sementeryo ay iniuugnay ng mananaliksik sa bagua ng *Fu Xi* o *Earlier Heaven* o sistemang nakasalig sa mga aral ni Shao Yong. Ang lahat ng mga elementong umiinog dito ay nakakaapekto sa galaw ng buhay at tadhana ng isang tao. Ginagabayan ang bawat elemento ng *yin* at *yang* na kapwa bumabalanse sa mga kaganapan ng kalikasan.

⁶³ de Paz, *Nagcarlan in Perspective*, 56-57.

⁶⁴ Maria Serena Diokno at Ramon Villegas, mga pat., *Kasaysayan: The Story of the Filipino People, Volume 4: Life in the Colony* (Hong Kong: Asia Publishing Company Limited, 1998), 55.

Larawan 1
Ang NUC sa Posibleng Disenyo ng *Bagua*



Nilinang ng mananaliksik. Mula sa <https://bit.ly/2NfRWu8> ang kinalalagyan ng sementeryo, luminang ng hipotesis ang mananaliksik na ang disenyo ng Libingan sa Ilalim ng Lupa ng Nagcarlan ay maihalalintulad sa bagua (larawang mula <https://bit.ly/2Ykkrxb> ang imahe at katangian ng *bagua*). Mula sa gawing silangang direksyon ng sementeryo, makikita ang *li* (1), paikot ng *dui* (2), *qian* (3), *xun* (4), *kan* (5), *gen* (6), *kun* (7), at tuwirang magwawakas *zhen* (8) at muling babalik sa *li* (1), etc.

Binubuo ng walong elemento ang bagua na nilinang ni *Fu Xi*, ang pinaniniwalaang may lalang ng pangingsida.⁶⁵ na kadalasan ay maiuugnay sa kapangyarihan ng kalikasan. Ang mga elementong bumubuo rito ay *qian* (na madalas naiuugnay sa kalangitan) at nagtataglay ng malakas na enerhiya o kalakasan [*being strong*]; *xun* (maiuugnay sa hangin) at sumisimbolo sa kakayahang umangkop sa lahat ng bagay sa pamamagitan ng pagsunod [*obey*]; *kan* (maiuugnay sa tubig) at sumisimbolo sa panganib, kalikasan lalo na ng mga ilog, at penomeno ng buwan at kung minsan inilalapat din ito sa pintuan/pasukan/lagusan [*threshold*]; *gen* (maiuugnay sa kabundukan) at nagtataglay ng pagiging matapang/walang takot ngunit taglay din ang labis na

⁶⁵ “Bagua”, inakses noong Marso 19, 2019, <https://bit.ly/2UZuGES>.

katahimikan; *kun* (maiuugnay sa mundo o lupa) na mayroon ding enerhiya; *zhen* (maiuugnay sa elemento ng kulog) na sumisimbolo sa pagkakahati at paghihimagsik; *li* (maiuugnay sa apoy) na naglalarawan sa mabilis na paggalaw at penomeno ng araw at kung minsan binibigyan din ng kahulugan sa paglisan/pag-alis [*to depart/ to go*]; at *dui* (maiuugnay sa mga lawa) na sumisimbolo sa labis na pagkatuwa at kasaganahan ng isang lipunan.⁶⁶


Sa pagtaya ng mananaliksik, posible ang ganitong hinuha dahil hindi malayong nagkakasundo ang mga Tsino at Pilipino (kung nagsama man sila sa pagbubuo ng NUC). Sa kasaysayan ng mga sementeryo sa Pilipinas, isang matibay na halimbawa ng pagsasamang ito ay ang sementeryo ng *Manila Chinese Cemetery* na kakikitaan ng naghahalong elemento ng mga Pilipino at Tsino.⁶⁷

⁶⁶ Maggie Wan, “Motifs with an Intention: Reading the Eight Trigrams on Official Porcelain of the Jiajing Period (1522-1566)”, *Artibus Asiae* 63, blg. 2 (2003): 193.

⁶⁷ Cf. Arriola at Lim, *Angels and Dragons in the Manila Chinese Cemetery*, 2016. Nasipat din ang samu’t saring pananagisag at simbolismo na mababakas sa mga libingang matatagpuan sa *Manila Chinese Cemetery*. Kadalasan nakaugat ang kanilang simbolismo sa mga hayop, halaman, at iba pang may kinalaman/may kaugnayan sa kanilang sinaunang mito at astrolohikong paniniwala. Ang ilan sa mga halimbawa ay ang naghahalong konsepto ng dalawang paniniwala: (1) imahe ng tigre/asong “fu” [paniniwalang Tsino] (Arriola at Lim, *Angels and Dragons in the Manila Chinese Cemetery*, 54); (2) simbolo ng dragon (*long*) na sumasagisag sa kapangyarihan ng chi/qi, magandang kapalaran, proteksyon, at mahabang buhay; at (3) mga hayop na sumasagisag sa kanilang *yin* at *yang* katulad ng tigre, ibong *crane*, usa (*deer*), isda, at ibong *phoenix*. Bilang paghahambing, ang konsepto ng dragon, magkaibang-magkaiba ang paniniwala ng mga Tsino at Pilipino hinggil dito. Kung para sa mga Tsino, ang dragon ay para sa proteksyon samantalang kamalasan o kasamaan naman ito para sa mga katutubong Pilipino. Ito ang nagiging dahilan ng eklipse o paglulon/pagkain/pagkawala ng mga buwan. Malaki rin ang paniniwala ng sinaunang Pilipino sa hayop na usa. Isa itong sentralisadong simbolo pagdating sa sinaunang paglilibing ng mga Pilipino lalo na sa etnolingwistikong pangkat ng Kabikolan. Plakado ang kahalagahan ng usa sa takip ng tapayang libingan na natagpuan sa lalawigan ng Camarines Sur. Naidugtong ang usa bilang simbolo ng pananampalataya at pagpapahalaga sa epikong Ibalon na kung saan nakilala sina Uryol/ahas at bayaning si Handiong, Cf. Zeus Salazar, *Liktao at Epiko: Ang Takip ng Tapayang Libingan ng Libmanan, Camarines Sur* (U.P. Campus, Quezon City: Palimbagan ng Lahi, 2004), 97-98. Pagdating naman sa mga halaman, pinahahalagahan ng mga Tsino ang konsepto ng mga bulaklak na sumasagisag sa pagbabago (*renewal*), ang meihua o *plum blossom* (Arriola at Lim, *Angels and Dragons in the Manila Chinese Cemetery*, 65). Pinahahalagahan din ang lotus dahil malaki ang kanyang kaugnayan sa pormasyon ni Buddha bilang naliwanagang nilalang at bulaklak ng *peony* dahil sumasagisag naman ito sa kagitingan at kayamanan. Mahalagahang elemento rin sa kanila ang kawayan (*bamboo*) dahil sagisag din ito ng kahabaan ng buhay, kasaganaan, at magaan pagkatao na kawangis ng isang hangin na siyang sumusunod sa agos ng buhay (Arriola at Lim, *Angels and Dragons in the Manila Chinese Cemetery*, 66-67). Kung sisipatin naman, bahagyang may pagkakatulad ang simbolismo ng mga Tsino at Pilipino sa mga halaman. Malaki ang paggalang ng mga katutubong Pilipino lalo na sa mga puno dahil minsan na nila itong sinamba at pinag-alayan ng sakripisyo sa paniniwalang nakasalig dito ang kapangyarihan ng mga diyos.

Bilang paglalapat ng baguang *Fu Xi o Earlier Heaven* sa NUC, luminang ang mananaliksik ng mapang [Mapa 2] makikita ang kabuuang lokasyon ng sementeryo katabi ng mga bundok, katubigan, simbahan, at iba pa. Ang bawat elemento ng *bagua* ay mayroong salik na pinahahalagahan. Kung papansinin, napalilibutan ng kalikasan ang sementeryo. Mula sa bahagi ng hilagang-kanluran, ating makikita ang lawa ng Laguna; sa timog-kanluran, makikita naman ang Bundok Banahaw; at makikita sa kanluran ang ilog na kung tawagin ng mga Nagcarleño bilang Ilog San Diego. Samantala, makikita naman sa bahagi ng hilagang-silangan ang simbahan ng San Bartolome na nagsisilbing luma at natatanging simbhang bato sa buong bayan ng Nagcarlan.

Mapa 2
Ang NUC sa Pagitan sa
Disenyo ng Tinatayang *Bagua*



Nilinang ng mananaliksik ang mapa na mayroong aplikasyon ng tinatayang *bagua*. Mula sa <https://bit.ly/2NfRWu8>. Makikita sa mapa na napagigitnaan ng Lawa ng Laguna (*Laguna Lake*) at Bundok ng Banahaw ang Libingan sa Ilalim ng Lupa, Nagcarlan. Tinatayang 46-50 kilometro ang layo ng libingan papuntang Laguna Lake samantalang 40-42 kilometro naman ang layo papuntang Mt. Banahaw.

Katulad ng nabanggit sa itaas, ang ilan sa mga elemento ng *bagua* ay nakasalig sa kalikasan. Ang *dui*, halimbawa na maiuugnay sa mga lawa ay nakaturo sa gawing direksyon na kung nasaan naroon ang Lawa ng Laguna na nagbibigay kasaganaan sa mga katutubo bago pa man dumating ang mga Español. Ang *gen* ay sumasagisag sa kabundukan bilang ehemplo ng kalakasan at katahimikan. Kung titingnan muli ang nilinang na mapa sa itaas, nakaturo ito sa mysteryosong Bundok ng Banahaw. Hindi maaaring isipin na hindi nila alam ang konsepto ng kabundukan bilang mahalagang elemento sa paraan ng

paglilibing. Kahulugan naman ng *kan* ang kailugan na kung nasaan din ang lokasyon ng Ilog San Diego (tatalakayin sa mga susunod na bahagi) at madalas itong naiuugnay sa mga panganib at kung minsá’y sa buwan.

Hindi kinakitaan ng mananaliksik ng mas malalim na pagpapakahulugan ang mga elementong katulad ng *qian* na sumisimbolo sa kalangitan o kaitaasan at *kun* para naman sa kailaliman o lupa. Simple ang natatanging pagpapakahulugan dito kung gagamitan din ng simpleng lohika. Anupa’t ang *qian* ay nasa gawing hilaga at ang *kun* ay nasa katimugan ng bagua; langit at lupa nga marahil ang kahulugan nito. Hindi matukoy ng mananaliksik kung bakit o ano ang kahulugan ng mga Tsino (kung sila man ang gumawa) sa ibang aspekto ng tinatayang *bagua* lalo na sa sinasagisag ng *zhen* na maiuugnay sa elemento ng kulog. Marahil dito sa bahaging ito madalas nagmumula ang mga malalakas na kulog o kidlat?

Sa muling pagtataya ng mananaliksik, ang mga elementong katulad ng *xun* at *li* ay kapwa nakabatay sa konkretong imprastruktura ngunit nakakabitang malalim at makabuluhan na pagpapakahulugan. Ang *xun* ay maiuugnay sa elemento ng hangin at kadalasan din ay nangangahulugan ng pagsunod katulad ng isang katangian ng hangin na sumusunod sa lahat. Matatagpuan ang *xun* sa hilagang-silangan ng bagua na kung ilalapat sa mapa, nakalatag dito ang simbahan ng San Bartolome. Kung saan ang simbahan ay isang institusyong kinakailangan ng pagsunod at paggalang bilang superyor sa lahat ng institusyong kolonyal. Maaaring naisip ito ng Tsino dahil ang simbahan ng mga Español ay nagtatakda ng mga kautusang dapat sundin ng mga nasasakupan. Ibig sabihin, maaari rin bang tingnan na hindi lamang basta Tsino ang gumawa nito? Kundi isang Kristiyanong Tsino na naghahalo sa kanyang kamalayan ang kulturang Kristiyano-Tsino? Lehitimo ang ganitong katuwiran sapagkat itinayo ang NUC noong ika-1845 samantalang ika-1583 naman ang simbahan. Ibig lang sabihin, mas naunang itayo hindi hamak ang simbahan kumpara sa sementeryo kung kaya’t mas malaki ang posibilidad na nagkaroon ng plano ang mga Tsino sa pagbubuo ng sementeryo. Itinayo ang simbahan ng Nagcarlan sa pangunguna ni Padre Tomas de Miranda na siyang nagpakilala ng pagtatanim ng trigo sa bayan.⁶⁸

⁶⁸ Felix de Huerta, *Estado geografico, topografico, estadistico, historico-religioso* (Binondo: Imprenta de M. Sanchez y Ca, 1865), 134-135 at Quirino at Garcia, *Narrative of Mr. Juan Masolong, First Christian of Lilio, Laguna*, 17.

Gayundin ang pagtaya ng mananaliksik sa simbolismo ng *li* na naglalarawan sa mga apoy at madalas tumutukoy din sa paglisan o pag-alis ng sinuman/anuman. Kung kaya't sementeryo o kripta mismo ito na matatagpuan sa gawing kanluran ng bagua. Hindi isinakonsepto ng sementeryo ang bagua bagkus bagua ang nagdisenyo sa sementeryo. Ibig sabihin, sa lahat ng mga kalikasan at mga imprastrakturang binanggit sa itaas na kinakatawanan ng gahum ng bagua, sementeryo o kripta lamang ang bago. Sa madaling salita, ang direksyong *li* o sementeryo ang maituturing bilang *point of origin* ng pag-ikot ng bagua. Higit pa rito, dahil sa planado nga ang pagbubuo ng sementeryo kung kaya't dito inilagay ang libingan o kripta sa *li* dahil kumakatawan ito sa konsepto ng pamamaalam o paglisan. Malinaw na ang lohika ng kamatayan sa mga Tsino ay pamamaalam.

Larawan 2

Mga Sulok at Haligi ng Tinatayang *Bagua* ng Sementeryo



Kuhang larawan ng mananaliksik noong Marso 17, 2019 sa Museo ng Libingan sa Ilalim ng Lupa ng Nagcarlan, Laguna. Larawan ng mga sulok at haligi ng *bagua* na kinuhanan mula sa likod o labas (larawan 1.1-8a) at sa loob (8b).

Upang mas lalong matukoy ng mananaliksik na posibleng bagua nga ang disenyo ng sementeryo, inikot nito ang kabuuang likod ng sementeryo upang makita ang haligi na naghihiwalay o nagsisilbing haligi ng mga anggulo. Hindi makikita nang maayos ang paghahating ito kung nasa loob ka ng sementeryo. Sa perspektiba ng labas, malinaw ditong makikita ang paghahati sa bawat anggulo ng sementeryo. Sinimulan ng mananaliksik na bumilang ng isa (1) hanggang walo (8) sa bahagi ng tarangkahan ng sementeryo na nakaharap sa kalsada (Nagcarlan- Rizal Road) kung saan naroon ang elemento ng *kan* ayon pa rin sa bagua. Sa mga sulok ng sementeryo [**Larawan 2**], sinimulan ang pagbibilang sa *kan* o gawing tarangkahan kung saan hinahati nito ang linya dulot nga, na ito ay isang pintuan.⁶⁹

Higit pa sa mga sulok ng *bagua* ang tiningnan ng mananaliksik. Nakaagaw sa kanyang pansin at interes ang disenyong makikita sa bawat itaas o taluktok ng bawat pader [**Larawan 3**]. Sa kanyang pagtaya, tinitingyan niya ito bilang mga simbolo na nakaugnay sa kosmolohiya ng mga katutubong Pilipino partikular na ng mga Tagalog. Makikita rito ang tinatayang bundok, katunawan ng buwan (*half moon*), at posibleng bituin.

⁶⁹ Naghahati ang *kan* at *gen* sa gawing kaliwa ng *kan* [2.1]; *kan* sa gawing kanan at *xun* [2.2]; *xun* at *qian* [2.3] na bahagyang kakikitaan ng pagkasira o sunog; *qian* at *dui* [2.4]; *dui* at *li* [2.5] na nasa bahagi na rin ng kabahayan ng mga residente at malaki ang espasyo nito dahil sa dalawang elementong ito nakalatag ang kripta ng sementeryo na tila *extended* o panibagong *bagua* dahil walo pa rin ang bilang ng sulok kung sisimulang bilangan ang mga hagdan papasok ng kapilya at paikot dito; *li* at *zhen* [2.6] bahagi na kung saan ginawang lalagyanan ng mga manok na panabong ng mga residente; *zhen* at *kun* [2.7] na kakikitaan din ng ilang kabahayan; *kun* at *gen* [2.8] na natatakpan ng semento na may pintura ang isang sulok o haligi dahil sa direksyong ito nakatayo ang tanggapan ng museo at kung kaya't kinuhanan mula sa loob upang makita ang pagkakahati [2.9].

Larawan 3
Tinatang Simbolo ng Kosmolohiya at
Penomenong Pilipino



Kuhang larawan ng mananaliksik noong Marso 17, 2019 sa Museo ng Libingan sa Ilalim ng Lupa ng Nagcarlan, Laguna. Tinatang mga simbolo ng buwan, bundok, at bituin na nakapaloob sa tinatang simbolo ng *naga*.

Ang lahat ng mga nabanggit ay nakapaloob sa tila isang matataba at alon-along disenyo na tinataya niya bilang isang *naga*. Sa madaling salita, papasok dito ang pagtataya na maaaring mga manggagawang Pilipino ang bumuo ng sementeryo at nailakip dito ang pagpapakahulugan ayon sa kanyang sariling paniniwala. Nailatag sa ibaba ang eksaktong bilang ng mga tinatang simbolo na ginawa ng mananaliksik [Talahanayan 1] (gagamiting batayan ang pagkakahati ng gilid o sulok ng *bagua*).

Talahanayan 1

Mga Bilang ng Tinatang Simbolo sa Taluktok ng Pader

Elemento	Bilang ng Tinatang “Naga”	Bilang ng Tinatang “Buwan”	Bilang ng Tinatang “Bituin”	Bilang ng Tinatang “Bundok”
kan	8	48	16	40
xun	12	96	36	84
qian	12	96	36	84
dui	12	72	24	60
li	8	46	15	39
zhen	12	96	36	84
kun	12	96	36	84
gen	12	96	36	84

Binilang ng mananaliksik ang mga tinatang simbolo ng mga naga, buwan, bituin, at kabundukan noong Marso 17, 2019 sa Nagcarlan, Laguna.

Kung papansinin ang kinalabasan ng pagbibilang ng mananaliksik, magkakatugma ang bilang ng mga naghaharapang mga elemento. Ang hilagang bahagi ng *qian* at timog bahagi ng *kun* ay nagtutugma ang bilang ng mga elemento [12 na naga; 96 na buwan; 36 na bituin; at 84 na bundok]. Gayundin ang *xun* at *zhen* [12 na naga; 96 na buwan; 36 na bituin; at 84 na bundok]. Sa kabilang banda, kahit na nagtugma ang bilang ng naga (8) ng *kan* at *li*, hindi naman nagkakatulad ang bilang ng tinatayang buwan [48 sa *kan* at 46 sa *li*] dahil basag o natabunan ng semento ang dalawang buwan ng *li* sa kanang bahagi nito; tinatayang bituin [16 sa *kan* at 15 sa *li*] dahil basag/natabunan din ang isang bituin sa huling naga sa kaliwang bahagi; at ang tinatayang bundok [40 sa *kan* at 39 sa *li*] dahil natabunan din ang isang bundok sa gawing kanan ng *li*. Hindi rin nagkakatulad ang bilang ng magkakarapang *dui* [12 na naga; 72 na buwan; 24 na bituin; at 60 na bundok] at *gen* [12 na naga; 96 na buwan; 36 na bituin; at 84 na bundok] dahil mas marami ang elementong nakaukit sa bahagi ng *gen*. Ibig bang sabihin nito, mas tinatangi nila ang bundok?

MGA ELEMENTONG KATUTUBO AT PAKAHULUGAN

Dahil sa marami ang bilang ng mga tinatayang naga na kinapalolooban ng mga tinatayang buwan, bituin, at kabundukan, maituturing ngang pinahalagahan pa rin ng mga katutubo ang elementong ito kahit niyakap na nila ang Kristiyanong paniniwala at tradisyon. Liban sa mga nabanggit na elemento, pinahalagahan din nila ang araw. Bagama't hindi ito makikita sa loob ng tinatayang naga, makikita naman ang kanyang ningning sa kripta ng sementeryo. Tila isang malaking liwanag na nakamarka sa dingding at nagbibigay ningning sa kabuuan ng sementeryo. Malaki ang pag-asang tinitingnan ng mananaliksik na posible rin katutubong Pilipino (artisan) ang gumawa ng mga disenyo sa sementeryo na silang nagtataglay ng labis na pagtatangi sa mga kosmolohiya ng kalangitang Pilipino. Kung kaya't sa susunod na bahagi ng pag-aaral, gunamin ang pakahulugan ng mga elementong katutubo na nakaukit sa arkitektura ng NUC. Sa pagtaya ng mananaliksik, dalawang uri ng elementong katutubo ang mababanaag sa sementeryo – ang napanatiling elemento at ang naglaho (*narwala*, hindi laho na uri ng ahas).

Napanatiling mga Elemento

Posibleng naipupuslit nga ng mga katutubong artisano ang kanilang paniniwala hinggil sa mga simbolo o pananda. Katulad ng nabanggit na, tunay naman talaga na ang mga Español ang silang nagpagawa ng sementeryo ngunit hindi maaaring kontrolado rin nila pati ang pagpapakahulugan sa mga

simbolong imamarka. Sa kabilang banda, kahit na katigan at itataya na mga Español din ang nagkontrol sa mga desisyong ito, malayo kung tutuusin ang itsura at pagpapakahulugan ng mga tinatayang katutubong simbolo sa kinagisnang Greko-Romanong kultura ng mga Español. Isa pa, maaaring isipin din na kahit ipinag-utos ng mga Español na gumawa ng araw (na nakasalig sa Greko-Romano) ang mga artisano halimbawa, ang konsepto at pakahugan sa sarili nitong araw/arao ang lilingin ng mga katutubo dahil wala itong nalalaman sa konsepto at pamamahala ng mga Español sa kanilang araw. Ibig sabihin, maaari ring tingnan ang nagbabanggaang pagpapakahulugan sa dalawang magkaibang konsepto. Tinawag ng mananaliksik bilang *napanatiling mga elemento* ang mga simbolo na kinapamishasnan ng mga katutubo na naiukit nila bilang mga disenyo. Kahit sabihin pang kinontrol o hindi ito ng mga Español, hindi naman mababatid ng huli ang kamalayan na nasa kaibuturan ng mga katutubo. Kasama sa mga napanatiling mga elemento ay ang pagpapahalaga ng mga katutubo sa araw, buwan at bituin, kabundukan at mga ilog bilang hantungan ng mga yumao, mga *naga*, bungo, at pakpak.

Pamamahala sa Araw

Sa lahat ng mga elemento na matatagpuan sa kalangitan ng mga katutubong Pilipino, posible na ang araw ang pinakatinangi nila. Maliban sa ito ang pinagmumulan ng lakas at kapangyarihan, labis ang pangangalaga rito ng mga katutubo dahil ito ang nagbibigay gabay at liwanag sa kanilang buhay. Inaabatan nila ang paglabas ng araw at mga silahis nito bilang bagong buhay na ibinigay ng kanilang sinasambang mga Diyos. Binabantayan ding mabuti ng mga katutubo ang araw lalo pa't kapag dumarating ang banta ng bakunawa o isang hayop o ahas na kumakain sa araw na nagiging dahilan ng eklipse.⁷⁰ Liban sa kasaganaan at buhay na maaaring ibigay ng araw sa mga katutubo, sinasagisag din nila ito bilang tahanan ng kanilang mga diwata/*devata* na katulad nina Bathala ng mga Tagalog at Kabunian ng Kordilyera. Pinaguukulan pa nga nila ito ng iba't ibang paraan ng seremonya, ritwal, o dasal nang sa gayo'y marinig ng mga diwata ang suliranin, panaghoy, at mga pasasalamat ng mga katutubo.

Maging ang mga kronikong Español na dumating sa kapuluan, na obserbahan nila ang pagsasayaw ng mga babaylan, pag-aalay ng baboy at anumang hayop, at pakikipag-usap sa ilalim ng araw. Sa mga itinala ng Italyanong si Antonio Pigafetta, inilarawan niya ang pagtatangi sa araw sa ganitong mga pahayag:

⁷⁰ Ambrosio, *Balatik*, 138-142.

...at ang mga babaylan ay nasa ganoong kasuotan, tinatangi nila ang kanilang araw...ang isa sa kanila lalo na ang punong babaylan ay nagsusuot ng panyolito sa noon at tila bagang isang sungay. Sa ganito, tinawag niya na ang araw. Kasabay niyang sumasayaw ang isa pang babaylan at marami silang ibinubulong na mga salita sa harap ng araw. Nagpatuloy pa rin na nagsasalita ang punong babaylan na may sungay nga (akin ang salin mula sa Ingles na isinalin naman mula sa Español).⁷¹

Maging si Antonio de Morga (1609) ay naobserbahan ang pagsamba ng mga katutubo sa araw at buwan na kung saan pinaniniwalaan ng mga katutubo na nagsisiping ang dalawang elementong ito tuwing *katunawan ng buwan*.⁷² Lehitimo ang pagtatalik ng dalawa (araw at buwan) dahil lumalabas ito sa mga sinasaling kuwento at awit ng mga katutubo sa iba't ibang henerasyon.⁷³ Ibig sabihin lamang nito na bago pa man dumating ang mga Español, tila bagang mahihirapan silang burahin sa kamalayan ng mga katutubong Pilipino lalo na sa mga Tagalog ang pagpapakahulugan at pamamahalaga nito sa araw. Kung ganoon na lamang kalakas ang pamamahalagang ito, maiisip kaya natin ang posibilidad na sa katutubong Pilipino mismo nagmula ang pananagisag hinggil sa araw? Sa NUC halimbawa, isa itong bayan ng mga Tagalog. Ibig sabihin, malaki ang kanyang pamamahalaga sa araw. Kung papansinin, kahit limitado ang bilang ng araw na nakaukit sa mga disenyo ng sementeryo (hindi tulad ng bilang ng mga tinatayang buwan, bundok, bituin, at naga), ito ang pinakamalaki at sumesentro sa lahat. Makikita lamang ang imahe ng araw sa kripta [Larawan 4] at sa tarangkahan ng sementeryo [Larawan 5].

⁷¹ Antonio Pigafetta, *Magellan's Voyage: A Narrative Account of the First Circumnavigation*, 1525, tsln. Sa Ingles mula Pranses, R.A. Skeleton (New Haven: Yale University Press, 1969), 85.

⁷² Cf. Antonio de Morga, *Historical Events of the Philippine Islands*, unang inilathala sa Mexico (Manila: National Historical Institute, 1609).

⁷³ Ma. Bernadette Lorenzo-Abrera, *Bangka: Isang Paglalayag Tungo sa Pag-unawa ng Kasaysayan at Kalinangan*. Disertasyon (Diliman, Quezon City: University of the Philippines, 2002), 335-336.

Larawan 4
Ang Elemento ng Tinatayang Araw sa Kripta



Kuhang larawan at sinukat ng mananaliksik noong 2019. Pinahintulutan ng museo na sukatin ang araw at mga tinatayang torre/torres na matatagpuan sa kripta ng libingan. Makikita sa gawing kaliwa ng araw (gitna) ang dalawang torres (T1, T2) at dalawa rin sa kanang bahagi (T3, T4).

Kapansin-pansin ang nagmimistulang araw sa altar ng kripta (*crypt*) ng NUC. Sa gawing itaas ng altar, makikita ang araw na nagtataglay ng labing-walong sinag ngunit hindi pare-parehas ang taluktok nito. Ayon sa pagsusukat ng mananaliksik, ang araw sa direksyong horizontal ay sumusukat ng saktong dalawang talampakan (2'). Sa kabilang banda, kung susukat naman sa paraang bertikal, tinatayang sumusukat ito ng 1' 12.5" pulgada o 57.2 sentimetro. Kung papansinin muli, malayo ito sa mga tipikal na araw ng Greko-Romano (*i.e.* Araw ng Vergina, Araw na Argead, at Araw na Macedonia) dahil kakikitaan ang kanilang araw ng mga pahaba, tuwid, at matutulis na dulo. Nagpapahiwatig marahil ng labis na superyoridad at mga kagitingan. Sa kaso ng araw na nakamarka sa sementeryo, ang kanyang sinag ay malumanay at tila sumusunod sa direksyon ng hangin. Hindi matigas ang mga sinag. Ibig sabihin, malambot o lupaypay ang mga ito na maihahambing pa nga sa tila balahibo/pakpak [*feathers*]. Posibleng tingnan ang mga sinag bilang pakpak na pumapalibot sa araw na sinasagisag ni Bathala [tingnan ang *taong ibon*].⁷⁴ Tatalakayin sa mga susunod na bahagi ang simbolismo ng pakpak para sa mga Pilipino.

⁷⁴ Zeus Salazar, *Ang Pilipinong "Banua"/"Banwa" sa Mundong Melano-Polynesiano* (U.P. Campus, Quezon City: Palimbagan ng Lahi, 2006), 147-160; Zeus Salazar, "Tundun-Pailah-Binwangan: Ang Sistemang Ilog Ilawud-Ilaya ng Katagalugan, Bilang Halimbawa ng Isang Proseso ng Pagkabuo ng mga Sinaunang Pamayanan ng Kapilipinuhan", nasa *Ang Saysay ng Inskripsyon sa Binatbat na Tanso ng Laguna*, mga pat. Carmen Peñalosa at Zeus Salazar (Laguna: Bagong Kasaysayan at Pila Historical Society Foundation, Inc., 2010), 396-398; at Lorenz Lasco, "Ang Kaisahan at Ugnayan ng Lumang Pamayanan ng Pilipinas at Rapa Nui at Polynesyang Pranses", *Saliksik E-Journal* 4, blg. 1 (2015): 33-37.

Napapansin din ang apat na tila mga haligi o torre/torres na pumapalibot sa tinatayang araw. Dalawa sa bandang kaliwa nito at dalawa rin sa gawing kanan. Ang dalawang *torres* nasa gawing kaliwa at ang nasa dulo ng gawing kanan ay sumusukat ng 1' 13.3" pulgada. Kung mapapansin ang ikatlong torre (gawing kanan pa rin) ay makikitaan ng sira o basag na naging dahilan na pagbawas ng sukat nito mula sa orihinal na sukat na nabanggit, ito na lamang ay sumusukat ng 10.5" pulgada.

Larawan 5

Tinatayang mga Araw sa Tarangkahan ng Libingan



Kuhang larawan ng mananaliksik noong 2019. Ang mga maliliit na araw na matatagpuan sa kanlurang bahagi ng semeteryo. Nakaharap ito sa kalsada (Nagcarlan-Rizal Road)

Makikita muli ang simbolo ng mga tinatayang araw sa tarangkahan o entrada ng sementeryo. Hindi ito kasinlaki ng araw na matatagpuan sa kripta. Kahit na napalilibutan ito ng mga lumot o halaman ay mababakas pa rin ang kalinawan na isa itong araw. Sa bahagi ng araw na ito, binubuo naman ito ng walong sinag. Kung muling itataya ang elemento ng Tsinong *bagua*, nakatanim ang araw sa *kan* na kung saan matatagpuan ang ilog. Madalas naiuugnay ng mga Tagalog ang kahalagahan ng araw sa ilog dahil nagsisilbi itong giya sa kanilang pangingsda. Pinahahalagahan ng mga sinaunang Pilipino ang araw bilang bahagi ng kanilang paggawa o pagtatrabaho. Mahalaga ang araw pagdating sa hanapbuhay sa halos lahat ng grupong etniko sa Pilipinas.⁷⁵ Malinaw na sa

⁷⁵ Isang magandang halimbawa ang pag-aaral ni Zeus Salazar sa simbolo ng araw sa takip ng tapayang libingan ng Libmanan sa lalawigan ng Camarines Sur. Kapansin-pansin sa tatsulok ng araw ang mukha ng araw na mayroong dalawampu't isang sinag sa unang limbo at ikalawang limbo. Sa pagtataya diumano ni Ma. Lilia Realubit, ang araw na plakado sa takip ay nagpapahiwatig ng kalungkutan (*Cf.* Salazar, *Liktao at Epiko*, 27). Ngunit kung sisikapang obserbahan, nakaugnay ang

panahon ng pagpasok ng mga Español at maging sa pagsulat ng mga kroniko, mayroon nang mayabong na pagpakatuto ang mga katutubo sa kalangitan. Dahil nga sa pagpapahalagang ito sa araw, nakabisa na nila ang bawat galaw at katangian nito. Kung kaya't batid nila ang samu't saring posisyon at tindi ng init nito. Minahalaga rin ng mga katutubong Pilipino ang penomena ng mga duyog (*eclipse*) bilang banta sa pagkawala ng araw bilang batis ng buhay at kasaganaan. Naiugnay nila ang esensiya ng araw mula sa kanilang mga buhay hanggang kamatayan. Mababanaag ang araw sa bawat libingan, lagakan, o maging sa talaban ng dalawa.

Kung gayon, gaano katibay ang pagtataya na ang simbolong araw na nakamarka sa libingan ay isang uri ng araw na nakasalig sa kabihasnang Pilipino? Katulad ng paulit-ulit na ipinapaliwanag, mahirap matanggal sa kamalayan ng isang katutubo ang kanyang pagpapahalaga sa isang bagay kahit na dumaan pa ito sa ibang impluwensiya. May dalawang dahilan na ilalatag ang mananaliksik kung bakit hindi basta-basta mawawala sa mga Tagalog (na kinabibilangan ng Laguna) ang pagpapahalagang ito. Una, dahil sa kabisado na ng mga katutubo ang bawat pagkilos ng araw kung kaya't marami siyang katawagan o bansag dito depende sa posisyon at taas nito. Hinahati ng mga sinaunang Tagalog ang katawagan sa araw.⁷⁶

Sa mga nabanggit na mga terminolohiya na mayroong kinalaman sa lugar at posisyon ng araw, malabong mawalay sa mga katutubong Tagalog ang pagpapahalaga at pagtatangi rito kahit na nagpakilala ng panibagong konsepto ng araw ang mga Español. Nagkakaroon lamang ng barayti o iba't ibang bansag ang isang lipunan sa isang bagay kung ito'y mahalaga at nakatutulong.

nasabing araw sa imahe ng isang kalabaw. Ang kalabaw ay isang domestikadong hayop sa Pilipinas at ibang bahagi ng Timog-Silangang Asya na nakadikit sa konteksto ng agrikultura partikular na sa pagsasaka. Magkasangga ang araw at kalabaw sa kalingang Pilipino dahil nagiging posible lamang ang paggawa lalo na kung mayroong liwanag ng araw at kung mabatid pa na tama o mainam ang tiyempo ng araw para sa pagtanim (*Cf.* Salazar, *Liktao at Epiko*, 27 at Ambrosio, *Balatik*, 92).

⁷⁶ Ang ilan sa mga ito ay sumasagisag sa panahon at espasyo: (a) hating gaby = kalagitnaan ng gabi; (b) mababao na sa hating gaby = lampas na ang hating-gabi; (c) tungmiping ang manuc; (d) magmamaraling arao; (e) maraling arao na; (f) magbubucan liuanag (liuayuy); (g) maguumaga na; (h) umaga na, arao na; (i) sisilang na ang arao = babasag na ang arao; (j) sungmilang na; (k) mataastaas na; (l) ypangingitlog manuc = alas otso ng umaga; (m) masasaolo na ang arao = malapit na sa tuktok; (n) sa olo ng arao = nasa tuktok na ang araw; (o) tanghali = kalahating araw na; (p) natatanghanghali = bagong naquiling ang arao; (q) limpas ang arao = kapag humahaba-haba na ang anino; (r) ypaninighapun na nag arao = mga alas cuatro ng hapon; (s) hampasin tiquing ang arao = kasing taas/baba na ng tikin; (t) cautin palacol = oras na ng pagpapahinga; (u) bagong sosocsoc ang arao = bagong lumulubog pa ang araw; (v) lungmubug na = lumubog na nga; (w) silim = simula ng pagdidilim; (x) gaby na, ycatotolog bata = bagong gabi; (y) ralam = nasa bahay na ang buong pamilya; at (z) saycatlo na ang gaby = ikatlong bahagi na ng gabi o caboong gaby at caboong arao. *Cf.* Ambrosio, *Balatik*, 88.

Ang ikalawang dahilan ay iinog sa praktikal na dulot ng araw sa mga katutubo. Ginagamit ng mga Tagalog ang araw sa patalinhagang paglalarawan sa buhay ng tao. Kapag isinilang ang isang sanggol, babanggitin ng mga Tagalog na masisilayan niya na ang araw. Gayundin kapag mayroong namatay na hindi na makikita ang liwayway ng araw dahil pumanaw na ito. Liban dito, nakikita rin ng mga Tagalog ang pagbabago ng posisyong hilagang-timog ng araw sa pagsikat nito sa silangang bahagi dahil sa nililikhang anino nito. Ito ang nagiging hudyat ng pagsisimula at pagtatapos ng mga gawain sa kabukiran. Naniniwala ang mga Tagalog na kapag sumikat ang araw sa sobangan (pook kung saan lumalabas ang araw), magsisimula na ang hanapbuhay ng mga katutubo. Tumitigil lamang ang mga Tagalog sa pagtatanim sa kabukiran kung matindi ang init ng araw. Ayon sa mga paniniwala ng mga Tagalog sa Tayabas at Laguna, kapag matindi ang init ng araw, naghahanap ng potensiyal na asawang dalaga ang bakulaw ng kagubatan.⁷⁷

Kapwa pinahahalagahan ng mga katutubong Tagalog ang panahon at espasyo ng araw. Kahit binago ng mga Español ang depinisyon ng araw bilang elementong magbibigay ng liwanag at panibagong buhay dulot ng kaluwalhatian ng Diyos, hindi basta-basta tinanggal ng mga katutubo ang kanilang pagtatangi rito. Hindi rin imposibleng maidala nila ang pagpapahalagang ito sa mga disenyo ng sementeryo. Sa kaso ng Nagcarlan, hindi lamang sa libingan, naimarka ang simbolo ng araw kundi maging sa simbahan nito na mas matanda pa sa sementeryo [**Larawan 6**]. Nakaukit ito sa mga haligi ng simbahan na matatagpuan sa entrada nito. Kung papansinin, ang araw na makikita sa simbahan at sementeryo ay bahagyang nagkakaiba. Ang araw sa sementeryo ay simple at makabuluhan ang daloy ngunit ang araw na nasa simbahan ay tila isang mitolohikong araw dahil nagtataglay na ito ng mukha, kilay, ilog, mga mata, at tila may bibig pa nga.

⁷⁷ Ambrosio, *Balatik*, 95.

Larawan 6
Tinatayang Simbolo ng Araw sa
Simbahan ng Nagcarlan



Kuhang larawan ng mananaliksik noong 2019

Pamamahalaga sa Buwan at Bituin

Hindi lamang araw ang pinahahalagahan ng mga Tagalog kundi pati na rin ang mga buwan at bituin. Madalas na nagbibigay ng liwanag ang buwan sa tuwing kakagat ang kadiliman. Taliwas ito sa kasalukuyang paniniwala ng mga Pilipino na kinakailangang mag-ingat sa mga nilalang katulad ng mga diyablo at aswang. Ang mga katutubong Pilipino lalo na ng Tagalog nang abutan ng mga Español ay mayroon nang mahigpit na pagpapahalaga at pagtatangi sa buwan. Sa tuwing magiging bilog (kabilugan) at maghahati (katunawan) ang buwan, dito nagsisimulang magtrabaho ang ilang katutubo dahil akma raw ang posisyon ng buwan para sa masaganang ani, pangangaso, o pangingsda. Para naman sa mga babaylan o sinumang tagapag-ugnay sa mundo ng tao at ilalim/itaas, magandang pagkakataon ang liwanag ng buwan para sa mga ritwal at iba pang seremonya. Hindi rin mawawala na kung minsa'y ang buwan ay nagdudulot din ng mga signos at kapahamakan sa mga katutubo. Isang magandang halimbawa nito na kapag tumitigil ang mga katutubo sa

pagtatrabaho sa isang espesipikong posisyon ng buwan dahil dito gumagala ang mga aswang at iba pang masasamang espiritu na maaaring kumuha sa kanila.

Mahalaga ang posisyon ng buwan sa mga katutubo. Batid nila na nasa gawing kanluran ang papasibol na buwan paglubog ng araw sa hapon at gayundin na kapag sumisikat ang buwan sa silangan na kasabay ng paglubog ng araw sa kanluran.⁷⁸ Ang bawat paggalaw at hugis ng buwan ay nakakaapekto sa pamumuhay ng mga kakatubo. Para sa mga Tagalog, *manilong* ang tawag sa pagbabalik ng buwan sa orihinal na kinalalagyan at anyo nito.⁷⁹ Kung kaya't sinasabing lumipas na ang isang buwan (*month* i.e. Enero, Pebrero, Marso, etc.) kapag nangyari ang pagbabalik na ito. Madalas nasisilayan ang ningning ng buwan malapit sa kabundukan. Tila ito isang malaking nagliliwanag na plato na gumagabay sa mga katutubo pagkatapos ng araw. Naiugnay nila ang pamamahilagang ito sa pangingsida at pagsasaka kung saan nagiging batayan ng kanilang pagkilos ang pagkiling ng buwan. Mababakas ito sa mga talas-dulo (nilinang termino ng mananaliksik mula sa talas/ *sharp* na matatagpuan sa dulo) o mga sungay ng buwan.

Kabilang ang Laguna sa mga Katagalugang umaabat sa buwan. Isa ito sa tinitingnan ng mananaliksik na ang mga disenyo ng buwan at bituin [Larawan 7] na rin sa sementeryo ay mula sa pagpapahalaga ng mga katutubo rito. Makikita sa larawan ang magkaibang puwesto o direksyon ng mga buwan at mga sungay nito. Binigyang-pansin at halaga ng mga sinaunang Tagalog ang pagkiling ng mga sungay o *talas-dulo* lalo na sa paglitaw ng bagong buwan. Sa kaso ng mga katutubo sa Laguna, malamang na kinabibilangan ng mga Nagcarleño, inaantabayanan nila ang unang paglitaw ng buwan mula sa katunawan. Ayon sa matandang paniniwala ng mga Tagalog sa Laguna, kung nakakiling ang buwan sa bahagi ng lupa, magiging masagana ang pag-aani ng mga magsasaka. Gayundin naman ang pagkiling ng huli sa harapan ng ilog o lawa na magiging masigla ang pangingsida.⁸⁰

⁷⁸ Ambrosio, *Balatik*, 115.

⁷⁹ Antoon Postma, "The Moon of the Old Tagalogs", *Sulat sa Tanso* 1, blg. 1 (1997): 6.

⁸⁰ F. Landa Jocano at Carmen Veloro, *San Antonio: A Case Study of Adaptation and Folklife in a Fishing Community* (Quezon City: UP NSDB Integration Research Program, 1976), 57 at Ambrosio, *Balatik*, 116.

Larawan 7
Tinatang mga Buwan at Bituin Bilang Simbolo



Kuhang larawan ng mananaliksik noong 2019. Tinataya ng mananaliksik na ito ay isang buwan (katunawang buwan) at bituin bilang mga simbolo na matatagpuan sa itaas ng mga pader ng sementeryo.

Kung papansinin ang mga tinatang buwan (tunaw/katunawan ng buwan) na nakamarka sa itaas ng pader ng libingan, laging nakaturo o nakaungos ang *talas-dulo* nito sa kanlurang bahagi. Kung sisimulan ang pagpansin at gayundin ang pagbibilang sa mga buwan, mainam ito na unang simulan sa tarangkahan ng libingan. Mapanansin ito sa tuwing ikaw ay umiikot palibot ng sementeryo ay laging nakaungos nga ang *talas-dulo* sa kanluran na kung saan naroon ang bundok. Posibleng tingnan ang labis na pagpapahalaga ng mga Nagcarleño sa pagsasaka dahil sa heograpikal na kalagayan nito. Nakatayo ang bayan ng Nagcarlan sa ibaba ng bundok at malayong-malayo sa lawa na kung saan masagana ang kabuhayan. Matatandaan na naghihirap ang Nagcarlan dahil sa kinalulugaran nito gawa ng malayo ito sa lawa.⁸¹

Maaari rin namang hinuhain na ang buwan na nakaungos sa silangang bahagi ay tumutungo o tumutumbok sa Laguna de Ba-i/y dahil naroon ang kinaroroonan nito. Ngunit, mas higit na nakaaagaw ng pansin ang dalawang *talas-dulo* (na nakaturo sa silangan at kanluran) ay pumapalibot o pumapagitna pa nga sa kabundukan. Malinaw naman ang dominasyon ng mga sakahan sa Nagcarlan dahil kinakailangang tahakin ang mga daanan na napalilibutan ng

⁸¹ Cf. Ang mga Chino Bilang “Posibleng” Manggagawa.

mga niyog at iba pang puno at halaman.⁸² Katulad ng nasa araw, makikita rin ang pagpapahalaga ng mga sinaunang Tagalog sa buwan dahil nabibigyan din nila ito ng mga sari-sarili o kanya-kanyang mga katawagan. Mahigpit ang pag-uugnyan dito ng mga katutubong Tagalog.⁸³

Liban sa mga buwan, makikita rin bilang katutubong disenyo ng sementeryo ang mga tinatayang bituin (*cf.* Larawan 7). Kung mapapansin, tila malayang nakalutang ang bituin sa itaas ng bundok katabi ng buwan. Posibleng maging bituin ito dahil malaki ang pagpapahalaga ng mga katutubo ng Laguna rito. Ang mga kabayanan ng Laguna (lalo na ng mga nasa/malapit sa Laguna de Ba-i/y at posibleng nakapamihasan din ng mga Nagcarleño), ginagamit nila ang bituin bilang pagtantiya ng panahon o hangin kung kailan mas mainam na magsagawa ng pangingisda.⁸⁴ Ayon din sa kanilang paniniwala, magiging malakas ang hangin kung nakatutok ang mga bituin sa hilagang kanlurang bahagi samantalang magiging maayos naman kung nakatutok sa hilagang silangan. Inaabatan ito ng mga katutubo. Ibig sabihin, nagiging batayan talaga nila ang mga konstelasyon o talampad kung saan nakahilera ang mga bituin. Sa tuwing tumitingin ang mga katutubo sa itaas, hindi nila ito nakikita bilang kalat-kalat na bituin kundi bilang isang organisado at sistematikong bahagi ng kanilang pamumuhay.⁸⁵

Kung babalangkasin, nakasalig ang simbolismo ng tinatayang mga buwan at bituin sa hanapbuhay ng mga katutubo katulad ng pagsasaka at pangingisda. Kung itataya muli na mga katutubong manggagawa *vis-à-vis* *polistas* nga ang gumawa ng sementeryo at nag-isip ng mga katutubong simbolismo na iuukit dito, anong klaseng manggagawa sila? Marahil sila ay mga magsasaka o mangingisda na pinilit pinagtrabaho at magtayo ng mga gusali. Malinaw naman talaga ang suliraning kinakaharap ng mga manggagawa sa *polo y servicio*. Ang kalalaking magsasaka at mangingisda ay pinilit na sumailalim sa sistemang ito. Inilalayo sila sa mga pamilya at ipinatatapon sa malalayong lugar upang

⁸² Di-banggit, *Ang Katakumba ng Nagcarlan*, 1980.

⁸³ Ang mga anyo ng buwan ay mababakas sa mga sumusunod na terminolohiya: (a) bagong bouan = katunawan ng buwan; (b) bagong cungmilay = pagpapakita ng buwan; (c) malacarit = paglaki ng buwan mga tatlo o apat na gabi; (d) malasucay = patuloy ang paglaki ng buwan; (e) palaba, nagpapalaba bouan = pabilog ang buwan; (f) pagdadamag = kabilugan ng buwan; (g) laibna = papaliit na ang buwan; (h) pingas na/nagcolang na = nabawasan na ang kabilugan; (i) molan dilim = patuloy na pagdilim ng gabi; (j) marororogna = simula na ng pagkatunaw ng buwan; (k) saicapat bouan; (l) saicatlon bouan; at (m) matotonaon na = pawala na ang buwan. *Cf.* Ambrosio, *Balatik*, 110.

⁸⁴ Ambrosio, *Balatik*, 204.

⁸⁵ Dante Ambrosio, "Balatik: Katutubong Bituin ng mga Pilipino", *Philippine Social Sciences Review* 57, blg. 1-4 (2005): 23.

magtrabaho. Bilang bunga, nagdulot ito ng malawakang kagutuman sa bawat bayan dahil walang nagtatrabaho sa mga kabukiran at palaisdaan.

Pamamahalaga sa Katubigan at Kabundukan Bilang Mga Hantungan

Mahalagang tingnan ang kinalalagyan ng kabuuang NUC. Nakalatag ito sa isang lupaing napalilibutan ng mga bundok at ilang katubigan katulad ng lawa at ilog. Malaki ang naging implikasyon ng mga ito sa paghubog ng kanilang kabihasan. Dahil nga sa ang kalikasan mismo ang naging simbahan ng mga katutubo kung bakit naiugnay nila maging ang kanilang pagtingin sa kamatayan dito. Minahalaga rin nila ang kabundukan at mga katubigan bilang huli (o panibagong) hantungan ng kanilang mga yumao. Sa bahaging ito, tatalakayin ang pamamahalaga ng mga katutubo sa elemento ng katubigan at kabundukan bilang mga hantungan ng mga yumao. Uunahin ipaliwanag ang katubigan.

Ang katubigan ay nagsilbing kabila o panibagong buhay para sa mga sinaunang Pilipino. Pinahahalagahan ito ng mga taong ilawudin (ilawud/ilakud) o mga nakatira sa *sa-ilud* o mga komunidad at pamayanan na matatagpuan sa kapangpangan. Inugnay nila ang tubig sa kamatayan. Gamit ang mga mala-bangkang sasakyan, naitatawid ng sinumang Diyos ang kaluluwa ng isang yumao. Magandang halimbawa rito ay ang paniniwala ng mga Bisaya hinggil sa kamatayan. Ayon sa kanila, ang yumao ay dinadala sa isang rehiyon ng mga patay na tinatawag bilang *sulad* o *saad* sa pamamagitan ng isang bangka.⁸⁶ Hindi nagkakalayo sa mga ito ang paniniwala ng mga Tagalog na gumagamit din ng bangka bilang sasakyan at ang mga bangkay ay ipinagsasagwan upang makatawid sa kabilang buhay. Kung tutuusin, ang kamatayan para sa mga Tagalog ay hindi katapusan ng buhay. Bagkus, isa itong makabuluhang pagbabalik sa kanyang bayang pinagmulan.⁸⁷ Mahalaga sa kanila ang nasabing pagbabalik kung kaya't talagang pinaghahandaan ito sa pamamagitan ng paglalagay ng mga gamit na maaaring kailanganin ng mga yumao sa kabilang buhay. Sa kanilang pagbabalik, sasalubungin sila ng mga naunang yumao na tinatawag bilang *nono* o *ninuno* at sa mga ito ibibigay ng bagong yumao ang mga gamit (o pasalubong) na ipinadala ng kanyang mga kaanak.⁸⁸ Sa ganitong paniniwala, malaki ang ginampanan ng anituisimo o

⁸⁶ Scott, *Barangay: Sixteenth-Century Philippine Culture and Society*, 92.

⁸⁷ Jose Rhommel Hernandez, "Anituisimo at Kristyanismo (Bilang Reaksyon sa Artikulo ni Lasco)", *Saliksik E-Journal* 4, blg. 1 (2015): 117.

⁸⁸ Barretto-Tesoro, *A Survey of Literature on Indigenous Burial Practices and their Archaeological Implications*, 107; Veneracion, *Agos ng Dugong Kayumanggi*, 59; at Hernandez, *Anituisimo at Kristyanismo*, 117.

pamamahalaga sa kapangyarihan ng mga Diyos o ninuno. Naniniwala ang mga katutubo na ang lahat ng bagay sa kanilang kapaligiran ay inaalagaan ng mga anito.⁸⁹ Kung kaya't maiuugnay din ang sistema ng paglilibing sa kapangyarihan at impluwensiya ng mga anito dahil mababakas na nag-aalay pa rin ang mga tao sa kanilang mga namayapang ninuno.

Hindi malabo na sa pagdating mga Español ay nasaksihan nila ang paniniwala ng mga katutubo sa kabilang buhay at kung paano nakakaapekto rito ang katubigan. Marami sa mga grupong etniko sa kapuluan ang naglibing malapit sa dagat o ilog; pagpapaanod ng yumao sa ilog; o anumang mayroong kinalaman sa ilog. Sa sistema ng mga Tagalog, inilalagak nila sa isang kabaong mala-bangka ang bangkay ng isang kaanak na pinalilibutan ng mga alahas. Pagkatapos ng ilang araw, kung hindi ito ipaaanod, susunugin ang patay kasama ang kabaong.⁹⁰ Makikita na rin sa mga katutubong Tagalog ang pagsusunog ng mga bangkay. Malinaw itong ipinakita ng mga ebidensiyang arkeolohikal sa Laguna de Ba-i/y na kung saan nagsusunog ng mga bangkay ang mga katutubong Tagalog.⁹¹ Kumakatig din ang mga Tagalog sa pisikal na katangian ng isang ilog o dagat na umaalon o umaagos na kung saan tumutulung ito upang dalhin ang mga yumao o kaluluwa sa kanilang paroroonan.

⁸⁹ Jose Rhommel Hernandez, "Manipulasyon o Pakikipagkapwa: Ang Ugnayang Tao-Anito sa Sinaunang Pananampalatayang Pilipino", *Malay Journal* 27, blg. 1 (2014): 91.

⁹⁰ Scott, *Barangay: Sixteenth-Century Philippine Culture and Society*, 239.

⁹¹ Cf. Vitales, *Archaeological Research in the Laguna de Bay Area, Philippines*, 72.

Larawan 8
Ang Umaagos na Ilog San Diego
sa Nagcarlan, Laguna



Kuhang larawan ng mananaliksik noong Marso 17, 2019. Ayon sa mga residente malaki noon ang ilog. Dahil sa pagtatambak ng mga lupain upang magtayo ng kabahayan at establisyimento, lumiit na ang sakop nito. Kapag malakas naman ang buhos ng ulan, umaapaw naman ang tubig ng ilog. Nagmumula pa raw ang tubig mula sa Bundok ng Banahaw at iba pang bundok.

Dahil nga sa pagpapahalaga ng mga katutubong Tagalog ang kailugan o kalawaan at karagatan, posibleng itinayo ng mga katutubo ang sementeryo sa bayan ng Nagcarlan malapit at tumutumbok sa katubigan. Kung titingnan, ang kasalukuyang kinatatayuan ng sementeryo ay malapit sa ilog at lawa. Liban sa mayabong na ang mga pag-aaral na historikal at arkeolohikal sa lawa ng Laguna, kailangang pagtuunan ng pansin ang ilog bilang bahagi ng kabilang buhay ng mga katutubo sa interyor ng Nagcarlan. Kailangan din ikonsidera ang bahagyang kalayuan ng lawa (bagama't pinahalagahan din) sa kinaroroonan ng sementeryo. Kung tatasahin, malapit o kaharap na ng libingan ang Ilog ng San Diego/Digo o Talahibing [**Larawan 8**]. Umaagos ang katubigan ng ilog sa mababang lugar na tinawag ng mga Nagcarleño bilang *labak* o isang mababang rehiyon na inaagusan ng mga tubig na nanggagaling sa kabundukan

at marahil ito ay sa Bundok Banahaw o iba pang karatig-bundok.⁹² Sa madaling salita, maganda ang kinalalagyan ng bayan ng Nagcarlan dahil sa napagigitnaan ito ng Lawa ng Laguna at Bundok ng Banahaw [Mapa 3].

Bumabagtas ang San Diego/Talahibing sa mga bayan ng Liliw, Rizal, Magdalena, at Nagcarlan mula sa maliliit na bundok katulad ng Atimla, Bayaquitos, Mabilog, Malauban, Lansay, at Basiling. Ang mga maliliit na bundok na ito ay nakadikit sa higanteng Bundok Atimbia o posibleng ilang porsyon ng Banahaw. Nagwawakas ang Talahibing marahil sa mga lawa ng Pandin, Yambo, o sa Laguna de Ba-i/y.

Mapa 3
Ang Kabuuang Lokasyon ng Nagcarlan



Mula sa <https://bit.ly/37Mir3L>. Ipinapakita ng mapa ang lokasyon ng bayan ng Nagcarlan na kung saan ang katimugang bahagi nito ay nakalatag sa erya ng Bundok Banahaw.

Posible rin maging dagdag kaalaman o susi kung iisa-isahin ang mga barangay o maliliit na nayon na inaagusan o binabagtas ng Talahibing. Sa

⁹² de Paz, *Nagcarlan in Perspective*, 195.

bayan ng Liliw, dinadaan ng tubig ang maliliit na barangay o baryo nito katulad ng [Caytan, San Isidro, Ilayang Sungi, Kalantukan, Mojon, at Oples]; sa Magdalena naman, nariyan ang [Malaking Ambling at Ybabang Atingay]; sa Nagcarlan, bumabagatas ang ilog sa [Silangang Kabubuhayan, Palayan, Bunga, Talahib, Maiit Lawag/quin, Buboy, Alibunbungan, Santa Lucia, Wakat, Sibulan, Balayong, at Oples]; sa Rizal ay dumadaan ang ilog lalo na sa barangay o baryuhan ng [Entablado; Paule II, Paule I; at Tuy-Baanan] at sa Majayjay naman ay dinadaan ang [Suba, San Isidro, Munting Kawayan, Balanak, at Balayong].⁹³ Ilan sa mga pangalan ng barangay na nabanggit ay may pagtutulad sa naisipi na dokumento ng mga Español.⁹⁴

Pinatutunayan lamang nito na sa kabila ng mahabang binabagtasang ng Talahibing at mga lawang nakapalibot dito, hindi malabong pinahalagahan ito ng mga katutubong minsang nanirahan sa mga pampang o *ilawudin* nito. Kung gagamitin ang lohika, binigyang halaga nga ng mga Tagalog na nasa Laguna de Ba-i/y ang lawa pagdating sa paglilibing, anupa't kaya ang mga nasa *labak/labakan* na inaagusan ng ilog kasama ang Nagcarlan, Liliw, Majayjay, at iba pang bayan. Ang pagpapahalagang ito sa mga ilog at lawa ang tinitingnan ng mananaliksik kung bakit dito naisipang itayo ang NUC na naka-ugat pa rin sa pagtatawid ng kamalayang Kristiyanismong Bayan. Liban sa mga lawa at ilog, nakauwang o nakausli ang Nagcarlan sa Bundok Banahaw (*cf.* Mapa 3). Hindi rin malabo na pinahalagahan rin ng mga katutubo ang elementong ito sa konsepto ng kanilang pamumuhay at maging sa kamatayan.

Kakikitaan din ng pagpapahalaga ang mga katutubo sa anyong-lupa katulad ng kabundukan. Sa sinaunang bayan, kinakatawan ng bundok ang kaitaasan o ang kalangitan kung saan pinaniniwalaang naninirahan ang mga anito at ninunong pumanaw.⁹⁵ Liban sa mga kuweba, sa bundok din pinaniniwalaang pook-pinagtutunguhan ng kaluluwa ng mga ninunong pumanaw. Dahil sa mga katangian ng pagiging sagrado at tahimik nito, madalas na inililibing ng mga katutubo ang kanilang yumao sa mga yungib na matatagpuan sa bundok.⁹⁶ Tipikal ang ganitong paniniwala sa iba't ibang pangkat-etniko sa kapuluan ng

⁹³ Impormasyong naipagtagpi-tagpi ng mananaliksik sa pamamagitan ng pagtingin sa mapa, okular na pagbisita, at pakikipagpanayam kay Ernesto Mendoza, *utility member* ng Museo ng Libingan sa Ilalim ng Lupa noong Marso 17, 2019.

⁹⁴ *Cf. Mojon*, Archivo General de Indias.

⁹⁵ Personal na komunikasyon kay Atoy Navarro sa e-mail (2019, Marso 13).

⁹⁶ Lars Raymund Ubaldo, "Bundok Bilang Espasyo sa Kasaysayan at Kalinangan: Panimula", nasa *Shuntutug: Mga Kabundukan sa Kasaysayan at Kalinangang Pilipino*, pat. Lars Raymund Ubaldo (Quezon City at Manila: ADHIKA ng Pilipinas, Inc. at National Commission for Culture and the Arts, 2015), iv.

Pilipinas⁹⁷ halimbawa na sa mga Katagalugan na naniniwala sa Diyos na si Dumakulem (anak na lalaki ni Idiyanale at Dimangan) na nangangalaga sa kabundukan kasama ng mga yumao. Kung tutuusin, nagpapatuloy ang ganitong pananaw sa Bundok Banahaw hanggang sa kasalukuyan.

Sa ganitong perspektiba tinitingnan ng mananaliksik ang kinalalagyan ng NUC. Bagama't may pagkakatulad ang mga Tsino at katutubong Pilipino kung bakit sa paanan ng bundok sila naglilibing ng mga yumao,⁹⁸ mas nananaig pa rin dito ang pagpapahalaga ng mga katutubong Tagalog. Pinahalagahan rin ng mga katutubo ang mga bundok dahil sa taas nito, maaaring marinig ng mga diwata ang kanilang panaghoy at mga sinasagawang ritwal. Makaaagaw ng kanilang pansin ang mga bundok dahil halos napapalibutan nga sila ng mga ito. Kung kaya't marami ring mga katutubo ang kumiling o mas pinili na manirahan sa kabundukan. Tinatawag sila bilang mga *ilayahin* o mga naninirahan sa *ilaya* o isang Proto-Pilipinong komunidad at pamayanan na matatagpuan sa mga kabundukan.⁹⁹ Kabaliktaran ito ng mga taong *ilarwudin* (*hinilarwudin*). Kalimitan ngang hindi sila nagapi ng mga Español nang sinakop nila ang kapuluan dahil bukod sa matatarik ang mga ito, bihasa at kabisado ng mga *ilayahin* ang mga lagusan ng kabundukan.

⁹⁷ Magandang tingnan sa bahaging ito kung paano pinahalagahan ng mga katutubong Pilipino ang gamit at kapangyarihan ng kabundukan sa kanilang lipunan. Ang mga Kankana-ey sa Benguet na ang Diyos nilang si Kabunian ay nakatira sa Bundok Kabunian na matatagpuan sa Bakun, Benguet; para sa mga Kalanguya, si Kabunian ay nasa Bundok Pulag (gayundin ang mga Ibaloi na pumapatay ng hayop sa paanan ng bundok sa tuwing may inililibing dahil sa paniniwala na ang hayop na ito ay siyang magdadala sa yumao tungo sa tuktok ng bundok); Apung Namalyari ng mga Kapampangan (at Zambal) na nakatira sa Bundok Pinatubo na nagiging dahilan daw ng mga paglindol at pagputok ng bulkan; Gugurang ng Bundok Isarog at Mayon sa rehiyon ng Bikol; si Sidapa ng mga Bisayas na nasa Bundok Madia-as; at si Lalaon sa Bundok ng Kanlaon (Cf. Ubaldo, *Bundok Bilang Espasyo sa Kasaysayan at Kalinangan*, iv-v). Bilang pagbibigay ng rekomendasyon ng mananaliksik, kailangang paigtingin din ang pag-aaral sa kahalagahan ng kabundukan sa pamayanang Pilipino.

⁹⁸ Maibabalik ang ganitong paniniwalang Tsino sa paglilibing dahil nakaugat ito sa kanilang *feng shui*. Mahalaga na sa paanan ng bundok ang magiging pook na kinatayuan ng kanilang libingan. Mahalaga para sa mga Tsino ang kabundukan at mga gilid nito bilang akmang lugar sa paglilibing dahil sa mga kadahilanan. Una, ang mga yumao ay mayroong pangangailangan katulad ng mga buhay. Pangalawa, kailangan silang magunita ng kanilang mahal sa buhay at mangyayari lamang ito kung malapit sila sa mga pamayanan. Panghuli, maaaring magdala ito ng swerte sa mga taong buhay. Isa pa, isa sa mahigpit nilang paniniwala ay ang paglilibing sa gilid ng mga bundok na kung saan natatanaw ang mga katubigan dahil ito ang magsisilbing hangganan sa mundo ng mga buhay at yumao (Cf. Arriola at Lim, *Angels and Dragons in the Manila Chinese Cemetery*, 50-51).

⁹⁹ Veneracion, *Agos ng Dugong Kayumanggi*, 116.

Mapa 4
Mga Lugar sa Loob at Labas ng Nagcarlan na
Mayroong Kinalaman sa *Ilaya/Iraya*



Mula sa <https://bit.ly/3ekQanp>. Karamihan sa mga barangay na matatagpuan sa loob at labas ng Nagcarlan ay kakikitaan ng direkta at tuwirang pagpapahalaga sa konsepto ng *ilaya/iraya*.

Ganito ang naging kaso ng Nagcarlan. Mapagpapahalaga ang mga Nagcarleño sa kabundukan dahil mababakas nga ito hanggang sa kasalukuyang panahon. Ang ilan sa mga kasalukuyang barangay o kabaryuhan ng Nagcarlan o ibang bayan (na maaaring dating sakop, humiwalay, o pinagsama mula/sa Nagcarlan) ay kakikitaan ng konsepto ng *ilaya* [Mapa 4]. Hanggang sa ngayon ang ilan sa mga lugar dito ay nakaugat sa *ilaya* lalo pa't noon pa man napalilibutan na ng halos walong malalaking bundok ang kabayanan ng Nagcarlan.¹⁰⁰ Tatlong bayan ang kakikitaan ng pamamahalaga sa *ilaya* kung ang gagawing batayan ay ang kasalukuyang paggamit dito bilang panghalili sa salitang *bundok* – Nagcarlan, Liliw, at Majayjay. Sa bayan ng Nagcarlan, mauulinigan pa rin ang *ilaya* sa barangay ng Silangang Ilaya; sa Liliw, makikita ang *Ilayang Palina*, *Ilayang Sungi*, *Ilayang Taykin*; at *Ilayang San Roque*; at sa Majayjay, mauulinigan ang *Ilayang Bayucain* at *Ilayang Banga*. Kung babalikan muli ang mga dokumento noong panahon ng mga Español,¹⁰¹ makikita talaga na dati nang

¹⁰⁰ Ronald Yu, pat., *Laguna: A Celebration of Life: A Philippine Heritage Book* (In-Frame Media Works, 2010), 159.

¹⁰¹ Cf. *Mojon de Mahaijay, Nagcarlan*, Archivo General de Indias.

magkakaugnay ang Nagcarlan, Liliw, at Majayjay at sabihin pang pinagdudugtong at pinag-uugnay sila ng mga bundok (*ilaya*).


Kung patuloy na pinahahalagahan ng mga kasalukuyang Nagcarleño ang *ilaya* o bundok, ano pa kaya ang pamamahalaga, pagtatangi at pananagisag ng mga katutubo hinggil dito? Ang kasalukuyang libingan ay napalilibutan ng tatlong mga malalaking bundok – Bundok ng Banahaw [Larawan 9] sa hilagang kanluran; Bundok ng San Cristobal [Larawan 10] sa hilagang silangan; at Bundok ng Calauan [Larawan 11] sa kanlurang bahagi. Pinagkukuhanan ng mga likas na yaman katulad ng tubig ang mga bundok na ito lalo na ang Bundok ng Banahaw. Noon pa man bago dumating ang mga Español sa Laguna, pinagkukuhanan na ng tubig ang bundok. Kung bakit tinawag ito ng mga Español bilang *Vulcan de Agua*.¹⁰² Ito ang nagtutustos sa mga kabayanan na dinadaluyan ng mga ilog at Lawa ng Laguna (binabagsakan ng tubig galing sa Banahaw). Sampung bayan ang nasa tabi ng bundok – lima rito ay mga bayan sa Laguna (Majayjay, Liliw, Nagcarlan, Rizal, at San Pablo), Dolores, Candelaria, Sariaya, Tayabas, at Lucban sa Quezon.¹⁰³ Dahil sa biyayang kaloob nito kung bakit ganoon na lamang ang pagpansin ng mga katutubo rito, tinangi nila bilang isang simbahan at hantungan ng mga yumao. Makikita rin hanggang sa ngayon ang pagpapahalaga rito, nagsasagawa sila ng mga ritwal sa mga banal na lugar ng Banahaw. Tinatawag ang ritwal bilang *pamumuwesto*.¹⁰⁴

¹⁰² Sylvia Mayuga, “Water Wars in the Old Cabecera”, nasa *Patrimony: Six Case Studies on Local Politics on the Environment in the Philippines*, pat. Shiela Koronel (Pasig: Philippine Center for Investigative Journalism, 1996), 67 at Winifredo Dagli, “Tagtuyot sa *Vulcan de Agua*: Integratibong Pag-unawa sa Kontemporanyong Usaping Pangkapaligiran sa Bundok Banahaw”, *Saliksik E-Journal* 5, blg. 1 (2016): 251.

¹⁰³ Dagli, *Tagtuyot sa Vulcan de Agua*, 252.


¹⁰⁴ Cf. Prospero Covar, *Larangan: Seminal Essays on Philippine Culture* (Manila: National Commission for Culture and the Arts, 1998).

Larawan 9
Ang Bundok Banahaw



Kuhang larawan ng mananaliksik noong Marso 17, 2019 mula sa kampanaryo ng Simbahan ng San Bartolome, Nagcarlan, Laguna.

Larawan 10
Ang Bundok ng San Cristobal



Kuhang larawan ng mananaliksik noong Marso 17, 2019 mula sa kampanaryo ng Simbahan ng San Bartolome, Nagcarlan, Laguna.

Larawan 11
Ang Kabundukan ng Calauan, Laguna



Kuhang larawan ng mananaliksik noong Marso 17, 2019 mula sa kampanaryo ng Simbahan ng San Bartolome, Nagcarlan, Laguna.

Liban sa Banahaw, posibleng binigyang halaga rin ng mga katutubong Tagalog ang ibang bundok na matatagpuan o matatanaw sa paligid nito. Ang taas halimbawa ng San Cristobal at Calauan (*cf.* Larawan 10 at 11) ay makaaagaw ng atensiyon sa mga katutubo upang ibaling ang kanilang paninindigan na isa sa mga bundok na ito ay nagiging hantungan ng kanilang mga yumao. Sa madaling salita, kung muling itataya ang katuwiran na mga katutubong Tagalog nga ang nagdisenyo ng mga simbolo sa sementeryo ay hindi rin malabong naiukit nila ang pamamahalaga sa mga bundok bilang tahanan sa ikalawang buhay. Tinaya muli ng mananaliksik na ang simbolo na matatagpuan sa itaas ng pader sa labas ng sementeryo ay mababakasan ng mga bundok [**Larawan 12**]. Dahil sa tatsulok na hugis nito at sabihin pang hindi ito pahalang, patihaya, o nakabaliktad, kundi, matindig ang kanyang pagkakatayo. Isang katangian na mayroon ang tipikal na bundok. Sinusugan pa ito ng iba pang potensyal katulad ng tinatayang mga buwan at bituin na nakalutang sa itaas ng bundok. Lehitimo ang ganitong hinuha dahil kung ang isang indibidwal ay nakatayo sa kinalalagyan ng sementeryo, matatanaw niya nang buo ang mga bundok na nakapaligid dito. Katulad ng mga nabanggit sa itaas hinggil sa pagpapahalaga sa bundok at mga penomeno, kung bakit naimarka ng mga katutubong Tagalog ang mga simbolong ito bilang bahagi ng *Kristiyanismong Bayan*.

Larawan 12
Tinatayang mga Bundok Bilang Simbolo



Kuhang larawan ng mananaliksik noong 2019. Tinatayang mga bundok [ang mga simbolo]. Nasa itaas na bahagi nito ay ang buwan na iba't iba ang posisyon o pagkiling. Tinatayang mga bituin din ang kasama ng buwan sa itaas ng bundok (cf. Larawan 7).

Pamamahalaga sa Naga

Isang pagtatangka kung tutuusin na iugnay ang disenyo o simbolong makikita sa sementeryo sa isang *naga*. Kung titingnan muli ang itaas na bakod ng libingan sa gawing tarangkahan o yaong mga lumilibot sa sementeryo (cf. Larawan 7), makikita ang literal na katangian o anyo nito bilang umaalon (*wavy*). Kinapalolooban ng maalong disenyong ito ang mga itinayang bundok, buwan, at bituin bilang simbolo. Ang *naga* ay isang malaking ahas na katulad ng isang *bakunawa* na minahalaga ng mga katutubong Pilipino at ilang Asyano. Madalas itong inilalarawan bilang malaking dragon o ahas; pinaghalong leon at isda; may ulong dragon o anumang ulo; at marami pang iba. Malaki ang kinalaman ng *naga* sa paggalaw ng mundo at ilang penomeno. Pinaniniwalaan ang *naga* na siya ang nagdudulot ng mga lindol na nagaganap dahil pumupulupot ito sa daigdig. Nilalamon nito kung minsan ang buong mundo kung kaya't mababanaag natin sa mga epikong Asyano ang pakikipagsapalaran ng mga bayani upang patayin ang *naga*.¹⁰⁵

¹⁰⁵ Ambrosio, *Balatik: Etnoastronomiya, Kalangitan sa Kabihasnang Pilipino*, 145.

Madalas na makikita ang disenyo ng *naga* sa mga *taming* o kalasag ng mga Moro [Larawan 13]. Gayundin sa mga sinaunang bangka na kung saan makikita sa *proa* ang ulo ng buwaya. Sumisimbolo ito sa pagiging magaling at mabilis sa paglalayag. Ibig sabihin, isa ang *naga* sa mga pinahahalagahan ng mga katutubong Pilipino. Ang pagpapahalagang ito ay natutuhan ng mga katutubo mula sa mga Hindu na nadatnan pa nga ng mga Español sa kapuluan ng Pilipinas. Katulad ng mga natatanging elemento, maraming baryasyon ang mga *naga* sa pangkat-etniko sa Pilipinas at ang lahat ng ito ay mayroong kaakibat na pagpapahalaga at kung minsan inaalayan pa ng mga ritwal. Sa rehiyon ng Katagalugan, binibigyang halaga nila ang simbolismo ng *naga* dahil ginawa pa nila itong *pamalong* o unahan ng kanilang mga malalaking bangka. Sabihin pa, madalas na buaya/buwaya ang disenyo ng ulo. Kung babalikan natin ang arkeolohikal na kasaysayan ng Laguna de Ba-i/y, malaki ang pamamahalaga nila sa buwaya kung kaya't iniaalay nila ito o inaalayan sa mga seremonyang mayroong kinalaman sa paglilibing.¹⁰⁶ Dahil sa pamamahalagang ito, niyakap nila ang pamanang Hindu hinggil sa *naga* at iniangkop nila ang anyo nito sa paniniwala ng mga katutubong Pilipino. Kung kaya't ang *naga* sa Tagalog ay may ulong buwaya.

Larawan 13

Ang Simbolismo ng Naga sa Taming ng Moro



Larawang ipinagkaloob ni Lorez Lasco sa mananaliksik noong Marso 17, 2019. Sa kanilang pag-uusap naging suhesyon ni Lasco na posibleng *naga* o serpente ang “alun-alon” na disenyo na matatagpuan sa itaas na bahagi ng pader sa sementeryo. Kaagad naman itong sinang-ayunan ng mananaliksik. Kung tutuusin, hindi kasama ang pananagisag ng *naga* sa pag-aaralan ng mananaliksik. Naisama lamang ito dulot ng kanyang pakikipagpanayam.

¹⁰⁶ Cf. Vitales, *Archaeological Research in the Laguna de Bay Area, Philippines*.

Larawan 14
Ang Simbolismo ng Tinatayang Naga



Kuhang larawan ng mananaliksik noong Marso 17, 2019

Tinatayang *naga* ang nasa itaas ng pader sa sementeryo [Larawan 14]. Dahil liban sa pinahahalagahan ito ng mga Tagalog, pumapaloob ang mga tinayang buwan, bituin, at bundok sa tiyan o kalooban ng *naga* dahil nilamon o nilulon niya ang lahat ng ito. Isa itong tipikal na penomeno o katangiang pinaniniwalaan ng mga katutubo hinggil sa *naga* o sa *bakunawa*. Madalas na kinatatakutan ng mga katutubo ang paglulon ng malaking ahas sa buwan (o araw) dahil maghahatid ito ng mga signos. Kung *naga* o ahas nga ang simbolo ng nasa itaas, nasaan ang ulo nito (kahit ni ulo ng buwaya)? Hindi talaga nilalagyan ng mga katutubong Tagalog (at maging mga Asyanong naniniwala rito) ng ulo ang disenyo ng *naga* o ahas dahil naniniwala sila na sa bibig nagsisimula ang kasamaan.¹⁰⁷ Kung kaya't inaayon nila ang orientasyon ng bunganga ng ahas. Kung iiiwas nila ang ulo nito, minsan, hindi na ito isinasama pa.

Ang Pakpak at Bungo

Makikita sa ilang lapida ng libingan ang simbolo ng pakpak at bungo o bungong may pakpak. Mahalaga rin ang pamamahalaga ng mga katutubo sa pakpak. Sa mga diksyunaryong Español katulad ng kina Francisco San Antonio (1624) at Pedro de San Buenaventura (1613) inilarawan ito bilang *sumbi*, *sibi*, *pamacpac*, o *pakpak* nga.¹⁰⁸ Pinahahalagahan ng mga katutubo ang pakpak dahil

¹⁰⁷ Ambrosio, *Balatik: Etnoastronomiya, Kalangitan sa Kabihasang Pilipino*, 152.

¹⁰⁸ Cf. Francisco San Antonio, *Vocabulario Tagalo*, 1624, pat. Antoon Postma (Quezon City: Ateneo de Manila University, 2000) at Pedro de San Buenaventura, *Vocabulario de Lengua Tagala; El Romance Castellano Puesto Pri-mero; Primera, y Segunda Parte por Fr. Pedro de San Buenaventura, Inutil e Indigno*

sumasagisag ito sa ibon (*i.e. manaul o haribon*) na nagiging mensahero ni Bathala/Bathalang Araw. Sumisimbolo rin ang pakpak o ibon bilang isa sa mga anito ng kaitaasan kasama ang ating Bathala.¹⁰⁹ Kadalasan na makikita ang mga sumbi sa tahanan ng datu na kung saan inilalagay o isinasabit ang mga ito upang maging metapora ng isang ibon. Ganito marahil kung bakit minamahalaga ng mga katutubong Pilipino ang mga ibong mayroong pakpak katulad ng manok. Para sa mga Austronesyano, ang manok at iba pang uri ng ibon ay mayroong espiritwal na kahalagahan dahil sugo nga ito ni Bathala.¹¹⁰ Makikita halimbawa ang ganitong pamamahalaga sa manok hanggang ngayon ng mga tribong Igorot na kung saan binabasa nila ang bituka ng manok sa tuwing kinakatay nila ito. Naniniwala sila na ang itsura ng bituka ay siyang magiging tadhana ng mga Igorot sa mga susunod na araw. Laganap sa buong mundo ng Austronesyano ang pamamahalaga nito sa pakpak at araw (may pakpak). Makikita sa ibang isla, bansa, o islang-bansa ang pagtatangi nito sa mga ibon. Kung kaya’y nakamarka sa kanilang mga kagamitang pandigma o panlakbay ang disenyo ng mga ibon o *taong ibon (bird man)* na madalas na nagsasagawa ng mga ritwal na mayroong kinalaman pa rin sa araw.

Kung malinaw na ang simbolismo at pakahulugan ng pakpak ay isang giya at mensahero nga ng kaitaasan o bilang anito na rin. Ano naman ang bungo? Kung gagamitin bilang pamantayan ang pagpapakahulugan ng mga Español, marahil isa nga itong kamatayan. Ngunit, para sa mga katutubo, isa itong simbolo ng buhay at kaginhawaan. Malalim din ang pagtatangi ng mga katutubo sa bungo (ulong walang balat at laman) at sa mismong ulo. Para sa mga Austronesyano, ang ulo ay nakasalig sa elemento ng bisa, lakas, at kasaganaan.¹¹¹ Kung kaya’t nagiging talamak sa mga katutubo ang pangangayaw o pamumugot ng ulo bilang kaginhawaan. Kahit sabihin pang ubusan ito ng lahi ay nakapagbibigay ito ng kasaganaan sa isang komunidad. Ang bawat ulong maiuwi sa kanilang bayan ay sumasagisag sa biyaya. Sa kaso halimbawa ng *bogwa* ng mga Ifugao, ang pagdala ng napugot na ulo sa kanilang bayan ay maaaring magsalba sa

Religioso Franciscano Descalzo; Dirigido a D. Ivan de Silva Cavallero del Orden de Santiago Gobernador y Capitan General de Estas Islas, y Presidente de su Audiencia y Chancelleria Real; Con Licencia Impreso en la Noble Villa de Pila, por Thomas Pinpin, y Domingo Loag Tagalos, Año de 1613 (Manila: Impreso en la noble Villa de Pila, 1613).

¹⁰⁹ Lorenez Lasco, “Mga Kadahilanan Kung Bakit Wala Tayong Malalaking Gusali o Templo Noong Dating Panahon”, *Saliksik-E-Journal* 3, blg. 1 (2014): 137 at Personal na komunikasyon kay Zeus Salazar sa Escaler, Quezon City (2019, cerca Oktubre).

¹¹⁰ Lasco, *Ang Kaisahan at Ugnayan ng Lumang Pamayanan*, 26.

¹¹¹ Lasco, *Ang Kaisahan at Ugnayan ng Lumang Pamayanan*, 63.

kanilang pamayanan laban sa kagutuman at kahirapan.¹¹² Ang pinugot na ulo ay ililibing upang mabulok at matanggalan ng laman at balat, sabihin pang upang maging bungo. Dahil ang bungo para sa kanila ay sumasagisag sa walang hanggang buhay at kaginhawaan at kung minsa’y nagsisilbi itong tila isang agimat upang magkaroon ng masaganang pag-aani at pangingsda. Samantala, para naman sa mga Tagalog, ang bungo ay sumisimbolo rin sa pagiging malakas at matapang. Tinataglay ng bungo ang utak na ginagamit upang makamit ang kasaganaan. Malinaw na ang itinatadhana ng bungo para sa mga katutubo ay isang buhay at hindi bilang isang ganap na kamatayan.

Kung itataya ang bungong nakamarka sa isang lapida ng sementeryo sa NUC [Larawan 15], maaaring ituring ito bilang isang katutubong pamamahalaga. Hindi tahasang sinasabi ng mananaliksik na nilinang ang lapidang ito matagal na panahon na ang nakakaraan, bagkus, ipinupunto rito na ang gumawa at umukit ng lapida ay malamang na isang katutubong Pilipino na mayroong pagpapahalaga sa bungo. Kahit sabihin pang nagkakasundo ang gumawa (Pilipino) at nagpaggawa (Espanol) halimbawa, na ang bungong ito ay isang bungo, magkakaiba naman sila sa pagbibigay ng kahulugan. Bilang isang Tagalog, ang Laguna ay naging aktibong kasapi ng Katipunan. Minahalaga ng mga taong “tumubo” ang bungo sa kanilang seremonya at maging sa bandila (*i.e.* bungo ni Llanera) bilang isang buhay at liwanag. Kung iniugnay man sa ganap na kamatayan ang bungo, ang kamatayan ng mga Espanol ang tinutukoy dito.

¹¹² Joan Tara Reyes, “Ginhawa Mula sa Patay: Isang Pag-aaral sa Kahalagahan ng Katawan sa Bogwa (Sekundaryang Paglilibing) at Pangangayaw sa mga Ifugao at Kankanay”, nasa *Gaan at Gaan sa Buhay: Sikolohiya ng Sarap, Ligaya, at Ginhawa, ISIP – Mga Kaisipan sa Sikolohiya, Kultura, at Lipunang Pilipino, Tomo I*, mga pat. Josefina Andrea Cantiller at Jay Yacat (Quezon City: National Association for Sikolohiyang Pilipino, Inc., 2011), 255.

Larawan 15
Ang Pakpak at Bungo Bilang mga Simbolo



Kuhang larawan ng mananaliksik noong 2019. Mapapansin na nagsasama ang pakpak at bungo sa isang nitso na matatagpuan sa ilalim ng lupa.

Mga Naglahong Elemento

Hindi makakaila na bahagyang napagtagumpayan ng mga Español na burahin o baguhin ang ilan sa pagpapahalaga at pagpapakahulugan ng mga katutubo sa kanilang itinatanging mga elemento. Tuwing nangangaral ang mga misyonerong Español, ipinaliliwanag nila sa mga abang katutubo ang larawan o ilustrasyon ng sandaigdigan upang paghambingin ang yaong nasa ating paniniwala at sa ipinakikilala nilang batayan.¹¹³ Pilit nilang sinisiraan ang ating nakagisnang paniniwala hinggil sa kalangitan at mga penomenong umiinog dito. Hindi katulad ng mga elementong matatagpuan sa sinaunang kosmolohiya ng mga Pilipino katulad ng araw, buwan, at bituin, hindi kaagad ito nawala o basta-basta nabura sa kanilang kamalayan. Nabago man, napanatili at napangalagaan pa rin ng mga katutubo ang pagpapahalaga sa mga ito at posibleng nadala pa nga sa pamamagitan ng mga disenyo ng mga imprastrakturang kolonyal. Hindi nawala ang paniniwala at pagmamahal ng mga katutubo sa mga ito lalo na sa araw dahil naipamalas pa ito o sabihin pang naging disenyo ng mga kilusang milenaryo (*i.e. Lapiang Malaya, Iglesia Watawat*

¹¹³ Ambrosio, *Balatik: Etnoastronomiya, Kalangitan sa Kabihasang Pilipino*, 50.

ng *Lahi*, at *Moncadista*), kilusang rebolusyonaryo, at opisyal na simbolo sa watawat ng Republika ng Pilipinas.

Sa bahagi namang ito, dadalumin ang mga elementong katutubo na napagtagumpayan ng mga Español na baguhin ang pagpapakahulugan na siyang nagdala sa tuluyang paglaho nito na kung saan nababatid natin hanggang sa ngayon ang panibagong kahulugan. Halimbawa, napagtagumpayan nilang palitan ang bagay na kabahagi na ng ating pamumuhay at ipinakilala nila sa atin ang mga panibago at alternatibong kagamitan. Halimbawa, ang mga *idolo* o *larawan* ng mga katutubo ay pinalitan ng imahe ng Santo Niño; epiko ng mga bayani/ bagani/ barani tungo sa *Pasyon* at pabasa upang palaganapin ang kuwento at paghihirap ni Hesukristo; ang mga *diwata* (Diyang Masalanta) tungo sa imahe ng mga *virgenes* na nasa katauhan ni Santa Maria, Ina ng Diyos; *anting-anting* tungo sa rosaryo; at marami pang iba.¹¹⁴ Bagama't nagbago man ang kahulugan, hindi nalalayo ang mga bagong pagpapakahulugan (kolonyal) sa pilit na pinalitan nitong konsepto (katutubo). Madaling ugatin ang nasabing pagbabago dahil sa panlabas na katangian, esensiya, at gamit ng dalawang magkaibang bagay. Halimbawa, ang *larawan* at Santo Niño ay madaling maunawaan bilang mga sinasambang maliit na rebulto; ang *diwata* at si Santa Maria ay parehong babae; ang *epiko* o guman at *Pasyon* ay parehong tumatalakay sa kuwento ng paghihirap ng isang tinitingalang indibidwal; ang *anting-anting* at rosaryo ay kapwa isinasabit sa leeg bilang isang palamuting nagtataglay ng kapangyarihan. Maaari rin itong tingnan bilang isang bahagi ng *transformative continuity*. Ibig sabihin, kahit nagbago ang konsepto at konteksto ng isang bagay lalo na sa elemento ng relihiyon, nagpapatuloy pa rin ang pagpapahalaga rito dahil halos magkalapit o magkakonteksto ang dalawang magkaibang bagay [*i.e.* katutubo at ang Kristiyanismong paniniwala].¹¹⁵ Ngunit kailangan ding matandaan na ang pagpapahalaga ng bagong konsepto (Kristiyanismo) ay hindi magiging katulad ng pagpapahalaga ng tumanggap (katutubo) dahil mayroon itong sariling pamantayan ng pagpapahalaga na ayon sa kanyang diwa at kamalayan bilang isang katutubo.

Nagtagumpay ang mga Español na wasakin at baguhin ang landas ng pagpapakahulugan sa ibang bagay. Makikita ito sa kabuuang disenyo ng mga

¹¹⁴ Linette Rivera-Mirano, "The Pabasa of San Luis, Batangas", *Asian Studies* 22-24 (1984): 101; Reynaldo Ileto, *Filipinos and their Revolution: Event, Discourse, and Historiography* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1998), 48-49; at Adonis Elumbre, "Kasaklawan ng mga Larangan sa Bagong Kasaysayan: Buhay, Bayan, at Kabanwahan", *Saliksik E-Journal* 3, blg. 1 (2014): 10.

¹¹⁵ Charles MacDonald, "Folk Catholicism and Pre-Spanish Religions in the Philippines", *Philippine Studies* 52, blg. 1 (2004): 83-84.

imprastruktura halimbawa ng mga simbahan at sementeryo. Sa kaso ng katimugang bahagi ng Luzon lalo na sa mga lalawigan ng Tayabas at Laguna, marami sa mga lumang simbhang Español ay kakikitaan ng mga lihim na lagusan (*underground*) at mga *pozo* (balon) na minsa'y tinatangal na rin sa pag-inog ng panahon. Ang dalawang bagay na ito ay nakakabit ng mga iba't ibang bersyon ng mito, leyenda, at natatanging kuwento. Ilan sa mga magandang halimbawa ay nagdurugtong diumano ang lagusan ng mga simbahan at sementeryo tungo sa bundok o di kaya'y may nilalang o diyablo sa loob ng balon. Maging ang mga hiwaga ng lagusan sa ilang simbahan ng Timog Luzon lalo na sa Tayabas ay hindi nalalaman ang kuwento at patuloy na pumapaloob sa antas ng sabi-sabi.¹¹⁶ Kung hitik sa kuwento ang isang pinagmulan ng bagay lalo na kung maraming bersyon ang kuwento, malinaw na walang naisusulat na dokumento ukol dito. Sa bahaging ito na ipapasok ang paliwanag kung bakit napagtagumpayan ng mga Español na wasakin ang pagpapahalaga ng mga katutubo sa yungib at puno na posibleng humalili sa mga lagusan at balon. Bagama't mga katutubo nga at hindi mga Español ang gumawa ng mga imprastruktura kung kaya't mas posibleng nakontrol nila ang paggawa sa mga ito na labag sa panlasa at kagustuhan ng mga Español. Posibleng inugat nila ang mga disenyo at anyo ng mga imprastrukturang ito batay sa kamalayan at kalinangang tinataglay ng mga katutubo noong panahong iyon. Dahil nga sa sapilitan ang paggawa, sa mga ganitong pagkakataon posibleng bumawi ang mga katutubo. Sa mga dating kinatatayuan ng mga yungib at puno, doon nila inilagay ang mga lagusan.

Sa bahaging ito tatalakayin naman ang mga tinatawag ng mananaliksik bilang mga *naglahong elemento* (laho = nawala) o mga *tangible* na elemento na noo'y pinahalagahan ng mga katutubo. Sa kabuuang espasyo ng NUC, tinatayang mababakas doon ang mga *naglaho*.

Yungib Bilang Libingan

Bago dumatal ang mga Español sa kapuluan, naglilibing ang mga katutubo sa mga yungib o kuweba. Katulad ng nabanggit sa itaas, mas nagugustuhan ng mga katutubo na maglibing sa bundok dahil maraming kuweba ang makikita rito. Praktikal ang kaisipan ng mga katutubo kung bakit sila naglilibing sa mga yungib. Una, dahil dito nagmumula at namamahay ang ilang diwata o anito. Pangalawa, ligtas ang bangkay sa tuwing inilalagak ito sa loob ng yungib. Makikita sa pamamagitan ng mga arkeolohikal na ebidensiya na naglibing ang

¹¹⁶ Personal na komunikasyon kay Ryan Palad sa e-mail (2019, Marso 7).

mga katutubo sa mga yungib. Liban sa mga labi, antropomorpikong mga banga, o kabaong, at nagkaroon din ng pag-aalay sa mga yumao bago o habang ito'y inililibing.

Hindi nakaligtas sa mga Español ang ganitong paniniwala ng mga katutubo. Agad nila itong winasak sa pamamagitan ng pagtatayo ng mga simbahan at sementeryo sa mga dati nang pinaglilibingan o pinagsasambahian ng mga katutubo. Kung kaya'y maaaring tingnan na kakikitaan din ito ng pagtatawid ng *Kristiyanismong Bayan* sa lente ng mga libingan. Winawasak ng mga Español ang maaaring mawasak nang sa gayo'y makubkob nila ang kamalayan ng mga katutubo na baguhin nila ang kanilang kinapamihasnan.

Sa pamamagitan ng mga sementeryo, binago ng mga Español ang paniniwala ng mga katutubo hinggil sa yungib. Pinalitan nila ito ng mala-yungib na lalagyanan ng patay na tinatawag bilang *nitso*. Posible ito dahil kung titingnan, halos magkatulad ang katangian ng yungib at ipinakikilalang nitso ng mga Español. Bagama't mayroon ng nitso sa Europa, mahirap itong ipaliwanag sa mga katutubo. May mga pagkakataon noong mga bago pa lamang ang sementeryo sa mga katutubo, inaalayan nila ng dugo ng baboy o manok (at literal na nagkakataw pa nga) ang bawat nitso ng kanilang kaanak. Ibig sabihin, tiningnan pa rin nila ang mga nitso sa pagpapakahulugan ng kanilang yungib. Ikinabahala ito ng mga prayleng Español kung kaya't mabusising pangangaral ang kanilang ginawa. Itinuro nila sa mga katutubo na mag-alay na lamang ng dasal, bulaklak, o pagkain sa mga yumao sa halip na isagawa ang mga nakagisnang mga ritwal at seremonya. Kung gayon, ang paglilibing sa mga nitso o sa mga makakapal na batong dingding ng mga simbahan o sa mismong sementeryo ay ayon din sa dating paniniwala na ang mga yungib ay silang mga *portal* o daluyan patungong kailaliman kung nasaan ang banwa/banua ng mga yumaong Pilipino.¹¹⁷ Ibig sabihin, ang mga nitso sa mga simbahan at sementeryo ay tila mga *surrogate* na yungib kung kaya't inangkin ng mga katutubo ang ganitong kaugalian dahil malapit ito o naayon sa kanilang dating paniniwala.

Puno Bilang Templo

Katulad ng mga sinasabi ng mga kronikong Español, mataas ang pagpapahalaga ng mga katutubo sa kanyang kalikasan lalo na sa mga puno na madalas makikita sa kagubatan. Itinatangi nila ang kanilang pagsamba rito na

¹¹⁷ Personal na komunikasyon kay Lorenz Lasco sa e-mail (2019, Marso 15).

kung saan ay maaaring tawagin bilang paganong animismo.¹¹⁸ Nakakabit sila sa paniniwalang kaugnay na nila ang mga puno bago pa man dumating ang mga impluwensiyang Español o Arabe-Muslim. Kahit sabihing irasyunal ang paraan ng pagtatala ng mga misyonero tungkol sa mga katutubo, detalyado naman ang kanilang paglalahad tungkol sa paniniwala ng mga Pilipino. Sa isang akda ni Pedro Chirino noong 1604, inilarawan niya sa mga ganitong paraan ang paniniwala ng mga katutubo:

Mababakas talagang mayroong pagtatangi ang mga katutubo sa mga puno. Itinuring nila itong tila isang Diyos na kinakailangang sundin. Kung tutuusin, iginagawad ng mga katutubo ang katagang *pono* o puno sa sinumang lider na gumagabay sa kanilang kaligtasan (sa oras ng digmaan) at kaunlaran (sa oras ng kalakalan). Kinakailangang *mamono* ang *pono* na madalas ding tumutukoy sa ugat at katawan (*trunk*) ng isang puno.¹¹⁹ Mababakas hanggang sa kasalukuyan, ang *pono* ay isang katagang tumutukoy sa mga lider ng barangay (*ponong barangay*), bayan/lunsod (*ponong bayan/lungsod*); at bansa (*ponong bansa*).¹²⁰

Noon pa man, tagapag-ugnay na ang *pono* sa kabihasnang Pilipino. Pinagdurugtong ng mga puno ang ibabaw o kalupaan ng mundo at ang ilalim na bahagi nito na kung saan nakatanim ang kanyang ugat. Ang katawan ng puno kasama ang mga dahon at sanga nito ay umaabot hanggang kalangitan. Sa madaling salita, naroon ang puno sa anumang salansanan ng sinaunang daigdig. Sa ganang ito, kailangang mabalikan ang sandaigdig ng mga katutubo kasama ang pamamahalaga nito sa mga salansanan (*layers*). Ang kosmolohiya ng mga katutubo ay madalas na nahahati sa tatlo – *kaitaasan* kung saan naroon ang

¹¹⁸ Lasco, *Mga Kadahilanan Kung Bakit Wala Tayong Malalaking Gusali o Templo Noong Dating Panahon*, 123.

¹¹⁹ Scott, *Barangay: Sixteenth-Century Philippine Culture and Society*, 139.

¹²⁰ Katulad ng nabanggit na, sa konsepto ng mga katutubong Pilipino, magkarugtong ang “puno” at lipunan at pulitika. Ang anito (na katumbas ng *hantu* sa mga Malay at *antu/tuan* bilang pinuno sa Indones) ay nakasalig sa “puno” o “pinuno” ng mga Pilipino na sumisimbolo sa datu/ratu. Ang puno ay metatesis ng “poon” na tumutukoy na sa ngayon halimbawa kay Hesus (Itim na Nazareno ng Quiapo) na samakatuwid ay tumutukoy din sa pagiging poon/puno ng lahat (“Hari ng mga Hari” sa ibang salita, “guinoo” sa mga Bisaya na ang ibig-sabihin ay “makagagahum” o “makapangyarihan”). Mahigpit ang pagkakadikit ng puno sa kalinangang Pilipino dahil naidala pa nga ang konsepto maging sa pulitikal na aspekto (ponong-bayan, ponong-lungsod, at iba pa). Ibig sabihin, direktang nakaugnay ang “puno” sa kapangyarihan ng isang pinuno (datu). Ang datu ay siyang sumisimbolo sa “punong lawaan” – ito ay ang pinakamatayog at matuwid na uri ng kahoy na naging tahanan ni Manaul (haribon). Personal na komunikasyon kay Vicente Villan ng Departamento ng Kasaysayan, Unibersidad ng Pilipinas Diliman (2019, Enero 11). Cf. Axle Christien Tugano, “Ugnayang Tsino’t Pilipino sa Buhay at Kamatayan: Isang Panimulang Pagbalangkas”, *Tala Kasaysayan: An Online Journal of History* 2, blg. 1 (2019): 79-80.

Bathala bilang isang araw at anito kasama ang ibon bilang mensahero; *kalagitnaan* kung nasaan ang lupang tinitirahan ng mga tao; at *kailaliman* kung saan ang mga nilalang katulad ng naga, buwaya, at serpente ang magsisilbing anito.¹²¹ Makikita rin ang ganitong mga paniniwala hinggil sa kalangitan at sandaigdigan sa ibang grupong etniko sa kapuluan.¹²²

Naitala ng mga Español na dumating dito maging ang iba't ibang puno na matatagpuan sa ating pamayanan. Kahit sa mga Kristiyanisadong nayon lalo na sa Maynila, makikita pa rin ang pagtatangi sa mga puno.¹²³ Isa sa mga punong napansin nila ay ang balite/balete/baliti [**Larawan 16**]. Itinuring ito bilang santuwaryo at simbahan ng mga katutubo dahil sa mga kahalagahan nito na nabanggit na sa itaas. Sa akda ni Cantius Kobak (2002), nabanggit niya halimbawa na ang baliti ay tinawag bilang puno ng nunok na itinuturing bilang santuwaryo at buhay na templo ng Kabisayaan sa Pilipinas.¹²⁴ Tinatawag din nila itong dalakit, danakit, daragit, at baliti.¹²⁵ Pinaniniwalaan nila sa punong balite namumutawi ang kanilang kabanalan na kung saan nagiging malakas ang kanilang paniniwala sa mga *diwata* at anito. Dahil sa laki ng punong ito, umaabot ang kanyang mga ugat sa kailaliman ng lupa at ang mga sanga tungo sa kalangitan – akma para lamang sakupin nito ang buong sandaigdigan. Naniniwala rin ang mga Tagalog sa balete.

¹²¹ Lasco, *Mga Kadahilanan Kung Bakit Wala Tayong Malalaking Gusali o Templo Noong Dating Panahon*, 125.


¹²² Sa paniniwala ng mga Ipugaw sa Kordilyera, nangimbukig ang tinatawag nila sa kanilang langit na nagsisilbing takip sa kalupaan; kabunyan ang tawag sa kalangitan samantalang pugaw ang tawag sa lupang tinirhan ng mga *I-pugaw*; dalom naman ang tawag sa ilalim ng kanilang kalupaan. Para naman sa mga Tagbanwa ng Palawan, awan awan ang pinakasagrang lugar samantalang a basad naman ang tawag sa ilalim ng lupa. Sa mga Sulod ng Panay, ibabawnun ang tawag sa itaas ng daigdig; dutan-un o pagtung-an ang tawag sa gitnang bahagi; at idadalmunun ang tawag sa kailaliman ng kanilang daigdig. Ang mga Hiligaynon ay mayroong udtohan (mataas na bahagi ng kanilang daigdig; katung-anan (gitnang bahagi); at idadalman (ilalim ng kanilang daigdig). Cf. F.L. Jocano, "The Sulod: A Mountain People in Central Panay, Philippines", *Philippine Studies* 4 (1958): 422-424 at Ambrosio, *Balatik: Etnoastronomiya, Kalangitan sa Kabihasnang Pilipino*, 50-60.

¹²³ Ang kuwento ng isang prayle na nakapansin ng pagtatangi ng mga Pilipino sa Bagumbayan (ngayo'y Luneta) sa punong kung tawagin ay *pajo* noong 16 na dantaon. Binabakuran pa ng mga katutubo ang puno at hindi kinukuha ang mga bunga nito. Kinalaunan, nang mapansin ito ng prayle, umakyat siya sa puno at kinain ang bunga at pinaputol na rin. Dahil dito natakot daw diumano ang mga Pilipino kung kaya'y yumakap na sila sa pagiging Kristiyano. Cf. Hernandez, *Anitismo at Kristyanismo*, 118.

¹²⁴ Cantius Kobak, "Ancient Pre-Hispanic Concept of Divinity, the Spirit-World Sacrifices, Rites and Rituals Among the Bisayans in the Philippines", *Philippiniana Sacra* 37, blg. 111 (2002): 446-455.

¹²⁵ Lasco, *Mga Kadahilanan Kung Bakit Wala Tayong Malalaking Gusali o Templo Noong Dating Panahon*, 126.

Larawan 16
Ang Puno ng Balete sa Kabihasnang Pilipino



Isang larawan ng balete na sinipi kay Padre Francisco Ignacio Alcina. Cf. Francisco Ignacio Alcina, *La Historia de las Islas e Indios Visayas* (Madrid: Instituto Historico de Marina, 1668), LVI-LV. Malaki ang pamamahalaga sa punong ito ng mga katutubong Pilipino. Nagbago lamang ang pagtingin dito ng mga katutubo hanggang sa panahong kasalukuyan dahil sa mga kuwentong kababalaghan na idinikit dito ng mga Español at sa pasalin-saling kuwento na rin. Ito marahil ang dahilan kung bakit sa kasalukuyang panahon ang balete ay kinatatakutan na.

Inilarawan nga ni Pedro Chirino at mga Agustinong huling dumating sa Pilipinas ang balete bilang isang punong mataas at hitik sa mga baging (na minsá'y ginagamit o ginagawang kasuotan o palamuti) ngunit hindi ito nagtataglay ng mga bunga. Madalas itong tumutubo sa mababatong lugar at ang ugat nito'y nagkalat at nag-uumbukan sa kalupaan.¹²⁶ Sa kabilang banda,

¹²⁶ Pedro Chirino, "Relation of the Filipinas Islands and of What Has There Been Accomplished by the Fathers of the Society of Jesus", nasa *The Philippine Islands, 1493-1898*, Vol. XII, mga pat. at tsln. Emma Helen Blair at James Alexander Robertson (Cleveland: The Arthur H. Clark Company, 1903-1909, 1604b), 24 at Antonio Mozo at Bernardo Ustariz, "Later Augustinian and Dominican Missions", nasa *The Philippine Islands, 1493-1898*, Vol. XLVIII, mga pat. at tsln. Emma Helen Blair at James Alexander Robertson (Cleveland: The Arthur H. Clark Company, 1903-1909, 1763 at 1745), 94.

itinuring din ng mga katutubo bilang puno ng buhay (*tree of life*) ang balete dahil sa paniniwala na ang punong ito ay nagbibigay ng kaginhawaan sa lahat ng karamdaman.¹²⁷

Katulad ng mga sistemang kolonyal hinggil sa pagtatayo ng mga simbahan, madalas nilang inilalagay o ipinupuwesto ang mga simbhang Español sa dating kinaroroonan ng mga balete. Kalakip nito ang paglalarawan sa mga puno bilang pugad o pinagmumulan ng mga malas, salot, dyabolikal na kaisipan, at kultong mga gawain. Hindi ito kaagad matatanggap ng mga katutubo dahil matagal na nilang nakakasama ang punong ito sa kabuuan ng kanilang buhay at kamatayan.

Mga Alternatibong Butas

Kailangang maisip din na parurusahan ang sinumang katutubo na tutuligsa sa kagustuhan ng mga Español. Sa halip na maging madugo ang pag-aalsa, possible idinaan nila sa mga disenyo ang bawat simbahan o sementeryo. Naipaliwanag naman sa itaas na ang yungib at puno ay naging mahalaga sa mga katutubong paniniwala. Ang yungib ay nagtataglay ng malaking butas na pinaniniwalaang tinitirhan ng mga diwata at mga Diyos. Gayundin naman ang puno na nagdudulot din ng pagbubutas sa lupa sa pamamagitan ng kanyang mga ugat upang pag-ugnayin ang ilalim ng mundo at ang kalupaan. Dahil nga sa pinahalagahan nila ang mga elementong ito, posibleng nakaisip sila ng mga alternatibong paraan na magbabalanse upang hindi sila usigin ng mga Español at lalabas na tila tinatanggap at niyayakap nila ang bagong paniniwala. Sa ganitong pagkakataon, maaaring tingnan ang diwa ng Kristiyanismong Bayan (*Folk Christianity*). Tiningnan ng mananaliksik na posibleng mga lagusan (*tunnel*) at balon ang nakitang alternatibong butas ng mga katutubo. Dahil posibleng pinag-uugnay nito ang kailaliman at kalupaan na siya naman talagang makikita sa pisikal na katangian ng mga lagusan at balon.

Sa kaso ng mga simbahan sa Timog Luzon lalo na sa Tayabas, Batangas, at Laguna, patuloy na umiiral ang mga mito ng lagusan at hiwaga ng mga balon. Sa kaso ng Laguna halimbawa, noong mga panahon ng pagpapakilala ng Kristiyanismo, nagkaroon ng malawakang pagdakip sa mga babaylan na nagsasagawa pa rin ng mga katutubong ritwal na labag ayon sa alituntunin ng mga Español. Sa kautusan ng tanggapan ng Arsobispado ng Maynila noong taong 1686, inaresto at pinarusahan ang mga babaylan o *catalonan* at ang mga tagasunod nila sa Batangas at Laguna dahil sa patuloy na pagsasagawa ng mga ritwal katulad ng *mag-aanito* (pakikipag-usap sa mga anito) sa yungib ng Santo

¹²⁷ Francisco Demeterio, *Myths and Symbols, Philippines* (Metro Manila: National Book Store, Inc., 1978), 43.

Tomas de los Montes sa bahagi ng Laguna.¹²⁸ Tinataya na ang kanilang impluwensiya ay nakarating sa mga karatig bayan nitong Liliw, Bai/e, San Pablo, Los Baños, at kabilang na nga ang Nagcarlan.

Dahil ang seremonya ng babaylan ay maaaring idikit sa pagpapahalaga sa balete bilang pook ng seremonya, maaring patuloy pa rin nilang isinasagawa ang ganitong mga gawain sa dating kinatatayuan ng mga puno. Posibleng sa pag-iisip nila na maiugnay pa rin ang kalupaan at kailaliman kung kaya't kumiling sila sa alternatibong bagay o butas katulad ng mga balon. Sa pagtataya ng mananaliksik, halos parehas ang lalim o *rarom* ng tipikal na balon noon at ang balete. Inilalarawan ang balon bilang malalim na butas na lubog o bukas na lupa na pinagmumulan ng tubig na pinaniniwalaang batis ng buhay sa ibang etnikong grupo.

Kinonsulta ng mananaliksik ang *Vocabulario de la Lengua Tagala* (1681-1747) nina Juan de Noceda, Pedro de San Lucar, at Pablo Clain¹²⁹ kung saan makikita ang iba't ibang depinisyon ng pozo/poza/ at poze na ang kahulugan ay balon o isang malalim na butas. Isa ang *bal-on* at iba pang kaugnay na mga termino nito sa mga bagay na naitala at natutuhan ng mga Español mula sa mga katutubo. Kalakip halimbawa ng balon ang magkatulad na depinisyon nito bilang [libtong] o [libsong] (maaaring pinagmulan ng isang dating bayan, bilang isang baryo, o ang dating Lingayen, Pangasinan mismo) na ang ibig sabihin ay malaking butas; [tubog] o [lubog] (hanggang baywang o lagpas tao ang taas ng tubig); [bal-on] o malalim na butas; at [talaga] o bilang isang bukal. Nabigyan ng espesipikong depinisyon ang malalim na butas mula sa iba't ibang terminolohiya. Naisipi nga ang diksyunaryo na siyang nagsasabi, na ang butas na *malalim* ay ang mga salitang katulad ng:

1. **POZA/S** = *libtong/libsong*, dakkal nga abut –malaking butas; *tubog*, lubog¹³⁰
2. **POZE** = *bal-on*, malalim na butas; *talaga*, bukal¹³¹

¹²⁸ Luciano Santiago, “Sinaunang Pila: Mula Pailah sa Pinagbayanan (900-h.k.-1375) Hanggang Pagalangan (h.k. 1375-1811)”, nasa *Ang Saysay ng Inskripsyon sa Binatbat na Tanso ng Laguna*, mga pat. Carmen Peñalosa at Zeus Salazar (Laguna: Bagong Kasaysayan at Pila Historical Society Foundation, Inc., 2010), 268.

¹²⁹ Juan de Noceda, Pedro de San Lucar, at Pablo Clain, *Vocabulario de la Lengua Tagala: Compuesto por Varios Religiosos Doctos y Graves, y Coordinado* (impr. de Ramirez y Giraudier, 1681-1747. Reimpreso en Manila, 1860).

¹³⁰ Noceda, de San Lucar, at Clain, *Vocabulario de la Lengua Tagala*, 584.

¹³¹ Noceda, de San Lucar, at Clain, *Vocabulario de la Lengua Tagala*, 584.

3. **POZA** = grande que hacen los rios = *layon*¹³²

Sa ikatlong depinisyon ng pozo/poza, nabigyan ito ng katumbas na salitang katutubo na **layon** na mayroong kinalaman sa malalaking ambag o nagagawa ng mga ilog o **alog** (*grande que hacen los rios*). Kung uungkatin ang konsepto ng puno sa **layon**, nalalapit ito sa salitang Cebuano na **balayong/ba-layong** na isa ring uri ng puno na mas kilala bilang **tindalo** o di kaya’y sa **balay/-on** [**balay**] bilang bahay na naka-ugat din sa puno (puno=bahay)¹³³. Sa bahaging ito, mas higit na bibigyan ng tuon ang pagiging puno. Ang tindalo o *Afzelia rhomboidea* ay isang matigas na kahoy na kadalasan ay ginagamit sa mabibigat na gawain noong sinaunang panahon o di kaya’y tila isang uri ng *mahogany* na kadalasang ginagawang lamesa.¹³⁴ Tinatayang posible ring sinamba ng mga Pilipino ang tindalo lalo na ng Kabisayaan dahil isa ito, liban sa mga balete, ang napansin ng mga Español. Sa katunayan, ang kahoy ng tindalo pa nga ang ginamit nina Magellan upang gumawa ng magiging krus nang isagawa nila ang banal na misa noong Abril 21, 1521. Mas madaling putulin ang tindalo kung ihahambing sa puno ng balete. Kung itataya natin ang hinuha na sumasamba nga ang mga katutubo sa kalikasan at ginagawang giya ang mga puno, posibleng ang mga matataas na puno ang sinasamba ng mga katutubo. Hindi malayong sinamba rin ng mga katutubo ang punong ito dahil sa taas nito. Kung gayon, sa kabila ng pagiging sagrado nito para sa mga katutubo, bakit nila ito pinahintulutang putulin ng mga Español? Madaling laruin o gawing hinuha na posibleng nilalang o pinaikot-ikot sila ng mga Español na dahil sa banal nga ang puno ikinabit nila ito sa pagiging banal rin ng krus na siyang ginawa mula sa punong ito. Kaagad naman itong natanggap ng mga katutubo. Ganito marahil ang labis na pagpapahalaga ng mga katutubo (hanggang sa ngayon) sa mga rebulto na niyari mula sa anumang uri ng kahoy.¹³⁵

¹³² Noceda, de San Lucar, at Clain, *Vocabulario de la Lengua Tagala*, 584.

¹³³ Mula sa diksyunaryong *Vocabulario de la lengua Tagala* (1681-1747), ang “pozo”/“poza” bilang butas ay nakatuon o may malapit na kahulugan sa salitang “layon”. Sa pananaliksik ng may-akda, ang “layon” ay posible ngang may kaugnayan sa mga salitang Subuhanon o Cebuano na “balayon”/“balayong” na direktang tumutukoy sa puno ng tindalo. Kung gagamitan ang mga panlapi, *i.e.* **unlapi** = ba + **layon** = balayon/balayon[*g*] (puno, tindalo) at **hulapi** = balay (-on) [*balay/bahay* yun, mayroon aktong pagtuturo o itinuturo ang isang balay/bahay] = (balay, baray, bahay). Maaaring tingnan bilang halimbawa ang pagkaka-ugat ng isang ama o tatay bilang haligi ng bahay/tahanan na kung saan ang **haligi** ay tumutukoy sa puno (*i.e.* ang tatay ang pono/puno ng bahay).

¹³⁴ Mallat, *The Philippines: History, Geography, Customs, Agriculture, Industry, and Commerce of the Spanish Colonies in Oceania*, 139 at An Englishman, “Remarks on the Philippine Islands and on their Capital Manila, 1819 to 1822”, nasa *The Philippine Islands, 1493-1898*, Vol. LI, mga pat. at tsln. Emma Helen Blair at James Alexander Robertson (Cleveland: The Arthur H. Clark Company, 1903-1909, 1828), 141.

¹³⁵ *supra*, *transformative continuity*.

Posible ang pagkaka-ugnay ng **layon** (Tagalog) bilang butas sa **balayong** (Cebuano) bilang puno. Maaaring tingnan na natutuhan ng dalawang etnikong grupo ang pagsasama nito tungo sa iisang kahulugan. Nagkaroon ng ugnayan ang Cebu (bilang maunlad na siyudad sa kalakalan) at ang rehiyon ng Tagalog (lalo na sa Ba-i/y). Tipikal lamang na natututuhan ng isang grupo ang mga salitang winiwika ng ibang grupo lalo pa't matagal silang nagsasama bilang magka-ugnay (may ugnayan) halimbawa sa tuwing nagaganap ang kalakalan. Liban sa *Panahon ng mga Kalakalan*, nagkaroon din ng pagtatagpo ang mga Tagalog sa Laguna (lalo na sa Liliw) at ng mga Sogbojanin (Sigbohanin, Sugbuanon, o Sebuano) noong maagang pananakop ng mga Español. Ang matibay pa nga rito, isa sa kasalukuyang barangay ng Majayjay ay nagngangalan bilang **Balayong**. Sa pagdatal ng mga Español halimbawa sa bayan ng Liliw, nagsama sila ng maraming Sogbojanin bilang bahagi ng kanilang puwersa.¹³⁶ Ang ilan sa mga Sogbojanin na ito ay nanatili na o nanirahan na sa Laguna at bumuo ng mga pamilya at pamayanan.

Kung gagamitin naman ang sukat (*measurement*) bilang batayan, malalaman ang tipikal na taas ng mga punong balete at tindalo. Ayon sa mga naunang pag-aaral, umaabot ng 15 metro o 49 talampakan ang taas ng mga tipikal na balete samantalang ang tindalo naman ay tumataas ng 25 hanggang 30 metro o 82 hanggang 98 na talampakan.¹³⁷ Kung tatayain, ilan ang mga balete at tindalo sa mga matataas na punong naabutan ng mga Español sa kapuluan. Lehitimo ito sa sinaunang paniniwala ng mga katutubo. Mas higit na napukaw ng kanilang paniniwala ang taas ng puno dahil naniniwala sila na nakaaabot hanggang kaitaasan ang mga sanga nito.

Sa madaling salita, maaaring tingnan nga ang mga balon bilang alternatibong pamalit ng mga katutubo sa punong winasak (literal at konsepto) ng mga Español. Ang posibleng pagyakap sa ganitong hinuha ay mababakas sa etimolohiya, konsepto, at pagpapakahulugan ng mga sinaunang puno na kinabihasan ng mga katutubo.

Mga Sinadyang Pananda

Hindi lamang nakakulong sa mga madudugong pagtuligsa ang ginawang paraan ng mga katutubo upang ipamalas ang kanilang pagtutol sa mga Español.

¹³⁶ Quirino at Garcia, *Narrative of Mr. Juan Masolong, First Christian of Lilio, Laguna*, 40.

¹³⁷ "Philippine Medicinal Plants-Balete", inakses noong Marso 13, 2019, <https://bit.ly/2Bwf70r> at "Tindalo- Afzelia rhomboidea", inakses noong Marao 13, 2019, <https://bit.ly/2AVv8gG>.

Bagkus, ang ilan sa mga *polistas* ay idinaan sa sining nang sinimulan nilang ipangalandakan na sila ang mga tunay na luminang ng mga gusali at simbahan na salungat sa pagbibida ng mga Español hinggil sa kanilang karangalan at kadakilaan. May mga paniniwala na ang mga *polista* ay nag-iwan ng mga marka, palatandaan, o anumang uri ng sulat (*graffiti*) na magpapatunay na sila ang nagbuwis ng pagod at buhay upang mabuo ang mga gusali.

Sa mga kasalukuyang pag-aaral ng mga arkeologo at historyador, pinahahalagahan nila ang mga sulat o anumang marka na nakaukit sa isang bagay o lugar bilang alternatibong batis sa mga nasusulat na kasaysayan. Kung titingnan, isa itong dumi o paraan ng bandalismo (*vandalism*) ngunit nagiging susi ito upang matunton ang mga yugto sa kasaysayan na hindi naisulat.¹³⁸ Dahil madalas nakakulong tayo sa argumento na ang kasaysayan bilang isang katotohanan ay kinakailangang nasusulat bago ito paniwalaan, naisasantabi natin ang kahalagahan ng mga potensiyal na maging batis katulad ng mga *graffiti* at madalas nagiging dominante sa antas ng katotohanan ang yaong mga nakasulat. Iginiit halimbawa ni Jim Sharpe sa kanyang *History From Below* (1991) ang kahalagahan ng mga pananda, inskripsyon, o marka bilang alternatibong batis na makapaglahad ng isang kasaysayan.¹³⁹ Tinuligsa rin ng dekonstruksyunistang si Jacques Derrida ang parametro ng Kanluran sa pag-aaral ng kasaysayan bilang disiplina na kung saan sinasabi nilang kung walang nasusulat ay wala ring kasaysayan. Hindi ito pinaniwalaan ni Derrida, at sa halip ay binuo niya ang konsepto na ang pagsulat ay hindi lamang nakasalig sa empirikal na pagsusulat na alam ng mga Kanluraning iskolar bagkus inilahad ni Derrida ang mga naisulat o naimarka sa anumang paraan ng pagsusulat (piktograp at idyograp man) ay maituturing na bilang nasusulat na kasaysayan.¹⁴⁰

Inilalapat sa balangkas na ipinaliwanag sa itaas ang mga imprastrakturang itinayo ng mga Español sa Pilipinas (simbahan, tulay, at posibleng sementeryo) na kakikitaan ng mga palaisipang marka at sulat. Maaaring tingnan bilang

¹³⁸ Willem Van Vliet, "The Cherry Question or the Role of Social Sciences Research in Designing Against Vandalism", nasa *Vandalism: Research, Prevention and Social Policy*, mga pat. Harriet Cristensen, Darryll Johnson, at Martha Brookes (Portland, Oregon: U.S. Department of Agriculture, Forest Service, and Pacific Northwest Research Station, 1992), 32.

¹³⁹ Cf. Jim Sharpe, "History from Below", nasa *New Perspectives in Historical Writing*, pat. Peter Burke (Oxford: Policy Press, 1991).

¹⁴⁰ Jacques Derrida, *Of Grammatology*, tsln. sa Ingles mula Pranses, Gayatri Chakravorty Spivak (Baltimore and London: Johns Hopkins University Press, 1967), 97-98; Ann Curthoys at John Docker, *Is History Fiction?* Second Edition (Sydney: University of New South Wales Press, 2010); at Keenan Thorton, "How does Graffiti Provide an Alternative Voice in History?" *Egypt-Sudan Graffiti*, Marso 13, 2019, <https://bit.ly/2YIPM2z>.

halimbawa at panimulang panusog ang imprastrakturang kolonyal na matatagpuan sa Katimugang Luzon. Marami sa mga bayan na matatagpuan sa mga lalawigan ng Laguna at Tayabas (ngayo'y Quezon) ang kakikitaan ng mga lumang *puente* o tulay [Larawan 17].¹⁴¹ Katulad ng nabanggit, ang mga tulay na binuo ng mga *polistas* ay dulot ng sapolitang paggawa. Sa Timog Luzon, partikular na sa Majayjay, Laguna, kilala ang *Puente del Capricho* bilang isa sa mga pinakamatandang tulay sa lalawigan. Maliban sa binanggit ang tulay na ito ni Jose Rizal sa kanyang nobelang *El Filibusterismo*, dulot pa ito ng mapanakit na pagpapatrabaho ng mga Español sa mga katutubo.¹⁴² Pinapalo ang mga *polista* ng matitigas na bagay sa katawan lalo na sa bahagi ng kanilang mga pigi. Kung kaya ang *Puente del Capricho* ay tinawag din ng mga katutubo bilang Tulay ng Pigi.¹⁴³ Kung kaya't nag-alsa ang mga manggagawa, ito ang naging dahilan kung bakit hindi natapos ang pagpapagawa ng tulay sa gitna ng kagubatan.

Larawan 17

Mga Marka sa mga Tulay ng Tayabas



Screenshot na larawan na nilinang ng mananaliksik mula sa dokumentaryong 'Ang Lihim ng Lumang Tulay- Dokumentaryo ni Kara David ng GMA 7'. Makikita sa websayt ng <https://bit.ly/2YjTF7S>. Makikita sa mga lumang tulay ang markang posibleng iginuhit ng mga manggagawa. Mula kaliwa: Puente de Malogonlong (1850); Puente de Isabel II (1853); at Puente de Bai na hindi naitala ang petsa.

Samantala, masisilayan naman sa lalawigan ng Tayabas ang mga lumang tulay katulad ng *Puente del Malogonlong* na itinayo noong 1850; *Puente de Isabel*

¹⁴¹ GMA Public Affairs, "Ang Lihim ng Lumang Tulay–Dokumentaryo ni Kara David?" *Youtube*, Disyembre 15, 2016, <https://bit.ly/2YjTF7S>.

¹⁴² Minyong Ordoñez, "How Majayjay's 'Buttocks Bridge' Came to be", *Life Style Inquirer*, Nobyembre 11, 2018, <https://bit.ly/3dkNtkn>.

¹⁴³ GMA Public Affairs, *Ang Lihim ng Lumang Tulay–Dokumentaryo ni Kara David*.

II noong 1853; at *Puente de Bai* (walang taon) ang mga marka o tila sinadyang pananda ng mga *polistas* upang makilala na sila ang mga tunay na naghirap sa pagpapatayo ng mga tulay. Makikita ang mga simbolo o tila mga *vandal* sa dingding at itaas na bahagi ng mga tulay. Ginagawa ito ng mga katutubo bilang pagtuligsa sa mga Español na sa halip na kumilala sa kanilang mga ambag ay nagpapamalas pa ng mga kalabisan. Madalas na itanghal ng mga Español ang kanilang mga sarili sa pamamagitan ng paglalagay ng pananda na sa kanilang panahon naitayo ang nasabing mga gusali o tulay. Sabihin pa, itinayo ito sa karangalan ng isang pinuno noong mga panahong iyon.¹⁴⁴

Sa kaso halimbawa ng Malogonlong, ikinintal sa buong lalawigan na ang pinakamahabang konkretong tulay noong mga panahon na iyon ay direktang itinayo bilang karangalan sa isang lider. Sa hinanakit ng mga *polistas* na nagsipaggawang tunay ng mga tulay, nag-iwan din sila ng mga marka at ilang pananda sa ilalim ng tulay bilang pagtuligsa sa pag-aangkin ng mga Español na nakaukit naman sa itaas na bahagi ng tulay.¹⁴⁵ Ginawa nila ito upang maalala sila ng mga katutubo at upang maging misteryo ng kasaysayan sa hinaharap.

Ganito tinitingnan ng mananaliksik ang mga ilang marka at pananda na makikita sa NUC. Sa okular na pananaliksik na isinagawa, nilibot ng mananaliksik ang kabuuang sementeryo at masusing tiningnan ang bawat sulok baka sakaling may masumpungang marka na maihahalintulad sa mga tulay na matatagpuan sa Tayabas. Dalawa ang napansin – ang mga modernong bandalismo [Larawan 18] at ang hindi maunawaang simbolo o letra [Larawan 19]. Ang katutubong artisano ay posibleng naipupuslit ang mga katutubong simbolismo sa ikonograpiya ng mga prayle at posibleng pinabayaang na rin ito ng kaparian na maging bahagi ng sinkretismo ng Katolisismo at mga paniniwala ng mga katutubo.¹⁴⁶ Bagama't hindi na ito tuwirang sasailalim sa katutubong pananagisag, maaari pa rin itong palabasin sa ganoong perspektiba dahil ang mga “taong tumubo” ang luminang sa mga markang ito.

Moderno ang katangian ng ilang simbolo at markang makikita sa NUC lalo na sa kapilya at kripta nito (*cf.* Larawan 18). Mababakas na tila mga pangalan ng sumulat ang mababasa sa bawat dingding ng libingan. Nariyan ang “Wildra”, “Camel” (?), at marami pang iba. Tipikal naman ang mga ganitong bandalismo o *graffiti* sa mga abandonadong istruktura. Madalas na pinagtatambayan ito ng

¹⁴⁴ GMA Public Affairs, *Ang Lihim ng Lumang Tulay—Dokumentaryo ni Kara David*.

¹⁴⁵ GMA Public Affairs, *Ang Lihim ng Lumang Tulay—Dokumentaryo ni Kara David* at Personal na komunikasyon kay Ryan Palad sa e-mail (2019, Marso 7).

¹⁴⁶ Personal na komunikasyon kay Lorenz Lasco sa e-mail (2019, Marso 15).


mga tao at inaari nila bilang mga sariling teritoryo. Bago ideklarang pambansang yaman (*national heritage*) ang NUC, bukas ito sa mga sinumang nais pumasok.¹⁴⁷ Ibig sabihin, malaki ang tsansa na babuyin o sulatan nila ang mga dingding na makaaapekto sa pagkabura ng mga disenyo at mensaheng ipinahihiwatig nito.

Larawan 18
Mga Tinatayang Modernong Pananda sa
Loob at Labas ng Kripta



Kuhang larawan ng mananaliksik noong Marso 17, 2019 sa Museo ng Libingan sa Ilalim ng Lupa ng Nagcarlan, Laguna.

Larawan 19
Mga Tinatayang Inukit noong mga Naunang Siglo



Kuhang larawan ng mananaliksik noong Marso 17, 2019 sa Museo ng Libingan sa Ilalim ng Lupa ng Nagcarlan, Laguna.

¹⁴⁷ Personal na komunikasyon kay Sarah Jane Estubo sa Nagcarlan, Laguna (2019, Marso 17).

Dapat ding isaalang-alang ang posibilidad na mayroong naiiwang marka o pananda ang mga sinumang gumawa ng sementeryo. Dahil sa napaglipasan na ng panahon at mga panaka-nakang modernong bandalismo, maaaring naikubli na ito o hindi na kailanman mababasa pa. Sa pagtataya ng mananaliksik, maaaring pinaghalong moderno at mga hindi nababasang marka ang mga nasusulat sa pader na matatagpuan sa kanang bahagi ng altar sa ilalim ng lupa (*cf.* Larawan 19). Kung susuriing mabuti, wala ni isang matino o mababasang salita ang nakalakip sa bandalismo hindi katulad ng iba (*cf.* Larawan 18). Ibig sabihin, maaaring natabunan o nagkapatong-patong lamang ang mga sulat o marka sa bahaging ito. Sa pananaw ng mananaliksik, tila mga numerong Romano (*Roman Numerals*), mga tila *baybayin script*, at iba't ibang direksyon ng guhit, ang nakamarka sa pader. Maaaring tingnan ito bilang huling susi na magbubukas sa natatagong kasaysayan ng libingan. Ang lahat ng mga naisulat, naimarka, at naiukit ay nabubuo lang dahil sa kanyang bukas na diwa, pandama, at nararamdaman noong mga oras na sinusulat niya ang lahat ng ito.

KONKLUSYON

Maituturing bilang pagtatangka ang pag-aaral na ito na gunamin ang sala-salabat na impormasyon upang bumuo ng isang mala-empirikong kaalamang pangkasaysayan sa isang partikular na paksa. Lalo pa't kung limitado o walang halos dokumento ang nagtatala patungkol dito. Isa ang mga sementeryo sa mga aspektong halos walang naisusulat na kasaysayan kung kaya't kailangang paibayuhin ang pananaliksik tungkol dito. Kung tutuusin, katulad ng sinabi ni Grace Barretto-Tesoro (2016), maraming maaaring aralin sa loob ng sementeryo – mula sa mga disenyo nito, pagpapakahulugan, at kung anu-ano pa.¹⁴⁸ Kung gayon, isang hakbang ang pag-aaral na ginawa ng mananaliksik sa NUC na nakatuon sa katutubong pananagisag at pakahulugan sa mga simbolong matatagpuan sa kabuuang espasyo nito.

Malinaw at nasusugan ang inihahaing katuwiran ng mananaliksik hinggil sa mga elementong katutubo ng libingan. Nilinang ito sa termino bilang *mga napanatiling elemento* upang ipaliwanag na ang mga konsepto ng mga katutubo ay malayo sa perspektiba ng kanyang mga mananakop. Katulad ng paulit-ulit nitong sinasabi sa kabuuang papel, marahil magkatulad sa katangian o pisikal na kaanyuan ngunit hindi naman nagtatalaban pagdating sa pangangahulugan at pamamahalaga. Sa kabilang banda, inaaming mahirap ang pagtatangka na palitawin ang mga *naglahong elemento* na makikita sa kabuuang espasyo ng

¹⁴⁸ *Cf.* Grace Barretto-Tesoro, pat., *Himlayan, Pantiyon, Kampo Santo, Sementeryo: Exploring Philippine Cemeteries* (Diliman, Quezon City: The University of the Philippine Press, 2016).

libingan. Malinaw na nilinang ang depinisyon bilang mga salik ng simbolismong katutubo na napagtagumpayang wasakin o palitan ng mga Español kung kaya't makikitaan ito ng aspekto ng pagtutol (*resistance*). Iniangkop ng mga katutubo ang pamamahalaga ukol dito hindi batay sa kagustuhan ng mga Español bagkus sa kanyang tinatanging pamamahalaga sa mga bagay-bagay.

Bumuo at naglatag ng mga posibilidad ang mananaliksik hinggil sa kung sino ang mga posibleng gumawa o nag-isip ng mga simbolismo ng sementeryo. Minabuti ng mananaliksik na tingnan ang lahat ng anggulo. Tinataya niyang na nilinang ito ng mga Tsino (dahil sa *bagua* at nagtutugmang mga kahulugan nito sa reyalidad ng kapaligiran ng Nagcarlan); mga katutubong Pilipino (dahil sa mga kosmolohiyang nakamarka sa libingan na minamahalaga niya sa mahabang panahon); o di kaya'y sa nagsamang konsepto at paggawa ng mga Pilipino at Tsino (dahil maraming sementeryo sa Pilipinas ang kakikitaan ng kanilang sinkretikong pagtatambal na mababakas sa mga simbolo at pakahulugan). Hindi rin maaaring tanggaling ang impluwensiya ng mga Español. Hindi sila isinasantabi sa pag-aaral na ito. Tinitingnan din ang kanilang naging impluwensiya sa pagbabago ng mga katutubo. Marahil, natuto o napagtagumpayan naman nila na baguhin ang kamalayan ng mga Pilipino ngunit kailangan pa rin nating isipin ang presensiya ng Kristiyanismong Bayan na umiinog sa kabuuang tema ng mga kasaysayang panrelihiyon.

Panghuli, buong kababawan ng loob ang iniiwan ng mananaliksik na hindi layunin ng pag-aaral na ipamalas na *ito ang totoo*. Bagkus katulad ng itinadhana ng kanyang pagtatatwa, isa lamang itong pagtatangka na bumuo ng mga posibilidad at teorya. Kahit na ganoon, sumalig pa rin ang kanyang metodolohiya sa pangangalap ng mga potensiyal na datos na tutugma o tutugon sa mga nailatag na hinuha at pagtataya. Bukas ito sa akademikong kritisismo at gayundin na pagyabungin nawa ang mga aspekto na hindi natalakay, nakaligtaan, o mga pagkukulang ng mananaliksik. Anupaman, sinulat ang pananaliksik na ito upang bigyan ng tinig ang mga hindi nabigyan ng pagkakataon na ilahad ang kanyang kuwento sa kasaysayan -- katulad ng sementeryo at ang mga gumawa rito.

SANGGUNIAN

PRIMARYANG BATIS

Mga Ulat (Manuskrito, Diksyunaryo, at Tala)

Alcina, Francisco Ignacio. *La Historia de las Islas e Indios Visayas*. Madrid: Instituto Historico de Marina, 1974, 1668.

An Englishman. "Remarks on the Philippine Islands and on their Capital Manila, 1819 to 1822". Nasa *The Philippine Islands, 1493-1898*; Volume LI, mga pat. at tsln. Emma Helen Blair at James Alexander Robertson, 73-181. Cleveland: The Arthur H. Clark Company, 1903-1909, 1828.

Archivo General de Indias. *Mapa o plano de las tierras realengas entre Santa Cruz y Pila, y otras tierras hasta Lumbang, Mojon de Mahaihay, Mojon de Nagcarlan etc.* Sevilla, España, 1819.

Bonifacio, Andres. Katungkulang Gagawin ng mga Z. Ll. B. Nasa *Panitikan ng Rebolusyong (1896): Isang Paglingon at Katipunan ng mga Akda nina Bonifacio at Jacinto*, awt. Virgilio Almario, 140. Quezon City: University of the Philippines Press, 1997, 1896.

Chirino, Pedro. *History of the Philippine Province of the Society of Jesus: Evangelization and Culture at the Contact Period; Volume 2*, pat. Jaime Gorriz i Abella, tsln. sa Ingles mula Español, Jose Arcilla. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2010, 1604a.

_____. "Relation of the Filipinas Islands and of What Has There Been Accomplished by the Fathers of the Society of Jesus". Nasa *The Philippine Islands, 1493-1898*; Volume XII, mga pat. at tsln. Emma Helen Blair at James Alexander Robertson, 167-321. Cleveland: The Arthur H. Clark Company, 1903-1909, 1604b.

Dasmariñas, Gomez Perez. "Account of the Encomiendas in the Philipinas Islands". Nasa *The Philippine Islands, 1493-1898*; Volume VIII, mga pat. at tsln. Emma Helen Blair at James Alexander Robertson, 96-141. Cleveland: The Arthur H. Clark Company, 1903-1909, 1591.

Gironiere, Paul de la. *Journey to Majayjay*, tsln. Emilio Aguilar Cruz. Manila: The National Historical Institute, 1983, 1862.

- Huerta, Felix de. *Estado geografico, topografico, estadistico, historico-religioso*. Binondo: Imprenta de M. Sanchez y Ca, 1865.
- Jacinto, Emilio. Mga Aral ng Katipunan ng mga A.N.B. Nasa *Mga Rebolusyong Dekalogo*, pat. National Historical Commission of the Philippines, 93-94. Manila: National Historical Commission of the Philippines, 2014, 1896.
- Mallat, Jean. *The Philippines: History, Geography, Customs, Agriculture, Industry, and Commerce of the Spanish Colonies in Oceania*, tsln. Pura Santillan-Castrence at Lina Castrence. Manila: National Historical Institute, 1983, 1846.
- Morga, Antonio de. *Historical Events of the Philippine Islands*. Unang inilathala sa Mexio. Manila: National Historical Institute, 1609.
- Mozo, Antonio at Bernardo Ustariz. “Later Augustinian and Dominican Missions”. Nasa *The Philippine Islands, 1493-1898*; Volume XLVIII, mga pat. at tsln. Emma Helen Blair at James Alexander Robertson, 59-136. Cleveland: The Arthur H. Clark Company, 1903-1909, 1763 at 1745.
- Noceda, Juan de, Pedro de San Lucar, at Pablo Clain. *Vocabulario de la Lengua Tagala: Compuesto por Varios Religiosos Doctos y Graves, y Coordinado*, impr. de Ramirez y Giraudier. Reimpreso en Manila, 1860, 1681-1747.
- Pigafetta, Antonio. *Magellan’s Voyage: A Narrative Account of the First Circumnavigation*, tsln. sa Ingles mula Pranses, R.A. Skeleton. New Haven: Yale University Press, 1969, 1525.
- Plasencia, Juan de. “Customs of the Tagalog”. Nasa *The Philippine Islands, 1493-1898*; Volume VII, mga pat. at tsln. Emma Helen Blair at James Alexander Robertson, 173-193. Cleveland: The Arthur H. Clark Company, 1903-1909, 1589.
- San Agustin, Gaspar de. *Confessionario Capioso en Lengua Española y Tagala, para Direccion de los Confesores, y Instruccion de los Penitentes*. Sampaloc: Convento de Nuestra Señora de Loreto, 1787.

San Antonio, Francisco. *Vocabulario Tagalo*, 1624, pat. Antoon Postma. Quezon City: Ateneo de Manila University, 2000, 1624.

San Buenaventura, Pedro de. *Vocabulario de Lengua Tagala; El Romance Castellano Puesto Primero; Primera, y Segunda Parte por Fr. Pedro de San Buenaventura, Inutil e Indigno Religioso Franciscano Descalzo; Dirigido a D. Ivan de Silva Cavallero del Orden de Santiago Governador y Capitan General de Estas Islas, y Presidente de su Audiencia y Chancelleria Real; Con Licencia Impreso en la Noble Villa de Pila, por Thomas Pinpin, y Domingo Loag Tagalos, Año de 1613*. Manila: Impreso en la noble Villa de Pila, 1613.

SEKONDARYANG BATIS

Lathalain (Mga Aklat at Dyornal)

Ambrosio, Dante. “Balatik: Katutubong Bituin ng mga Pilipino”. *Philippine Social Sciences Review* 57, Nos. 1-4 (2005): 1-28.

_____. *Balatik: Etnoastronomiya, Kalangitan sa Kabihasnang Pilipino*. Diliman, Quezon City: The University of the Philippines Press, 2010.

Arriola, Donna Mae at Eleonor Marie Lim. “Angels and Dragons in the Manila Chinese Cemetery”. Nasa *Himlayan, Pantiyon, Kampo Santo, Sementeryo: Exploring Philippine Cemeteries*, pat. Grace Barretto-Tesoro, 41-80. Diliman, Quezon City: The University of the Philippines Press, 2016.

Barretto-Tesoro, Grace. “A Survey of Literature on Indigenous Burial Practices and their Archaeological Implications”. *Kasarinlan: Philippine Journal of Third World Studies* 15, No. 2 (2000): 95-122.

_____. “Ang Inskripsyon sa Binatbat na Tanso ng Laguna: Isang Pagpapakahulugan mula sa Perspektiba ng Arkeolohiya”. Nasa *Ang SAYSAY ng Inskripsyon sa Binatbat na Tanso ng Laguna*, mga pat. Carmen Peñalosa at Zeus Salazar, 89-111. Laguna: Bagong Kasaysayan at Pila Historical Society Foundation, Inc, 2010a.

_____. “Ano at Saan ang Lumban sa Pagdating ng mga Kastila?” Nasa *Ang SAYSAY ng Inskripsyon sa Binatbat na Tanso ng Laguna*, mga pat. Carmen Peñalosa at Zeus Salazar, 287-308. Laguna: Bagong Kasaysayan at Pila Historical Society Foundation, Inc, 2010b.

- Barretto-Tesoro, Grace, pat. *Himlayan, Pantiyon, Kampo Santo, Sementeryo: Exploring Philippine Cemeteries*. Diliman, Quezon City: The University of the Philippines Press, 2016.
- Covar, Prospero. *Larangan: Seminal Essays on Philippine Culture*. Manila: National Commission for Culture and the Arts, 1998.
- Curthoys, Ann at John Docker. *Is History Fiction?* Second Edition. Sydney: University of New South Wales Press, 2010.
- Dagli, Winifredo. “Tagtuyot sa *Vulcan de Agua*: Integratibong Pag-unawa sa Kontemporaryong Usaping Pangkapaligiran sa Bundok Banahaw”. *Saliksik E-Journal* 5, No. 1 (2016): 249-286.
- Demetrio, Francisco. *Myths and Symbols, Philippines*, Metro Manila: National Book Store, Inc., 1978.
- de Paz, Ernesto. *Nagcarlan in Perspective*, Revised Edition. Pasig City, Manila: St. Faustina Press, 2012.
- de la Costa, Horacio. *Background of Nationalism and Other Essays*. Manila: Solidaridad Press, 1965.
- Derrida, Jacques. *Of Grammatology*, tsln. sa Ingles mula Pranses, Gayatri Chakravorty Spivak. Baltimore and London: Johns Hopkins University Press, 1997, 1967.
- Dery, Luis Camara. *Alay sa Inang Bayan: Panibagong Pagbibigay Kahulugan sa Kasaysayan ng Himagsikan ng 1896*. Manila: National Historical Institute of the Philippines, 2006.
- _____. “Foreword”. Nasa *Nagcarlan in Perspective*, Revised Edition, awt. Ernesto de Paz, xiii-xv. Pasig City, Manila: St. Faustina Press, 2012.
- Diokno, Maria Serena at Ramon Villegas, mga pat. *Kasaysayan: The Story of the Filipino People, Volume 4: Life in the Colony*. Hong Kong: Asia Publishing Company Limited, 1998.

- Elumbre, Adonis. “Kasaklawan ng mga Larangan sa Bagong Kasaysayan: Buhay, Bayan, at Kabanwahan”. *Saliksik E-Journal* 3, No. 1 (2014): 1-29.
- Elwood, Douglas at Patricia Ling Magdamo. *Christ in Philippine Context: A College Textbook in Theology and Religious Studies*. Quezon City: New Day Publishers, 1971.
- Escoto, Salvador. “A Supplement to the Chinese Expulsion from the Philippines, 1764-1779”. *Philippine Studies* 48, No. 2 (2000): 209-234.
- Eusebio, Michelle. “Colonial Period Cemeteries as Filipino Heritage”. Nasa *Himlayan, Pantiyon, Kampo Santo, Sementeryo: Exploring Philippine Cemeteries*, pat. Grace Barretto-Tesoro, 169-198. Diliman, Quezon City: The University of the Philippines Press, 2016.
- Flores, Purificacion. “Comments”. Nasa *Filipino Religious Psychology*, pat. Leonardo Mercado, 95-97. Tacloban City, Philippines: Divine World University Publications, 1977.
- Fox, Robert. “The Study of Filipino Society and its Significance to Programs of Economic and Social Development”. *Philippine Sociological Review* 1, Nos. 1-2 (1959): 2-11.
- Gealogo, Francis. “Kasalanan sa Ikaanim na Utos: Katawan at Katauhan sa Diskurso ng mga Tekstong Historikal Noong Ika-19 na Dantaon”. Nasa *Kababaihan sa Kalinangan at Kasaysayang Pilipino*, mga pat. Mary Dorothy Jose at Atoy Navarro, 67-81. Quezon City: C & E Publishing, Inc, 2010.
- Go, Bon Juan. “Ma’i in Chinese Records-Mindoro or Bai? An Examination of a Historical Puzzle”. *Philippine Studies Journal* 53 (2005): 119-138.
- Gripaldo, Eden, Rowena Boquiren, Evelyn Miranda, et al. *Kasaysayan ng Filipinas at mga Institusyong Filipino*. Unibersidad ng Pilipinas-Diliman: Sentro ng Wikang Filipino, 2003.
- Hernandez, Jose Rhommel. “Manipulasyon o Pakikipagkapwa: Ang Ugnayang Tao-Anito sa Sinaunang Pananampalatayang Pilipino”. *Malay Journal* 27, No. 1 (2014): 84-95.

- _____. “Anituismo at Kristyanismo (Bilang Reaksyon sa Artikulo ni Lasco)”. *Saliksik E-Journal* 4, No. 1 (2015): 114-120.
- Ileto, Reynaldo. *Filipinos and their Revolution: Event, Discourse, and Historiography*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1998.
- Jocano, F. Landa. “The Sulod: A Mountain People in Central Panay, Philippines”. *Philippine Studies* 4 (1958): 401-436.
- Jocano, F. Landa at Carmen Veloro. *San Antonio: A Case Study of Adaptation and Folklife in a Fishing Community*. Quezon City: UP NSDB Integration Research Program, 1976.
- Kobak, Cantius. “Ancient Pre-Hispanic Concept of Divinity, the Spirit-World Sacrifices, Rites, and Rituals Among the Bisayans in the Philippines”. *Philippiniana Sacra* 37, No. 111 (2002): 411-478.
- Lasco, Lorenz. “Mga Kadahilanan Kung Bakit Wala Tayong Malalaking Gusali o Templo Noong Dating Panahon”. *Saliksik E-Journal* 3, No. 1 (2014): 119-172.
- _____. “Ang Kaisahan at Ugnayan ng Lumang Pamayanan ng Pilipinas at ng Rapa Nui at Polynesyang Pranses”. *Saliksik E-Journal* 4, No. 1 (2015): 13-86.
- Lico, Gerard. *Arkitekturang Filipino: A History of Architecture and Urbanism in the Philippines*. Diliman, Quezon City: The University of the Philippines Press, 2008.
- MacDonald, Charles. “Folk Catholicism and Pre-Spanish Religions in the Philippines”. *Philippine Studies* 52, No. 1 (2004): 78-93.
- Mayuga, Sylvia. “Water Wars in the Old Cabecera”. *Nasa Patrimony: Six Case Studies on Local Politics on the Environment in the Philippines*, pat. Shiela Koronel, 65-95. Pasig: Philippine Center for Investigative Journalism, 1996.
- Neuman, William Lawrence. *Basics of Social Research: Qualitative and Quantitative Approaches*. Pearson Education, Inc., 2004.

- Phelan, John Leddy. *The Hispanization of the Philippines*. Wisconsin: University of Wisconsin Press, 1959.
- Potet, Jean-Paul. *Seventeenth-Century Events at Liliw*. Raleigh, North Carolina: Lulu Press, Inc., 2012.
- Postma, Antoon. "The Moon of the Old Tagalogs". *Sulat sa Tanso* 4, No. 1 (1997): 6-7.
- Quirino, Carlos at Mauro Garcia. Narrative of Mr. Juan Masolong, First Christian of Lilio, Laguna and the Founding of the Town in 1572: An 18th Century Manuscript, Translated and Annotated, with a Complete Transcription of the Original Tagalog Text. *The Bulletin of the Philippine Historical Association* 4, 1958.
- Reyes, Joan Tara. "Ginhawa Mula sa Patay: Isang Pag-aaral sa Kahalagahan ng Katawan sa Bogwa (Sekundaryang Paglilibing) at Pangangayaw sa mga Ifugao at Kankanay". Nasa *Gaan at Gaan sa Buhay: Sikolohiya ng Sarap, Ligaya, at Ginharwa, ISIP – Mga Kaisipan sa Sikolohiya, Kultura, at Lipunang Pilipino Tomo 1*, mga pat. Josefina Andrea Cantiller at Jay Yacat, 237-279. Quezon City: National Association for Sikolohiyang Pilipino, Inc., 2011.
- Rivera-Mirano, Linette. "The Pabasa of San Luis, Batangas". *Asian Studies* 22-24 (1984): 99-116.
- Salazar, Zeus. *Liktao at Epiko: Ang Takip ng Tapayang Libingan ng Libmanan, Camarines Sur*. U.P. Campus, Quezon City: Palimbagan ng Lahi, 2004.
- _____. *Ang Pilipinong "Banua"/"Banwa" sa Mundong Melano-Polynesiano*. U.P. Campus, Quezon City: Palimbagan ng Lahi, 2006.
- _____. "Tundun-Pailah-Binwangan: Ang Sistemang Ilog Ilawud-Ilaya ng Katagalugan, Bilang Halimbawa ng Isang Proseso ng Pagkabuo ng mga Sinaunang Pamayanan ng Kapilipinuhan". Nasa *Ang Saysay ng Inskripsyon sa Binatbat na Tanso ng Laguna*, mga pat. Carmen Peñalosa at Zeus Salazar, 341-467. Laguna: Bagong Kasaysayan at Pila Historical Society Foundation, Inc., 2010.
- Santiago, Luciano. "Sinaunang Pila: Mula Pailah sa Pinagbayanan (900-h.k. 1375) Hanggang Pagalangan (h.k. 1375-1811)". Nasa *Ang Saysay ng*

- Inskripsyon sa Binatbat na Tanso ng Laguna*, mga pat. Carmen Peñalosa at Zeus Salazar, 249-286. Laguna: Bagong Kasaysayan at Pila Historical Society Foundation, Inc., 2010.
- Scott, William Henry. *Barangay: Sixteenth-Century Philippine Culture and Society*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1994.
- Sharpe, Jim. "History from Below". Nasa *New Perspectives in Historical Writing*, pat. Peter Burke, 24-41. Oxford: Polity Press, 1991.
- Sison, Antonio. "Afflictive Apparitions: The Folk Catholic Imaginary in Philippine Cinema". *Material Religion* 11, No. 4 (2015): 421-442.
- Sakurai, Tokutaro. "The Major Features and Characteristics of Japanese Folk Beliefs". *Journal of Asian and African Studies* 1-2 (1968): 13-24.
- Tiongson, Jaime Figueroa. "Ang Saysay ng Inskripsyon sa Binatbat na Tanso ng Laguna: Bagong Pagpapakahulugan". Nasa *Ang Saysay ng Inskripsyon sa Binatbat na Tanso ng Laguna*, mga pat. Carmen Peñalosa at Zeus Salazar, 17-86. Laguna: Bagong Kasaysayan at Pila Historical Society Foundation, Inc., 2010.
- Tugano, Axle Christien. "Ugnayang Tsino't Pilipino sa Buhay at Kamatayan". *Tala Kasaysayan: An Online Journal of History* 2, No. 1 (2019): 66-83.
- Ubaldo, Lars Raymund. "Bundok Bilang Espasyo sa Kasaysayan at Kalinangan: Panimula". Nasa *Shuntutug: Mga Kabundukan sa Kasaysayan at Kalinangang Pilipino*, pat. Lars Raymund Ubaldo, iii-ix. Quezon City at Manila: ADHIKA ng Pilipinas Inc. at National Commission for Culture and the Arts. 2015.
- Vaño, Manolo. *Christianity, Folk Religion, and Revolution: An Oppressed Nation's Struggle for Liberation*. Quezon City: Giraffe Books, 2002.
- Van Vliet, Willem. "The Cherry Question or the Role of Social Science Research in Designing Against Vandalism". Nasa *Vandalism: Research, Prevention and Social Policy*, mga pat. Harriet Cristensen, Darryll Johnson, at Martha Brookes, 31-47. Portland, Oregon: U.S. Department of Agriculture, Forest Service, and Pacific Northwest Research Station, 1992.

- Veneracion, Jaime. *Agos ng Dugong Kayumanggi: Isang Kasaysayan ng Sambayanang Pilipino*, Binagong Edisyon. Abiva Publishing House Inc., 2003.
- Vitales, Timothy James. "Archaeological Research in the Laguna de Bay Area, Philippines". *Hukay: Journal for Archaeological Research in Asia and the Pacific* 18 (2013): 54-81.
- Wan, Maggie. "Motifs with an Intention: Reading the Eight Triagrams on Official Porcelain of the Jiajing Period (1522-1566)". *Artibus Asiae* 63, No. 2 (2003): 191-221.
- Yu, Ronald, pat. *Laguna: A Celebration of Life*. A Philippine Heritage Book, In-Frame Media Works, 2010.
- Zaide, Gregorio. *Philippine Political and Cultural History, Volume 1*. Manila: Philippine Education Co., 1957.

Tesis at Disertasyon

- Lorenzo-Abrera, Ma. Bernadette. *Bangka: Isang Paglalayag Tungo sa Pag-unawa ng Kasaysayan at Kalinangan*. Disertasyon sa Doktorado sa Philippine Studies, Diliman, Quezon City: University of the Philippines, 2002.

Mga Souvenirs, Exhibit, Polyeto, at Tinipong Dokumento

- (AVP-MLILN) *Audio-Visual Presentation* ng Museo ng Libingan sa Ilalim ng Lupa ng Nagcarlan. Audio-Visual Presentation Tungkol sa Kasaysayan ng Nagcarlan at Sementeryo. Inakses: Marso 17, 2019, 2016.
- Di-banggit. *Ang Katakumba ng Nagcarlan*. Isa sa mga Exhibit Text Tungkol sa Kasaysayan ng Nagcarlan at Sementeryo. Inakses: Marso 17, 2019, 1980.
- (ET-MLILN) *Exhibit Text* ng Museo ng Libingan sa Ilalim ng Lupa ng Nagcarlan. Samu't saring Exhibit Text Tungkol sa Kasaysayan ng Nagcarlan at Sementeryo. Inakses: Marso 17, 2019, 2016.
- Ponteres, Cericson. Alamat ng Silangang Ilaya. Nasa *From the Compilations of Cericson D. Ponteres*. Isang hindi nakukumpuning dokumento na ipinalalob sa mananaliksik ng tanggapan ng Museo ng Libingan sa

Ilalim ng Lupa ng Nagcarlan at National Historical Commission of the Philippines. Nagcarlan, Laguna, 2019, w.tn.

(SP-MLILN) *Souvenir Pamphlet* ng Museo ng Libingan sa Ilalim ng Lupa ng Nagcarlan. Ipinakaloob sa mananaliksik ng tanggapan ng Museo ng Libingan sa Ilalim ng Lupa ng Nagcarlan at National Historical Commission of the Philippines. Inakses: Marso 17, 2019, w.tn.

Bahay-Dagitab

GMA Public Affairs. “Ang Lihim ng Lumang Tulay- Dokumentaryo ni Kara David”. Inakses: Marso 8, 2019. <https://bit.ly/2YjTF7S>.

NO (Nations Online.org). “Bagua”. Inakses: Marso 19, 2019. <https://bit.ly/2UZuGES>.

Ordoñez, Minyong. “How Majayjay’s ‘Buttocks Bridge’ Came to Be”, *Life Style Inquirer*, Nobyembre 11, 2018, <https://bit.ly/3dkNtkn>.

Stuart Xchange Org. “Philippine Medicinal Plants Balete”. Inakses: Marso 13, 2019. <https://bit.ly/2Bwf70r>.

The Freeman. “Tindalo – *Afzelia rhomboidea*”. Inakses: Marso 13, 2019. <https://bit.ly/2AVv8gG>.

Thorton, Keenan. “How does Graffiti Provide an Alternative Voice in History?” *Egypt-Sudan Graffiti*, w.tn., <https://bit.ly/2Y1PM2z>.

Interbyu at Panayam

Barretto-Tesoro, Grace (2019). Personal na komunikasyon. Marso 11, 2019.

Estubo, Sarah Jane. Personal na komunikasyon. Marso 17, 2019.

Lasco, Lorenz. Komunikasyon sa *e-mail*. Marso 15, 2019.

Mendoza, Ernesto. Personal na komunikasyon. Marso 17, 2019.

Navarro, Atoy. Komunikasyon sa *e-mail*. Marso 13, 2019.

Palad, Ryan. Komunikasyon sa *e-mail*. Marso 7, 2019.

Salazar, Zeus. Personal na komunikasyon. *cerca* Oktubre 2019.

Villan, Vicente. Komunikasyon sa *e-mail*. Enero 11, 2019.